

# 1

“P\*tang ina!”

Dinig ang sigaw ni Lieutenant Alex Cruz sa buong istasyon. Sinadya talaga niyang marinig siya ng lahat. Nabubuwisit siya at wala siyang pakialam kahit sino pa ang makaalam niyon.

“Yo, Boss.” Dahan-dahang sumilip si Sergeant Ben Cade sa pinto suot ang salamin nito sa mata. Hinila nito ang lapis mula sa gilid ng parang esponghang pulang buhok na malapit nang magkulay-abo. “Sumigaw ka ba?”

“Ano’ng ibig sabihin ng p\*tang inang ito?” Tinapik ni Alex ang kaharap na report. Madikit lang sa tintang nasa papel ay nabubuwisit na siya. Malinaw ang mga utos ni Alex kung paano dapat gawin ang mga bagay at nilabag ng laman ng report ang bawat isa sa mga iyon.

Maingat na kumilos si Ben papasok sa silid, iniiwang nakabukas ang pinto. Kaibigan niya ang lalaki, maliban na lang sa mga pagkakataong pumapalpak ito. Alam niyang sinadya nitong huwag isara ang pinto, sakaling maisip nitong kailangan ng

umeskapo. Alam ni Alex na ginawa nang urban myth sa opisina ang mga kuwento tungkol sa kasungitan niya at wala siyang ginawa para pigilan ang mga iyon. Batid niyang ginagawa siyang boogeyman na panakot sa mga bagong recruits.

Sobrang eksaherado rin ang tsismis na inaalmusal niya ang mga baguhan. Hindi iyon totoo. Hindi masyado.

Puwera ngayon.

Alam ni Ben kung kailan nagkukunwari lang si Alex na galit at kung kailan hindi. Ang ngayon ay kabilang sa huli; tunay na tunay ang ngitngit niya.

“Ah...” anang lalaki, pinaglipat ang tingin sa report at sa mukha niya, habang sinusukat ang isang posibleng pagsabog. Pati molecules sa hangin ay lumalagitik na sa tensyon. Anuman ang sasabihin ng kaharap ay nawala at isinara nito ang bibig.

“Natakasan niya kayo.” Tumikom ang bibig ni Alex, tiim-bagang. Nahihirapan siyang magsalita dahil sa galit niya. “Natakasan kayo ng lintek na iyon.”

Hindi kailangang itanong ni Ben kung sino ang tinutukoy niya. Ang ‘iyon’ ay si Martin ‘Ratso’ Colby, ang lalaking inasahan nilang magiging lead nila para

pabagsakin si Angelo Lopez, isang mobster na ilang taon nang nangte-terrorize sa Baylorville. Nalaman ng PD sa pamamagitan ng isang informer, na si Ratso ang nagtatago ng mga libro ng mobster. Sa puntong iyon, sapat ang nalalaman ni Ratso para makulong si Lopez nang dalawampung taon dahil sa tax evasion. Sa pagkakaalam niya, pumatay ng hindi bababa sa apat na katao ang walanghiya, pero hindi sapat ang pruwera para maisisi iyon dito. Okay sana ang tax evasion kung magagawang ilagay niyon si Lopez sa loob ng selda. Magsusulputan ang mga ebidensya sa oras na makulong ito.

Naging personal na kampanya na ni Alex Cruz ang pagpapabagsak kay Lopez. Kumakain siya, natutulog, nananaginip na iyon ang laman ng isip.

Gusto niya ang ideyang iyon.

Hanggang ngayon ay nananatiling imposible iyon, kahit pa nga alam ng lahat kung ano si Lopez. Masyadong tuso ang lalaki para mag-iwan ng matibay na ebidensya. Napakarami nitong alipores at masyadong untouchable. Ngunit noong matuklasan ni Alex na si Ratso ang nagtatago ng mga libro ni Lopez, tumaba ang kalamnan sa loob ng dibdib niya na puso kung tawagin ng ibang tao. Kilala niya si Ratso Colby. Kilala ito ng lahat ng nasa *Baylorville*

*Police Department.* Batid nila na dalawa lang ang interes nito—pera at ang pag-iwas sa kulungan. Ikakanta nito ang mga kasalanan ni Lopez, kapag binantaan na magbibilang ito ng taon sa kulungan.

Iyon ay kung mahuhuli nila ito. Nawala na si Ratso. Isang linggo na nila itong pinaghahanap, pero hanggang ngayon ay wala pa rin silang suwerte.

Bill Gates ng mga numero si Ratso. Wala nang mas gagaling pa rito sa larangang iyon. Pero hindi ito rocket scientist, ni wala nga yatang sentido kumon. Hindi maintindihan ni Alex kung saan nagkakamali ang mga tao niya. Ramdam niya ang pagtaas ng tensyon habang dumadaan ang mga araw nang wala pa ring progreso.

At ngayong araw, muntik na sana nilang nahuli si Ratso.

*F\*ck! Muntik na!*

“Paano?” Mariin ang pagkakatiim ng mga bagang niya na halos magngalit na ang mga iyon. “P’anong nakatakas ang *pesteng* iyon mula sa apat sa pinakamagagaling na pulis ng Baylorville? Ano, pinatumba kayong lahat sa lupa?”

Pareho silang tahimik sa loob nang ilang sandali, iniisip ang mahina at maliit na katawan ni Ratso.

“Hindi, um...” Napanood na niya si Ben na mag-interrogate ng mga pusakal na kriminal habang kumakain ng sandwich, pero ngayon ay ginigitian ito ng pawis. “Ganito kasi ’yun—”

“Yes, Sarhento? Pakisabi nga kung p’ano iyon nangyari,” sabad ni Alex na ikinakislot ng kasamahan. Kilala siya ni Ben. Tatakbo na ang kahit sinong matalinong tao kapag narinig ang tono niyang iyon. Pinanood niya itong titigan ang pinto nang may pag-asam. Pero hindi. Hindi ito makakaalis nang ganoon lang kadali.

Ipinatong ni Alex ang mga palad sa mesa at niyuko ang lalaki. “Pakisabi nga kung p’anong ang isang lampang gaya ni Ratso ay nakatakas sa apat na armado at bihasang mga pulis. Inaksaya ko lang ba ang budget ng Baylorville PD sa pagbili ng mga 9 millimeter Glock17 ninyo? Well, Sarhento? Gan’un ba? *Shit!*” Ibinagsak ni Alex ang palad niya sa mesa tuloy nagliparan ang mga papel doon. Pakiramdam niya ay sasabog na ang ulo niya. “*Alam* n’yong hawak ni Ratso ang mga ebidensya laban kay Lopez. *Alam* n’yong kaya natin siyang pagsalitain. Kaunting pressure lang at kakanta ’yun. Ganito na tayo kalapit,” kalahating pulgada ang layo ng hintuturo niya sa hinlalaki, at kalahating pulgada mula sa ilong ni Ben Cade, “ganito na lang para makasuhan si Angelo

Lopez.” Isang galit na tunog ang nabuo sa likod ng lalamunan niya, ang ungol na gagawin ng isang frustrated na lobo. “Parang gusto ko kayong i-transfer lahat sa *Hubcaps*.”

Ang ma-assign sa nakatatamad na trabaho sa *Stolen Vehicles Department* ay bangungot para sa bawat pulis. Huminga si Cade nang malalim. “Eh, Boss—”

“Hindi ako ang boss mo,” putol niya. “Si Ray Avery. At magpapatuloy ’yun hanggang sa mag-retire siya.”

Ikinibit ng lalaki ang mabibigat na mga balikat. “Ilang linggo na lang ’yun mula ngayon. Pero siges, s’abi mo, eh. You’re the boss.” Matagal nang natanggap ng bawat isa sa istasyon ang katotohanang kapag nagretiro si Avery, na mangyayari sa katapusan ng buwan, si Alex ang magiging bagong kapitan.

Wala siyang pakialam kung anuman ang iniisip ng ibang tao. Nananatili ang loyalty niya kay Ray. Hangga’t ito ang kapitan, tauhan siya nito. Ray was *The Man*. Noon pa man. At laging mananatiling ganoon.

“Hindi mo pa sinasabi kung p’ano nakatakas si Ratso sa inyo.” Naupo si Alex sa kanyang silya, nasa

ilalim ng baba ang ilang daliri. Kalmado, payapa, nanonood lang. Itinuon niya ang mala-laser beam na atensyon sa kausap. Hindi niya gustong masyadong maging komportable si Cade.

Iginalaw nito ang mga balikat, sinusubukang iiwas ang tingin kahit sandali, pero nabigo ito. “Well, nand’un kami n’un sa Trey.”

Tumango siya. Tapunan ng basura ang kanto sa pagitan ng 33rd at 3rd. Tamang-tama iyon para sa isang gaya ni Ratso.

“Na-corner namin si Ratso at iyong matabang babae. Sumuko siya at hindi naman nanlaban.” Tapos, nagpaalam siyang dyi-jingle.” Bumuntong-hininga si Cade. “Ano ang gagawin namin? Hindi naman na ako ganoon kabata at nagsisimula na rin akong magkaroon ng ganoong problema. Pinayagan namin.”

“Naisip man lang ba ng isa sa inyo na i-check ’yung banyo?” mahinang tanong ni Alex.

“Oy.” Napaangat si Cade dahil sa indignasyon. “Siyempre. Ano namang akala mo sa amin?” Ni hindi kumurap si Alex. “Okay... okay. Oo. Sinamahan ko si Ratso sa banyo. Normal lang ’yung banyo, dalawa ang stall. Walang ibang tao.” Itinaas pa nito ang isang malapad na palad. “Na-check ko. Promise.”

“Ang hindi mo na-check ay kung may mga bintana,” angil ni Alex.

“Bintana lang,” pagtatama ni Cade. “Isa lang iyon, at ang liit-liit. Isang madumi at maliit na bintana. Parang one foot by one foot lang. Sino naman ang makakaisip—”

“*Ikaw* ang dapat nakaisip n’un,” mainit na sabad ni Alex. Niyuko niya ito, nakakapit sa dulo ng mesa ang mga kamay niyang namumuti na. “Kasing-liit lang ng bata si Ratso. Nagpadulas lang siya roon at nakalayo na bago n’yo pa natapos tanggalin iyong himulmol sa pusod n’yo.” Pinulot niya ang isang itim na ballpen at sinimulang i-tap iyon sa mesa habang nakatitig sa nag-aalumpihit na si Cade. Sa wakas ay bumuntong-hininga siya. “Iyon na iyon. Maglabas kayo ng isa pang lookout—”

“Done,” mabilis na tugon ni Cade.

“Maghanda na kayo ng warrant, sakaling—”

“Okay, Boss.”

“Well.” Nakaupo lang si Alex at nag-iisip sa loob ng ilang minuto, puno ng kung anu-anong eksena ang isip, pero bumabagsak lang iyon sa iisang bagay. Palpak ang mga tao niya. Malakas na itinapik niya ang mga daliri sa mesa. Malakas ang tunog niyon dahil



sa katahimikan sa lugar. Bumuga siya ng hininga para magbawas ng kahit kaunting stress. “Okay. Okay. Wala pa naman tayong masyadong magagawa hangga’t hindi pa lumilitaw si Ratso. At kapag nagpakita siya, huhulihin natin siya. Kakasuhan natin siya ng ilang minor counts na puwede niyang ikakulong at pag nalaman niya iyon, magsasalita siya. Tama, magsasalita siya.” Nanulis ang mga labi niya at matamang tiningnan si Cade. “Iyon na lang muna siguro.”

Naglabas ng isang mahabang buntong-hininga ang kausap. Alam ng mga tauhan ni Alex na may tendency siyang magalit nang matindi, pero mabilis lang din iyong humupa. Hindi siya nagtatanim ng galit sa mga tao.

Inaalis na ni Alex sa isip niya ang tungkol sa pagkakatakas ni Ratso nang tumikhim si Cade. Hindi iyon magandang senyales, lalo na kung mula sa isang taong dapat ay kanina pang nakaalis matapos makaligtas sa ngitngit niya.

Itinaas niya ang tingin at nakita si Cade na halatang naghahanda ng sarili. Mayroon itong ibang bagay na gustong sabihin at hindi iyon magiging maganda. Ano kaya iyon? Lampas na siya sa quota niya ng masasamang balitang natanggap niya

ngayong araw. Mariing naglapat ang mga labi niya. “Ano ’yun?”

“Ito po, Boss.” Ibinigay nito sa kanya ang isang envelope.

“*Hindi* ako ang boss mo,” sagot niya sa pagitan ng kanyang mga ngipin.

“Opo, Boss. Sinabi mo.”

Pinaikot niya ang mga mata saka tinapunan ng tingin ang puting sobre. Malinis ang pagkaka-laser print ng pangalan niya roon sa malalaking letra. “Kanino galing?”

“Um, kay Captain Avery, Sir. S’abi niya sorry daw hindi siya makapagtagal, kailangan niya raw kasing mag-out of town.” Pinaglipat-lipat ni Cade ang bigat mula sa isang paa patungo sa isa pa, nakatuon ang tingin sa pinto.

Naningkit ang mga mata ni Alex. Marunong siyang magbasa ng body language. Alam ni Cade kung ano ang nasa sulat at hindi iyon maganda.

“Bilin ni Captain na ibigay sa ’yo mismo ang sulat,” dagdag nito.

Nabuksan na niya ang sobre at mabilis na binasa ang laman niyon. Napakunot siya at umulit sa simula.

Matapos niyang mabasa sa ikalawang beses, wala pa rin iyong sense para sa kanya. *What the f\*ck was this?*

Nagsimula siya muli sa itaas ng sulat, kahit pa hindi pa rin niya maintindihan. *Behavioral psychology major... dissertation... C. Summers... seven days...*

Anong klaseng biro ba itong ginagawa ni Ray sa kanya?

“Ano ba ito?” tanong ni Alex, mababa ang boses at mapanganib. Itinaas niya ang mga mata mula sa sulat. Namilipit si Sergeant Cade at hindi iyon maganda sa paningin. “Alam mo ba ang tungkol dito?”

“Hindi. Ah, n’ung...”

“Alam mo ba kung ano’ng gustong ipagawa sa akin ng matandang ’yun?” Tumaas na ang boses niya habang niyuyuko ito. Nagagalit siya at nasasaktan.

*Hindi* iyon ang kailangan niya. *Hindi* ngayon. *Hindi* bukas. *Hindi* kahit kailan.

“May kung sinong linsyak na *scholar* na gustong pag-aralan ang tungkol sa...” Pinangunutan niya ng noo ang papel na hawak sa kamay pati na si Cade, pantay ang yamot sa dalawa. “*Dominance Displays in Law Enforcement*. Na-imagine mo ba ’yun? Kailangan

kong hayaan ang isang pencil-dick geek na sundan-sundan ako! Simula ngayon. *F\*ck!* Ngayon kung kailan nasa gitna tayo ng p\*tang gulong ito. Kung kelan handa na akong pabagsakin ang lintek na Lopez na iyon. Paano ko magagawa ang p\*tang inang trabaho ko kung may—”

“Excuse me,” anang isang mahinang boses.

Inilipat ni Alex ang tingin mula kay Cade patungo sa babaeng nakatayo sa doorway niya.

Hindi, hindi pa ganap na babae—dalagita. Parang nasa high school pa lang, base sa bag ng mga libro sa paanan nito. Masyado siyang nasanay sa pagiging isang pulis para hindi mapansin ang lahat tungkol dito, at habang pinagmamasdan, lalo itong nagmumukhang out of place sa opisina nila.

*Maganda*, hindi katangkaran. Mahaba, pale blonde ang buhok na magulo ang pagkaka-ponytail, may ilang hiblang nakatakas doon at kumukulot palibot sa mukha nito. Malalaki, mapupusyaw na asul na mata sa likod ng mga salaming may metal na rim. *Napakaganda*. Manipis, mapusyaw na asul na bestida na hanggang bukung-bukong ang haba. Mahabang jacket na may Indian print. Sneakers. *Sobrang ganda*.

Ano ang ginagawa ng isang high-schooler sa

isang police station nang alas onse sa isang Biyernes ng umaga? Bakit wala ito sa eskuwela?

Ang traydor na si Cade ay nagawa nang tumakas habang nakatuon ang atensyon ni Alex sa dalagita.

“Lieutenant Cruz?” Halos hindi marinig ang boses nito dahil sa ingay mula sa squad room sa likuran nito. Umatras ito at tiningnan ang pangalang nakalagay sa pinto niya, bago ibinalik ang mata sa kanya. “Lieutenant Alejandro Cruz?”

Siya ang kailangan nito? Paano nito nalaman ang first name niya? “Ako nga, Miss.” Nakapalibot sa mga report sa umagang iyon ang mga kamay niya. Isali pa iyong mga ulat nang nakaraang araw. Tambak ang gagawin niya at hindi niya kailangan ang abalang ito. “Pagpapasensyahan mo ’ko kung—”

Tumikhim ang babae. “Puwede ba kitang makausap sandali?”

Pinisil ni Alex ang ilong niya. Madiin. Mukhang nagsisimula nang maging isa sa mga ganoong klaseng araw ang araw na ito. Una, nagpadulas si Ratso Colby palabas ng bintana sa banyo, at dinala ang pag-asa niyang maipako si Angelo Lopez ngayong taon. Pagkatapos, papadalhan siya ni Ray Avery ng isang geek. At hindi basta geek lang. Ang geek na

iyon ay magdididikit sa kanya sa loob ng isang linggo at mang-aabala sa kanya habang nagtatrabaho siya araw at gabi para ipakulong si Lopez. Ano ba naman iyon? Alam naman ni Ray iyon.

At ngayon naglipana ang mga *sanggol* sa daan at hinahanap siya.

*Maging magalang ka*, paalala ni Alex sa sarili. *Huwag mong susungitan*. Balang araw ay magiging botante ang batang ito, at ipinagdidiinan ng bawat palibot-liham sa mga pulis ang tungkol sa mabuting pakikipag-ugnayan sa publiko.

“Look, Miss,” sabi ni Cruz gamit ang pinakamaayos niyang talking-to-baby-civilians na boses. “Hindi mo gugustuhing ma-assign dito. Maniwala ka sa ’kin d’un. Ngayon, kung bababa ka sa ground floor makikita mo r’un ’yung malaking mesa, sa likod n’un ’yung master sergeant. Siya ’yung gusto mong makausap.”

“Hindi, ayoko sa master sergeant.” Nilawakan ng dalagita ang tayo nito, dinampot ang bag at itinaas iyon sa harapan nito na para bang isang panangga. Huminga ito nang malalim. “Kailangan kong makausap si Lieutenant Alejandro Cruz.”

“Ako nga ’yun.” Sinubukan ni Alex na batakin ang bibig para makampante ito sa ngiti niya at

naramdaman niyang umalma ang mga kalamnan sa mukha niya na hindi masyadong nagagamit. “And who the f\*ck—ano’ng pangalan mo?”

“Caitlin Summers,” sagot nito.

“Well, ganito, Miss Summers, hindi ko alam kung ano’ng kailangan mo sa—” Napahinto si Alex. Umikot ang utak niya. Caitlin Summers.

Jesus. *C. Summers.*

Mabagal siyang tumayo at nanlaki ang mga mata. “Diyos ko, ’wag mong sabihing ikaw ’yung—”

“Yung supot na henyong hilaw,” mahinang dugtong ni Caitlin Summers. “Ako nga.”

## 2

Si Lieutenant Alejandro Cruz ang pinaka *alpha* sa lahat ng alpha males na nakita ni Caitlin. Wow, ang lalaking ito ay isang tunay na leader of the pack, top gun, ang nasa tuktok ng food chain.

Ang herarkiya ng herarkiya ng pangigingibaw sa isang istasyon ng pulis ay mahalaga kagaya sa isang pangkat ng mga lobo, at sa parehong dahilan din—ang panatilihin ang kaayusan at mabawasan ang problema sa grupo na kinabibilangan ng mga agresibong mga nilalang. Kung hindi, mabubuwig ang grupo at mahuhulog sa pangmatagalan, mapanganib at maaaring nakamamatay na mga awayan. Kaya kailangan talagang may alpha male na mamumuno—at iyon ang tinoyenteng kaharap niya ngayon.

Habang daan patungo sa pugad—*opisina*—ni Lieutenant Cruz, napansin na ni Caitlin na habang palapit siya roon, pahina nang pahina ang usapan at ingay ng mga officers hanggang sa katahimikan na ang naghari sa labas ng mismong opisina nito. Ngayong nakita na niya ang lalaki, naintindihan na niya kung bakit ganoon.

Si Lieutenant Cruz ang personipikasyon ng



salitang 'awtoridad', isang alpha sa lahat ng paraan; ang eksaktong halimbawa niyon. Ang lakas nito ay hindi nagmumula sa malaki nitong pangangatawan o sa mga suot nitong damit na nagpapakita ng kalagayan nito sa buhay. Sa pagkakatayo ng binata, parang ang laki-laki ng diperensya ng mga taas nila. Pero hindi talaga ito ganoon katangkad. Malalapad ang mga balikat nito at malinaw na malakas ang pangangatawan, pero may ibang lalaki roon na mas malalaki kaysa rito. Kagaya na lamang ng lalaking kausap nito kanina. Sa kabila ng laki niyon, maaaring hindi ito mapansin kung nasa isang silid ito. Pero hindi Lieutenant Cruz. Lahat ng mga mata ay agad na tutuon sa lalaki.

Ordinaryo lamang ang suot nito—puting shirt, itim na kurbata, itim na pantalon, itim na balat na sinturon—iyon nga, pangkaraniwan. Hindi nito kailangan ng *Armani* o *Versace* o *Hugo Boss* na mga damit para mangibabaw. Hindi nito kailangan ang damit para ipakita ang awtoridad nito. *Ito* mismo ang awtoridad.

Naroon ang kapangyarihan sa madidilim nitong mga mata, sa tila nililok na panga, sa mga ugat sa leeg ng binata. Ang lakas, awtoridad at responsibilidad ay naroroon sa bawat bahagi ng mukha nito, sa bawat linya ng katawan.

Pinagmamasdan siya ng maiitim nitong mata, walang expression ang mukha. Ang mga linya sa mukha ni Alex ay matatalim.

Hindi iyon ang unang pagkakataon na nagtaka si Caitlin sa payo ni Ray Avery. Sa totoo lang, hindi lang iyon basta payo—pamimilit iyon. Iginiit ni Ray na manatili siya nang ilang linggo sa istasyon para mangalap ng impormasyon para sa dissertation niya ukol sa ‘Dominance Hierarchies in Law Enforcement’.

*Magugustuhan mo si Alex, sabi pa ni Ray. Mabait 'yun.*

Hindi sigurado si Caitlin kung *mabait* ang tamang salita para ilarawan si Alejandro Cruz. *Nakakabigla, siguro. Nakakasindak, oo. Pero mabait?*

Humakbang siya palapit, kahit pakiramdam niya ay palapit siya sa force field sa bawat hakbang. Isang puwersang mas malakas kaysa sa taglay niya. Kung dati ay kumbinsido na siyang marunong na siyang makitungo sa mga lalaki dahil sa kurso niya, kailangan niyang mag-isip-isip ulit. Malayung-malayo ito sa pakikiharap sa isang kapwa graduate student o sa isang associate professor o kahit pa—*Diyos ko*—sa dean mismo.

Ito ay isang tunay, lantay at purong lakas ng

lalaki, na kinakatigan ng bigat ng buong gobyerno ng Amerika—at ng dala nitong baril—at imposibleng matapatan niya iyon sa kahit anong paraan.

Pero nangako siya kay Ray, kaya mabagal siyang naglakad palapit, parang tumatawid sa dagat ng malagkit na pulot. Huminto si Caitlin sa mesa ni Lieutenant Cruz, na kagaya ng lalaki sa likod niyon ay solido rin, matatag, matibay, at may mga *pilat*. Sinulyapan niya ang silyang nasa harap ng mesa at sinimulang maupo roon pagkarinig sa sinabi nitong, “Maupo ka.” May kaunting bakas ng pang-uuyam sa tono ng boses nito.

“Salamat.” Naiinis si Caitlin dahil medyo hinihinal ang boses niya, pero hindi niya iyon mapigilan. Parang mas mahirap ito kaysa sa inakala niya. Naupo siya, itinaas ang mga mata sa mga mata ng kaharap at sinubukang payapain ang tibok ng puso niya.

“So.” Malalim at medyo garalgal ang boses ni Lieutenant Cruz, na para bang hindi ito madalas magsalita. Siguro nga ay hindi na nito kailangang gawin iyon. Isang tingin lang ng lalaki at nagkukumahog na ang mga tauhan nito para gawin ang anumang utos nito. Siya man ay parang gusto na ring magkumahog papaalis doon.

Tinapik ng tinyente ng isang daliri ang sulat ni Ray Avery. “Parang may problema tayo dito.” Kasinglamig ng ekspresyon sa mukha nito ang boses ng lalaki.

Pinagsalikop ni Caitlin ang mga palad. Hindi para pigilan iyon sa pangangatog. Siyempre hindi. Para lang mayroon siyang magawa sa mga iyon. Hindi niya sinubukang ipakita ang panginginig ng mga kamay o ang pangangatal sa kanyang boses. Hindi niya hahayaan ang sarili na magpakita ng kahinaan.

May mga pag-aaral na nagpapatunay na naaamoy ng mga hyenas ang dugo kahit sampung milya pa ang pinagmumulan niyon. Ang lalaking ito ay nakaaamoy ng kahinaan kahit sa layong isang libong hakbang. Hawak nito ang lahat ng awtoridad at naroon siya para humingi ng pabor. Hindi patas ang kalagayan nila. Siguro ay totoong may secret weapon siya. Ngunit posible ring sumabog sa sarili niyang mga kamay ang ‘sandata’ niyang iyon.

Humugot ng malalim na hininga si Caitlin, iniisip kung napansin ng tinyente na bahagya niyang nahigit iyon. Binuksan niya ang bibig para magsalita, umaasang mapapanatili niyang matatag ang kanyang boses, pagkatapos ay nagpapasalamat na napalingon sa kung sinumang pumasok sa pinto ng opisina nang

hindi kumakatok, at may dalang dalawang styrofoam na baso ng umuusok na kape.

Isang babaeng naka-uniporme. Maiitim at kulot ang buhok nito at mabilog ang mukha. Nagpasalamat siya sa presensya ng isang kapareho niya ng kasarian sa silid na iyon, panlaban sa tone-tonelada at purong male pheromones na nanggagaling kay Lt. Cruz.

“Hi,” bati ng babae, ipinatong ang isang baso sa harap niya, kasama ang isang palakaibigang ngiti. “Sergeant Kathy Martello. Narinig kong kaibigan ka raw ni Captain Avery. Pleased to meet you.” Pabagsak nitong ibinaba ang ikalawang baso sa harap ng tinyente kung kaya halos natapon ang laman niyong kape. “Gustung-gusto namin si Captain, kaya kahit sino’ng ipadala niya rito ay wine-welcome talaga namin. Di ba, Loot?” Iniwanan nito ng makahulugang tingin ang lalaki saka umalis.

Humigop ng kape si ‘Loot’ kahit pa kita ni Caitlin ang usok mula sa baso. Hula niya kasamang nalilinang ang kalyo sa lalamunan habang tumataas ang ranggo ng isang tagapagpatupad ng batas. Umuusok din ang kape niya, at amoy basahang ibinabad sa barnis.

Gayunpaman, nagpakahirap si Sergeant Martello para roon, kaya maingat na maingat niyang dinala sa bibig ang baso, na nahiling niyang sana ay hindi

pa nagamit ng iba. Nagtitipid naman kahit saan. Sinimsim niya ang mainit at mapait na likido at muntik na siyang masuka. Isa na iyon sa pinakamasamang kapeng natikman niya. Mas malala pa kaysa roon sa ibinebenta sa kapiterya ng Sociology Department. Naalala niya ang komento ni Ray tungkol doon.

Dapat siguro ay may thesis para roon. *Pangit na kape, Mahusay na Pulisya: Ang Mahalagang Koneksyon.*

Pinilit ni Caitlin na ibalik ang isip sa kasalukuyan. Sa ilang beses na hinayaan niyang magliwaliw ang isip niya, napasuot lang siya sa gulo. Ngayon habang pinapanood siya ni Lieutenant Cruz gamit ang malalamig, madidilim at determinado nitong mga mata, hindi iyon ang oras para mangarap siya.

“So,” sabi muli nito. “Sa tingin ko—”

“Uy, Boss.” Napakapangit ng mukhang sumilip sa pinto ng opisina. Ang manipis nitong pulang buhok ay nakakalat sa likod ng mahaba at makipot nitong mukha, na may malalapad na tampok. Parang anghel na ngumiti sa kanya ang maluwang nitong bibig na malalaki ang pagitan ng mga ngipin. Tinitigan siya nito nang may isang minuto bago lumingon at sumigaw ng, “Buhay pa siya!”

“That’s it!” Ibinagsak ni Lieutenant Cruz ang dalawang kamay sa mesa, tumayo at umikot. Humakbang ito; bumara ang matangkad na pigurang may malalapad na balikat sa pintuan, at saka tiningnan ang mga nasa squad room. Kumiling si Caitlin nang kaunti sa kanan para makasilip. Natigilan ang lahat ng nasa silid ng mga pulis na para bang nahuli ang mga ito sa larong ‘stop dance’.

“Okay, kayong makukulit,” angil ni Lieutenant Cruz. Hindi malakas ang boses nito pero dinig iyon. “Isa pang beses na may pumasok sa pintong ito, malilintikan na kayo. At alam n’yong hindi ako nagbibiro.” Pinanood ni Caitlin ang likod ng ulo ng lalaki habang mabagal na iniikutan ng tingin ang mga tao sa silid. Nagbababa ng tingin ang bawat mabalingan nito. Tunog na lang kumakaluskos na papel at tinitipang computer keyboards ang maririnig habang mapagpanggap na nagbalikan ang mga opisyal sa trabaho. “Malinaw naman siguro ’yun,” malamig na dagdag nito.

Nakarinig siya ng mahihinang pag-ubo at mga teleponong nagri-ring mula sa malayo. Nanatili pa roon ang tinyente nang ilang sandali bago isinara ang pinto ng opisina nang medyo malakas para ipakita ang punto nito. Tumalon ang puso ni Caitlin sa matalim na tunog niyon.

Ngayon, sila na lamang dalawa ang nasa silid.

Lumakad si Lieutenant Cruz pabalik sa mesa nito; kasing-tahimik at kasing-panganib ng sa isang panther ang bawat hakbang nito. Naupo ito sa silya at tiningnan siya sa loob ng isang mahaba at nakakanerbyos na sandali.

“Tama na ang pasakalye.” Puno ng enerhiya ang malalim nitong boses, habang tiningnan siya. “Ano eksakto ang kailangan mo sa ’kin?”

“*Hindi ako* ang may kai—” simula ni Caitlin, at saka napakagat sa labi. Tatlong araw siyang nakipagtalo kay Ray Avery hanggang sa nakumbinsi siya nitong bumisita sa istasyong iyon. Dahil pumayag siya, ngayon ay responsibilidad na niya ang tungkol doon. Tiningnan niya ang mga mata ng tinyente at kaagad nabatid ang pagkakamali niya. Maiitim, nanghihipnotismo, masusungit ang mga iyon. Pakiramdam niya ay ibong pipit siya na nakaharap sa cobra at paralisado na. Ano ang gagawin ng isang pipit?

*Abalahin ang cobra.*

“Alam mo ba, Lieutenant, may ginawa akong research tungkol sa history ng pulisya sa Baylorville. Ibang-iba ito d’un sa kauna-unahang police station,”



sabi niya, pinagmamasdan ang malinis at mapanglaw nitong opisina. Napakalayo niyon sa anyo ng masayahing kalat sa mga mesa ng ibang opisyal. Walang kahit ano sa opisina ni Lieutenant Cruz na nagbibigay ng kahit maliit na pahiwatig tungkol sa personal nitong buhay. Bukod sa masinop, malinis na mesa at silyang inuupuan nito, may computer workstation sa tabi ng mesa nito at istante na puno ng mga libro ukol sa batas at yearbooks ng California police, na sunud-sunod ang pagkakaayos batay sa taon. Walang larawan, walang bulletin board na may mga nadikit na abiso, walang poster, wala.

“Ang unang istasyon ay itinatag noong 1858, sa bungad ng Horace Street. Ang *Willard’s Department Store* na ang nakatayo ngayon d’un. Tinawag nila ’yung lockup. Mayroong tatlong pulis doon, iyon nga lang, constables pa ang tawag sa kanila. Kasali sa trabaho nila na tiyaking ang bawat babaeng dadalo sa pampublikong sayawan ay may suot na corset. Nakasulat iyon sa kontrata.”

Kumurap ang lalaki. “Talaga?”

Na-distract na niya ang tinyente, nakikita iyon ni Caitlin. Nawala na rin ang inis sa anyo nito.

“Well, interes—” Sumibangot itong muli nang matauhan. “Alam mo, Miss... ah, Miss Summers.

Mabalik tayo sa topic natin. Hindi ko alam kung ano ang sinabi sa 'yo ni Ray, pero wala kaming training courses dito sa istasyon para sa mga estudyante.”

*Puwes, wala rin akong sinabing ganyang katangahan.*

“Wala siyempre,” seryosong sagot niya. “Hindi ko naman inisip na may kompletong *course* kayo rito. Katawa-tawa naman 'yun, baka nga illegal pa. Diyos ko naman, napakadami n'yo nang ginagawa at hindi ko tatangkaing hilahin pa ang staff n'yo mula sa trabaho nila. At isa pa, hindi ko naman kailangan ng course dahil ako mismo, eh, masasabing eksperto na rin naman sa law enforcement.”

Sa ilang sandali ay nablangko ang anyo ng kaharap, bahagyang bumagsak ang panga, bago kagyat na isinara ang bibig. Nangingkit ang mga mata ng lalaki hanggang sa ang mga itim na lang ng mga mata nito ang kita, kumikinang. “Eksperto ka sa ano?”

“Sa law enforcement.” Naaaliw na pinanood ni Caitlin ang paggalaw ng mga kalamnan sa panga ng lalaki at naglabasan ang mga litid sa leeg nito. Tila bawat muscle sa katawan nito—at napakarami nitong muscles—ay naging tensyonado. Bigla ay naging aware siya sa binata. Kabaliwan iyon. Kinailangan niyang kontrolin ang sarili at huwag hayaang ma-

distract siya nito. Kailangang seryosohin siya ng kaharap, at hindi iyon mangyayari kung uupo lang siya roon na parang engot, nabighani sa muscles nito.

Yumuko si Caitlin para hagilapin sa kanyang bag ang kopya ng kanyang paper sa *The Law Enforcement Review*. Ipinagmamalaki niya iyon. Alam niyang maganda iyon. Orihinal at nauna ang research na iyon, na inabot ng dalawa at kalahating taon ang pagsulat. Kapag nabasa iyon ng tinyente, makikita nitong alam niya kung ano ang sinasabi niya. “Heto,” tuwa niyang sabi, iniabot ang kopya rito.

Tinanggap iyon ng lalaki nang nakakunot-noo. “Ano ’to?”

Bumalot sa kamay niya ang palad nito; matigas, mainit, at lalaking-lalaki. Nagitla si Caitlin na para bang kuryente ang dumikit sa kanya. Hinila niya ang kamay at nabangga ang baso nito ng kape—derechong tumapon ang umuusok pang laman niyon sa kandungan ng tinyente.

Tensyonadong katahimikan iyon na sinira ng mahinang pagtulo ng kape mula sa pantalon ng lalaki pababa sa mga papel na nagkalat na sa sahig na parang naka-slow motion na trahedyang.

“*Oh. My. God!*” hinga ni Caitlin. May matinding

labanang nagaganap sa loob niya; ang masidhing pagnanasang tumakas ay nakikipaglaban sa matindi ring kagustuhan para tumawa. Naitakip niya ang isang kamay sa bibig at sindak na napatitig sa lalaki.

Tumayo ito, hawak ang pantalon palayo sa sariling balat. Na-realize ni Caitlin na nabanlian ito ng kumukulong kape.

“Oh!” Tuluyan niyang nalimutan ang takot nang nagmadali siyang lumuhod sa tabi ng lalaki at hinila ang bag mula sa likuran niya. Minsan na siyang natapunan ng mainit na tubig at tanda pa niya ang sakit niyon. May maliit siyang tuwalya sa bag at habang hinihila niya iyon para ipangtuyo sa pantalon ng tinyente, kasamang nahila ang 2008 hardback edition ng libro niyang *Theories of Policing in Western Societies*—lahat ng isang libo at apatnapu’t pitong mabibigat at makintab na pahina at nakataob iyong bumagsak sa isang makintab na itim na sapatos ng tinyente.

“Ow!” Ito naman ang napasigaw at noon bumukas ang pinto ng opisina. Sumilip ang ulo ni Sergeant Martello at napakunot sa nakitang anyo nilang dalawa, ang tinyenteng napapahampas sa hita nito at si Caitlin na nakaluhod sa paanan ng lalaki na may ginagawang... kung ano rito.

“Ano’ng nangyayari rito?” Naeskandalo ang matalim na hiningang nahigit ng nagtanong. “Lieutenant Cruz, hindi ka na nahiya sa sarili mo! Kawawa naman ang bata—”

“Itong *kawawang* batang ’to,” anang lalaki sa pagitan ng nagnangalit na mga ngipin, “ay ginagawa ang lahat para patayin ako, at parang magtatagumpay na siya. Ngayon baka puwedeng iwan mo kami, Sarhento, at hayaan nating *tapusin* ako ni Miss Summers nang mapayapa.”

Gulat na napatingala si Caitlin sa tinyente.

*May sense of humor ito?* Mukha nga. Malupit na klase ng humor, oo, pero bahagyang himala na mayroon ito niyon. Akala niya ay sasabog ito sa galit. Ngunit sa halip, kahit pa naroon pa rin ang sakit sa mukha nito, may kung ano sa madidilim at magaganda nitong mata, na sa ibang lalaki ay tatawagin niyang kislap.

O baka epekto lang iyon ng ilaw.

“Sorry talaga, Tinyente,” mababang-loob na sabi ni Caitlin, nakaupo na sa kanyang mga sakong. Piniga niya ang maliit na tuwalya sa basurahan at pinanood na tumulo ang kulay brown na likido mula roon. Baka mas masarap na iyon ngayong nasala na ng pantalon

ni Lieutenant Alejandro Cruz at ng tuwalya niya.

“Oo, nakita ko ngang nagsisisi ka.” Marahan ang boses nito habang inilalagay ang isang matigas na kamay sa ilalim ng siko niya at walang hirap siyang hinila patayo. “Pero magpapasalamat ako kung uupo ka na lang d’un at hindi kikilos hanggang sa matapos ang usapan natin.”

Naupo si Caitlin at ipinatong ang mga kamay sa kandungan; bigla siyang nahiya sa ginawa niya. Nagiging pabigla-bigla siya kapag ninenerbyos, kaya hinigpitan niya ang pagkakasalikop sa mga palad, determinadong manatiling kalmado.

“So.” Tila wala sa loob na ginaya siya nito, ipinatong ang magkasalikop na mga palad sa ibabaw ng mesang kaharap. Napatitig si Caitlin sa mga kamay na iyon. Malalaki, mahahaba ang daliri, malakas, elegante. May maiiksi iyong balahibo sa likod. Pudpod ang mga kuko at malinis. May isang maliit na puting peklat sa likod ng kanang kamay nito, na para bang hugis kidlat. At *tattoo* ba iyong nasa pupulsuhan nito?

Umigkas ang ulo niya pataas.

“Ano uli ’yun, Tinyente?” May sinabi ito at nawala siya dahil nakatutok siya sa mga kamay nito.

“S’abi ko,” nagpapasensyang ulit nito, “puwede bang pakipaliwanag sa akin kung ano mismo ang kailangan mo?”

*Ang pag-aralan ka*, gustong sabihin ni Caitlin, pero hindi niya iyon kaya gaano man niya kagusto. Si Lieutenant Cruz ay isang naglalakad at nagsasalitang larawan ng pagiging dominante. Ibibigay niya ang kaliwang braso niya para maisapelikula ito nang isang taon. Mabibigyan siya ng *Nobel Prize*! At siguradong gagawa siya ng pangalan sa akademya. Magkakaposisyon siya kaagad. Malamang sa *Harvard*.

“Graduate student ako sa *St. Mary’s* sa Grant Falls at nagsusulat ako ng dissertation tungkol sa... ilang aspeto ng law enforcement,” sa wakas ay saad niya.

“Dominance displays,” sarkastikong sabi ng tinyente.

“Well... oo.” Kimi siyang umubo. Mas makabubuting lampasan na lang nila ang aspetong iyon. Hindi niya puwedeng hayaang isipin nito na *ito* mismo ang pag-aaralan niya, kahit pa alam niyang ngayong nakita na niya si Lieutenant Alex Cruz, ay hindi na siya mag-aabalang maghanap pa ng iba para pag-aralan. “Tapos ko na ’yung malaking bahagi ng panimulang research, pero si Ray—

si Captain Avery—kinumbinsi niya akong mas makakatulong sa dissertation ko kung aktuwal kong makikita ang trabaho sa pulisya.”

“S’abi mo expert ka, pero hindi ko pa rin maintindihan. P’ano ka naging eksperto sa law enforcement kung hindi ka naman pulis?” untag nito, tunog tunay na nalilito.

Sinubukan ni Caitlin na pigilan ang pagngiti. Maaari niyang ipaliwanag na kailangan ng bawat propesyon ang suporta ng mga teorya, pero balewala rin iyon. Gayunpaman, mahalaga ang ginagawa ng academics.

“Madali lang. Karamihan sa mga researches ay ginagawa ng mga nasa akademya, hindi ng mga mismong practitioners. Alam mo na, katulad ng ginagawa sa maraming larangan ng pag-aaral. Kaya lang, secondary sources ang nire-research ng karamihan sa mga nasa akademya. Kaya nga walang katulad ’yung klase ni Captain Avery,” masigla niyang sabi. “Sobrang sikat n’un. Binigyan niya kami ng magagandang insights tungkol sa pagpupulis. Nakakatuwa talaga.”

Napatuwid si Lieutenant Cruz sa silya nito. “Klase ni Captain Avery?”



“Oo.” Tinitigan ni Caitlin ang kaharap. “Nagturo siya sa *St. Mary’s, The History of Law Enforcement*, noong huling semester. Hindi mo alam ’yun?”

Natigilan si Alex at napatitig sa kaharap. So *doon* nagpunta si Ray noong umalis ito? Umalis para magturo ng nerds sa kung saang paaralan? Ano iyon? Ano ang ginagawa nito at nagtuturo ito ng tungkol sa pagpapatupad ng batas imbis na gawin iyon mismo?

Sa kabilang banda, binigyang-linaw niyon ang maraming bagay.

Ilang linggo nang paalis-alis si Ray nitong nakalipas na anim na buwan, at iniiwan lang si Alex para mag-take charge. Napakadami nitong leave na maaaring gamitin. Alam ng lahat na magreretiro na rin ito sa malao’t madali kaya walang sinumang nagtanong, at lalong hindi siya ang gagawa niyon. May karapatan si Ray na gawin ang anumang gusto nitong gawin, kung kailan nito iyon gustuhin. Gayunpaman, na-mi-miss ito ni Alex.

Madalas, sa kanya naikukuwento ng lalaki ang mga kabiguan nito. Hindi kompleto ang araw nang hindi sila iinom ni Ray sa *The Shamrock*, isang pub.

Akala ng lahat ay gusto niyang kuhanin ang posisyon ni Ray bilang kapitan, pero ayaw ni Alex.

Mas gusto niyang manatiling kapitan at kaibigan niya si Ray, kaysa sa ma-promote.

“Hindi,” mabagal na sagot niya. “Hindi ko alam ’yun.”

Itinuon ni Alex ang atensyon sa dalagang kaharap. Magulong ponytail. Maputi, perpekto, walang pores na balat. Maliit at matangos na ilong. Mapula, walang lipstick na mga labi. Perpektong oval na mukha. Makaluma at walang hubog na mga damit. Tanggalin ang walang kaayusang panlabas at hindi ordinaryo ang kagandahan nito—at mukha lang itong disisais.

Hindi na niya gusto ang nangyayari. Kaninang hinahaplos ng babae ang pantalon niya gamit ang maliliit at mapuputi nitong kamay para tanggalin ang putik doon, na tinatawag nilang kape sa lugar na iyon, naramdaman ni Alex ang unang pagkagising ng ‘alaga’ niya sa loob ng napakahabang panahon. Sinubukan niyang alalahanin iyong huling beses na nakipagtalik siya at wala siyang maalala.

Sus, siguro ang huling beses ay noong kasama niya ang magandang real estate agent na may pagkabarracuda noong... kailan nga ba iyon? Bago mag-Pasko? Lintek, ganoon na katagal?

Matalino iyong babae, maganda at *nakakatakot*. Sa isang punto noong angkinin niya ito, napaisip siya kung makakaalis pa siya mula sa loob nito.

Nakipag-sex ba siya uli pagkatapos niyon? *Hindi*, sagot niya, matapos ang mabilis na pagkonsulta sa alaga niya. At matapos ang maiksi at nakadidismayang koneksyong iyon, uminit na ang paghahanap nila kay Lopez at labing-anim na oras kada araw ang ginugol niya sa istasyon.

Kailangan niyang makaiskor ulit, kaagad, pagka ganitong nag-iinit siya dahil sa isang estudyante. At habang nasa trabaho. Naniniwala si Alex sa paghihiwalay ng trabaho sa iba pang aspeto ng buhay niya, at kasali roon ang sex life. Siyempre nitong nakararaan, ang buong buhay niya ay ang *trabaho*, at wala nang oras para sa iba pa. Wala naman talagang ‘iba pang aspeto ng buhay niya’. Hindi iyon nag-exist.

Iyon lang ang makakapagpaliwanag sa semi-hard-on niya na epekto ng pagdaplis ng mga kamay ni Caitlin Summers sa puson niya. Hindi ito ang tipo niya. Ang gusto ni Alex sa babae ay iyong nakakaalam kung ano ang tunay na score. At kahit pa sinabi ng kaharap na graduate student ito, mukhang napakabata pa rin nito...

“Ilang taon ka na?” biglang tanong niya.

Napakurap si Caitlin Summers. “Twenty-eight. Bakit?”

Inilabas ni Alex ang hiningang hindi niya alam na pigil-pigil pala niya. Hindi bagay—ilegal, sa totoo lang—ang naging reaksyon niya sa paghawak nito sa hita niya kung mukha itong beinte ocho. Ang huling bagay na gugustuhin niya ay ang maging DOM sa edad niyang treinta y ocho. Kailan ba siya na-turn on sa mga bata? Oo, napakatagal na nga mula noong may nakasalamuha ang alaga niya bukod kay ‘Maryang Palad’—sa masyado nga siyang abala, eh—pero ang tigasang dahil sa isang menor de edad ay sobra na.

Gayunpaman, normal ang reaksyon niya at huwag nang banggitin na legal—kahit pa wala pa rin sa lugar—

kung totoo ngang twenty-eight na ang kanyang kaharap.

“Di bale na,” bigkas ni Alex. “So kumuha ka ng courses kay Ray?”

“Oo,” masiglang sagot ni Caitlin, tumatango, lumilipad ang ilang hibla ng platinum na buhok sa palibot ng mukha nito. “Nagbigay siya ng napaka-interesting na lectures. Lahat kami na-fascinate.

Iyong mga kuwento niya... binigyan niya kami ng magagandang pananaw galing sa... field. Palagay ko, ganoon ang tawag n'yo r'un."

"Palagay ko rin," matabang niyang turan. Inisip ni Alex noon na istriktong hands-on business ang pagpupulis. Praktikal gaya ng pagiging tubero, o mamamatay-pesto o proctologist. May mga taong lumabag sa batas at gagawin nila ang makakaya nila para hanapin ang mga ito sa *Gray Bar Hotel*. Walang theoretical doon.

Yumuko ang babae sa direksyon niya. "Anyway, iginiit ni Captain Avery na kumuha ako ng information firsthand. S'abi niya kahit hindi ko iyon mailalagay sa footnotes, ang importante daw ay matutunan ko kung ano ang *pakiramdam* ng law enforcement."

"Nakakabuwisit," ani Alex, nasa isip ang pagkatakas ni Ratso. Isipin pa lang na malaya pa si Angelo Lopez nang isang araw para sumira ng mga buhay. Nakakabuwisit iyon, big time.

"Ano 'yun?"

"Wala," sabi ni Alex. "Makinig ka, Miss Summers. Interesting kang kausap, at natutuwa akong malaman na ginagamit ni Ray ang oras niya nang kapaki-pakinabang para turuan kayo tungkol sa police

theory, habang kami rito ay nag-uubos ng oras sa paghahabol sa mga kriminal. Pero wala tayong pag-uusapan tungkol sa pagtambay mo rito nang isang linggo. O kahit ilang minuto lang. Police station ito, hindi lab para sa mga academics na walang trabaho.” Ipinatong niya ang mga palad sa ibabaw ng kanyang mesa. “Ngayon, excuse me—”

“Lieutenant Cruz,” mahinang sabi nito, nakatingala sa kanya. “May sasabihin pa ’ko sa ’yo.” Mahigpit na magkadaop ang mga kamay nito. Magaganda ang mga kamay na iyon, payat at pino, at may maliit na mantsa sa panggitnang daliri ng kanang kamay. Isang estudyanteng nagsusulat gamit ang ballpen? Akala niya hindi na marunong magsulat ang mga tao ngayon gamit ang ballpen.

May apat na informer, isang sarhento at isang abogado na naghihintay sa kanya, kaya natutukso na siyang tumayo, lumakad palapit sa pinto, at buksan iyon bilang isang hindi gaaanong pinong paraan ng pagpapaalis sa bisita. Pero hindi niya ginawa. Sa halip, nauubusan ng pasensyang nakinig siya sa gusto nitong sabihin. Ipinadala ni Ray ang bata—babaeng ito kaya kung mayroon itong sasabihin, kailangan niyang makinig dito. Pagkatapos, sasabihin niya ang “no way” sa pinakamahinahong paraan na kaya niya at saka ito ihahatid sa pinto. Inaasahan ni Ray na

magiging magalang siya.

Pinigilan niyang tumingin sa relo, pero wala rin iyong kaso. Alam niya kung paano magtanya ng oras. May tatlong minuto na lang si Caitlin Summers sa kanya. Pagkatapos, sasabihin niya ritong puwede na itong lumayas.

Nang may paggalang, siyempre. Sibilyan ito.

At ipinadala ni Ray.

Na-realize ni Caitlin na tumakbo ang panayam ayon sa hula ni Ray na mangyayari—nga lang hindi nito nahulaang mapapaso niya ang hita ng tinyente o kaya ay maluluray niya ang paa nito. Si Ray ang nagpilit na sabihin niya ang susunod niyang bibigkasin, pero sinasabi ng instinct niya na hindi iyon magugustuhan ng kaharap.

“Okay. Sabihin mo na kung ano’ng kailangan mong sabihin,” ungol nito. Hindi na nag-abala pa ang tinyente na lagyan ng galit ang boses nito. Hindi na iyon kailangan; sapat na ang pagkabagot at kalamigan doon.

Hindi naman ito mukhang di-mapakali o nagpapaikot ng mga mata nito, o nagtatambol ng mga daliri sa mesa, o nagpapapadyak ng paa. Mahinahong-mahinahon ito. Gayunpaman, naglalabas ito ng

bigong aura sa pagkakaupo nito, malinaw na hindi gustong mag-aksaya ng isa pang minuto kasama niya.

Ramdam niya ang pagkainip nito mula sa kabilang dulo ng mesa at halos nakakatakot ang tindi ng kapangyarihan niyon.

Maingat na humugot si Caitlin ng malalim na hininga—

kayang mapansin ng mga dominanteng lalaki ng kahit anong species ang pagkabalisa sa paghinga.

Hindi niya gustong idagdag pa ang susunod niyang sasabihin, pero mapilit si Ray. Mas mabuti sigurong sabihin na niya at nang matapos na iyon.

Patayo na ang tinyente.

Kinagat ni Caitlin ang labi at pinuwersa ang mga salita palampas sa naninikip niyang lalamunan. Walang magalang na paraan para sabihin iyon, kaya sinabi na lang niya. “Pinasasabi ni Ray—ahm, ni Captain Avery, na may utang ka sa kanya. At naniningil na siya.”

Sa labis niyang pagtataka, bumagsak ito paupo sa silya nito na para bang binagsakan ito ng bakal. O pinalo sa ulo.

Para itong tinamaan ng isang hindi inaasahang



suntok.

“May utang ako kay Ray,” mabagal na ulit nito, “at naniningil na siya.”

Hindi nito ipinagkanulo ang damdamin, maliban sa paniningkit ng mga mata nito, pero malinaw na pinangapusan ito ng hininga. Anumang kontrol ang iniisip ni Ray na mayroon ito kay Alejandro Cruz, totoo iyon, kahit sa mga mata ng tinyente man lang. Hindi niya ma-imagine na may iba pang makapipigil sa lalaking ito, maliban na lang kung patamaan ng bala sa ulo.

Tahimik silang nagtitigan. Hindi sinubukan ni Caitlin na mag-iwas ng tingin—na isang tiyak na senyales ng kahinaan. Ni hindi siya kumurap. At kahit pa naninikip ang dibdib, pinilit niyang huminga nang normal.

Hindi niya mabasa ang mukha ng lalaki. Kahit pa ilang taong pag-aaral ang nagturo sa kanya kung paano basahin ang halos lahat ng ekspresyon ng tao sa ilang kultura, nabigo siya ngayon sa unang pagkakataon.

Walang paraan para maintindihan kung ano ang iniisip ni Alejandro Cruz sa pamamagitan ng pisikal na paraan. Mas mahusay kaysa sa Department of

Social Sciences sa *St. Mary's* ang eskwelahan kung saan nito natutunan ang blangkong ekspresyon nito.

Master ang isang ito.

Ginawa ni Caitlin ang tanging bagay na puwede niyang gawin—naupo lang siya at nakinig.

Wala siyang magagawa o masasabi para kumbinsihin ito. Nasabi na niya ang dapat niyang sabihin—inulit ang mga salita ni Ray Avery—at ngayon, wala na sa kamay niya kung kikilalanin ni Alejandro Cruz o hindi ang misteryosong utang nito kay Avery.

“Okay.” Ibinagsak ng lalaki ang mga palad sa mesa at tumayo mula sa silya habang nakatanga siya rito. “Sumama ka sa akin, Miss Law Enforcement. Lalabas tayo para sa Code Seven.”

*Code Seven!* Wow! Tama nga si Ray! Mukha ngang uubra ito! Magkakaroon siya ng karanasan sa field. At Code Seven pa!

Tumayo na rin si Caitlin. “Okay,” sagot niya, sinusubukang payapain ang tila minamartilyong puso. “Code Seven! Oh my gosh, nakaka-excite naman! Salamat!” Nagmamadaling sininop na niya ang kanyang mga gamit, kasali na ang librong muntik nang pumilay sa binata. Nang malaglag ang isang

ballpen mula sa kanyang bag ay agad niya iyong ibinalik. “Ano ba’ng ibig sabihin ng Code Seven? Emergency? Pero hindi, sa mga ospital lang iyon kagaya ng napanood ko sa *ER* at *Scrubs*. Pagnanakaw ba ang Code Seven? Arson? Kidnapping?”

“Hindi.” Lumakad palabas ng opisina ang tinyente at humahangos na humabol siya rito.

Ginawa niya ang lahat para makaalpas kaagad mula sa mga mesa at mga opisyal na nakakalat at nagtatawanan sa malaking squad room. Nang mapadaan sa isang mesa, natamaan ng bag niya ang isang patas ng CDs. Maingay na nalaglag ang mga iyon sa sahig.

“Sorry,” aniya na agad yumuko. Huminto ang tinyente sa pintuan sa dulo ng silid, naghihintay habang taranta at namumula ang mukhang pinupulot niya ang mga nakakalat.

“Okay lang, Honey.” Yumuko si Kathy Martello para tulungan siya. “Masyado kasing masikip dito. Ako man, eh, kung saan-saan bumabangga.”

Palihim, lumingon sa paligid si Caitlin, umaasang hindi siya masyadong pinanonood ng tinyente. Masyadong mapagmatyag ang mga mata nito. Nagkumahog ang mga kamay niya para pulutin ang

CDs.

“Dali,” bulong niya kay Sergeant Martello sa likod ng kanyang kamay. Patay siya kung naririnig siya ni Alexander Cruz. Ayon kay Ray ay di-pangkariniwan ang talas ng pandinig ng tinyente.

Sa totoo lang, ang eksaktong sinabi nito ay, *“Maririnig ni Alex pati ang pag-utot ng langaw sa kabilang kuwarta.”*

Mabait na pinagmasdan siya ni Sergeant Martello, nakataas ang mga kilay. “Ano ba ’yung Code Seven? Lalabas daw kami ni Lieutenant Cruz para d’un.”

Napatuwid si Kathy Martello bigla, nanlalaki ang mga mata, puno ng CDs ang mga kamay. “Lalabas kayo... para sa *Code Seven*? Kasama si Loot?” nabiglang ulit nito.

“Oo,” satsat ni Caitlin, malapit nang maubusan ng pasensya. God! Exciting talaga ito! “Ano ba ’yun? Ano ang Code Seven?”

“Whoa, hindi ako ang magsasabi sa ’yo.” Lumingon si Kathy sa tinyenteng noon ay nakatayo at nakahalukipkip, pagkatapos ay tiningnan si Caitlin. Umakto itong tila zini-zipper ang bibig. “Kay Loot mo na lang mismo itanong kung ano ang Code Seven, Honey.”

Maingat na maingat na lumapit ang dalaga sa lalaki matapos pulutin ang kalat na ginawa. Pinanood ito ni Alex habang binabaybay ang daan patungo sa kanya, eleganteng iniwasan ang mga mesa. Ang kadalasang maingay na silid ay natahimik, nagsipaglingunan ang mga ulo, may kipkip na telepono sa leeg, umangat ang mga daliri mula sa keyboards. Nang sa wakas ay marating siya nito, huminto ang babae, mahigpit na kipkip ang bag na dala.

F\*ck, pero tinakot siya nito. *Pinasasabi ni Ray na may utang ka raw sa kanya.*

Oo. May utang siya kay Ray. Tama ito, wala siyang kuwestyon doon. Malaki ang utang niya sa lalaki. Dalawampung taon na ang nakararaan, isang walang-kuwentang sanggano lang si Alex, na malamang ay may isa o dalawang taon pa para mabuhay kung sinusuwerte siya, bago siya mapatay sa barilan o dahil sa paghihiganti ng kalaban nilang grupo.

Sa kung anong rason na ito lang at ang Diyos ang nakakaalam, may nakita si Ray Avery sa kanya. Isang bagay na si Alex mismo ay inabot ng taon bago nakita.

Tiyak na hindi rin pinag-aksayahan ng oras o

lakas ng lasengga niyang ina o kahit ng adik niyang ama, na alamin kung ano pa ba ang mayroon siya, bukod sa malaki, malakas at matatag na katawan.

Ginawa iyon ni Ray. Pinili siya nito, tinuruan ng leksyon hanggang sa matauhan siya. Pagkatapos, pinagtulakan siya nito hanggang sa pumasok siya sa Police Academy. Kung saan ginulat ni Alex ang sarili at ang kanyang mga mga guro—pero hindi si Ray—sa pagiging natural sa larangang iyon.

Ibibigay ni Alex ang kahit anong pag-aari niya para rito; kahit ano, maging ang buhay niya. Wala lang iyon. Ang buhay niya ay kay Ray kung hihingin nito. Pero tinanggihan ng lalaki ang lahat ng nais niyang ialok dito, kahit ang pasasalamat niya. Ang sinabi lang ng kapitan, isang araw ay maniningil ito.

Puwes, mukhang sa wakas ay dumating na ang araw na iyon, sa anyo ng isang napakagandang babae na manggugulo sa schedule niya at sa isip niya at sa hormones niya sa susunod na linggo. Isang napaka-importanteng linggo kung saan inaasahan nang gagawin niya ang lahat maliban sa magkamping sa istasyon, habang hinahabol nila si Ratso.

Inihilamos ni Alex ang isang kamay sa mukha, nagpapahuli, pero walang pagtatalo sa isip niya kung ano ang dapat niyang gawin. Kung gugustuhin ni Ray

ng kalahating litro ng dugo niya at dalawang kilong laman, walang tanong at masaya pang ibibigay niya iyon sa lalaki.

Pero 'sus naman, hindi ito! Sa kung anong paraan, malala pa ito sa dugo't laman.

Muli niyang tiningnan ang babaeng nakatayo sa harap niya. May pagkabahala sa malalaki at asul nitong mga mata, kakulay ng suot nitong bestida. Kakulay iyon ng dagat kapag buwang-liwayway. Kakulay ng langit kapag tagsibol...

Humugot si Alex ng hininga, hinihiling na manatiling nakababa ang alaga niya. Sabik na napansin 'nito' ang di kapani-paniwalang ganda ang babae sa kabila ng pang-estudyante nitong ayos. Wala 'itong' pakialam kahit pa hindi tipo ni Alex ang dalaga, ang gusto lamang 'nito' ay ang maangkin ang babae...

Oh f\*ck. Paano siya makatatapos ng kahit anong trabaho kung may ganitong... ganitong *abala* sa tabi niya?

“Um, Tinyente?”

“Alex.” Kung guguluhin nito ang isip niya at ang linggo niya, mas mabuting magtawagan man lang sila sa first names nila.

Tumango ito. “Okay, Tinyen—Alex. Um, Alex?”

Putragis, ang ganda talaga nito. Kahit ang boses ng babae ay maganda, banayad at magaan. Punto ba ng taga-South iyong narinig niya sa boses nito?

Pinapanood siya nito, walang kurap ang mga mata.

Bumuntong-hininga si Alex. “Ano ’yun?”

“Um, ano ’yung *Code Seven*?”

Hindi siya kaagad sumagot, sa halip ay napatitig habang nakatiim-bagang sa mga tauhan sa likuran ng dalaga, binibigyan ang mga ito ng mahinang pagsaway—*Tapos na ang palabas*.

Nagsipangalat ang mga tao at nagtrabaho na. Isang tingin lang mula rito, naroon na muli ang karaniwang kaabalahan sa opisina.

Binigyan ni Alex ng isang huling tingin ang squad room. Gusto niyang manatili roon, kasama ang mga tao niya. Doon siya nababagay.

Dahil sa bulilyaso kay Ratso ngayong araw, lalo siyang nangangating maumpisahan ang dumating na report tungkol sa kayamanan ni Lopez, na galing sa forensic economists na taga-*FBI*. Mayroon siyang meeting mamayang alas cuatro sa psychologist na



nagsagawa ng sapilitang psych evaluation sa isa sa mga tao niya. Humihingi na ang mga taga-SWAT ng bagong ceramic plates na idadagdag sa *Kevlar* body armor ng mga ito at ginagawa na niya ang lahat para lang makahanap ng pera para sa mga iyon. Hindi ngayon ang araw para gustuhin niyang mag-alaga ng *baby*—kahit pa magandang babaeng padala ni Ray. Kahit pa ang naturingang magandang babae ay nagawang gisingin ang natutulog niyang libido.

“Ano ang *Code Seven*?” ulit niya, inabot ang braso ni Caitlin at kumikilos patungo sa hagdanan. “Tanghalian.”

# 3

Naglalakad sila sa malaking hagdanang gawa sa marmol na alam ni Caitlin na itinayo noong 1934, noong kasagsagan ng Depresyon, bilang bahagi ng *WPA* o *Works Progress Administration*. Alam niya ang lahat ng tungkol sa gusali, ang kasaysayan niyon at ang papel na ginampanan nito sa Baylorville. Inaabangan na niya ang pagtatrabaho roon sa susunod na linggo.

Gayunpaman, may malinaw siyang pakiramdam na kung si Lieutenant Cruz—Alex—ang tatanungin, hindi na siya aakyat pang muli sa hagdang iyon kahit kailan.

Eksakto sa sinabi ni Ray ang nangyaring pagkakakilala nila. Desidido si Caitlin na huwag sabihin sa tinylene na naroon siya para maningil ng utang. Pero walang nagawa ang opinyon niya dahil mapilit si Ray. Isa pang super-alpha male ang matandang iyon.

Hindi niya gusto ang mga sinabi niya. Parang blackmail ang tunog niyon, ngunit nagpilit si Ray at kaya nitong mamwersa. Kahit maliit at mataba ang kapitan, eksaktong kabaligtaran ng tinylene

physically, parehong may personalidad ang dalawa na mahirap tanggihan.

Idinerecho lang ni Ray ang mga balikat, nilaliman ang boses, tinaliman ang tingin, at nasunod na ang gusto nito.

Siguro ay bahagi iyon ng psychological profile ng isang pulis, naisip niya. Marunong... manghikayat. Interessanteng paksa iyon at maraming aklat na susuporta roon, mula kay Anderson Carter na may isinulat tungkol doon sa pag-aaral nito noong '50s...

Napakurap si Caitlin nang makalabas at masilayan ang nakakasilaw na liwanag ng araw nang tanghaling iyon sa Southern California, buwan ng Hunyo.

Kailangan niyang magbigay ng atensyon sa nangyayari. Very cool at very smooth si Alex. Nailabas siya nito ng istasyon, pero wala itong sinabi kung puwede nga ba siyang manatili opisina nito para sa kanyang dissertation. Ang tanging ipinangako ng lalaki ay ang tanghalian.

Magaling ito. Isang tunay na manlalaro.

Inilagay nito ang isang malaking kamay sa siko niya para igiya siya sa kanyang kanan at awtomatiko niya itong sinunod na parang maliit na tupa sa tabi ng isang lobo. Hindi iyon maganda. Kailangan niyang

magkusa.

Siguro habang nanananghalian, sisimulan ng lalaki na isa-isahin ang mga dahilan kung bakit magiging istorbo lang siya at hadlang sa mga importanteng trabaho ng mga ito; kung bakit hindi niya dapat guluhin ang mga opisyal nito. Magiging sobrang kapani-paniwala ito at napakadominante pa naman ng personalidad nito. Malaki ang posibilidad na umuwi siyang luhaan.

Pero hindi na niya puwedeng gamitin muli ang pangalan ni Ray; hindi na iyon tatalab sa binata. Kayang-kaya ni Loot, gaya ng tawag ni Kathy rito, na baluktutin ang mga bagay-bagay para roon siya maglagi sa public library imbis na sa istasyon. At ligtas na rin ito mula sa obligasyon kay Ray pag nagkataon.

“Hindi mo ’ko kailangang pakainin, Lieutenant,” sabi ni Caitlin. “Hindi ko gustong ilayo ka sa trabaho mo. Kaunting sandali lang ng oras mo ang kailangan ko at ang permiso mo para makausap ko ang mga tauhan mo.”

“Sinabi ko nang tawagin mo ’kong Alex.” Ni hindi ito nakikinig. “Akin na, ako na’ng magdadala n’yan.” Bago pa siya makapagprotesta, nakasabit na sa balikat nito ang mabigat niyang bag.

Inisip ni Caitlin na kakailanganin niyang tumakbo para makasabay rito, pero ini-adjust nito ang hakbang ng mahahabang biyas at nagawa niyang maglakad sa komportableng bilis sa tabi nito.

Sinubukan niyang iwasang tingnan ito, pero nahirapan siyang gawin iyon. Bawat galaw ng lalaki ay matatag, matikas, tila isang alpha male na hayop, nakataas ang leeg, pantay ang mga balikat, derecho ang tingin. Itinago ng jacket nito ang nakasukok nitong baril, ngunit hindi nito kailangan iyon. Taglay nito ang klasikong dominanteng tindig isang lalaki. Habang naglalakad, mistula itong panginoon ng lahat ng nakikita.

Teritoryo nito ang lugar na iyon at doon, ito ang hari. Bawat isa sa kalsada ay bumati rito nang may respeto at pagtanggap. Maging ang mga napapadaan sa sidewalk ay pawang mga nakayuko. Kumaway ang isang nagtitinda ng diyaryo sa katapat na kalye; ngumiti ang babaeng nakabantay sa kahera ng panaderia. Isang taxi driver ang bumusina nang mahina nang maparaan ito sa tapat nila. Tinanguan ni Alex ang lahat.

Maayos ang lahat, sibilisado.

Walang duda si Caitlin na ang kalsadang iyon ay dagling naging pinakaligtas na daan sa Western

hemisphere. Walang kriminal na nasa matinong pag-iisip ang magtatangkang magnakaw, mambugbog o mang-holdup habang naglalakad si Lieutenant Alejandro Cruz sa lugar na iyon bitbit ang Glock 19 nito—ang bagong sandatang pinipili ng mga pulis sa buong bansa, sa kaalaman niya—na maayos na nakasukso sa kaluban sa balikat nito. Marahil ay may backup weapon ito sa ankle holster at ang mga kamay nitong malalaki at matipuno at malalakas ay tila sapat na rin para ikonsiderang armas. Sumisingaw mula sa binata ang kasanayan at panganib habang tahimik na naglakad kasabay niya.

*Likas bang predator ang mga pulis?* naisip ni Caitlin. O naging ganoon ang mga ito dahil sa trabaho nila?

Maraming mga naisulat tungkol sa katotohanang ang mga pulis at kriminal ay nasa magkasalungat na dako ng isa't isa, gumagawa sa magkabilang panig ng batas, pero parehong natural na may abilidad para makapangibabaw. Parang nakikita nga niya si Alejandro Cruz bilang isang bandido. Isang mahusay na masamang-loob; iyong klase na kaswal na makakapagnakaw ng isang bilyon pagkatapos ay mawawala na lang sa kalagitnaan ng gabi.

Magiging napakainteresante talagang mapanood

ito kapag malayo na sa teritoryo nito, obserbahan ang lengguwahe ng katawan nito. Nagagawa kaya nitong ipatupad ang mala-kamay na bakal na mga batas sa isang mas malawak na mundo sa labas?

Paano ba sini-set up ang isang field study? Bumilis ang tibok ng puso ni Caitlin habang nagsimula nang gumawa ng plano ang utak niya para makakolekta ng mga data na konektado sa isang mapa, upang masiguro kung ang senyales ba ng respeto at pagsunod ay nababawasan habang palayo nang palayo mula sa istasyon. Siguradong may mathematical correlation—

Isang kislap ng asul, isang malakas na ihip ng hangin na nagpataas sa kanyang palda, isang malakas at galit na busina mula sa isang kotse...

Natagpuan ni Caitlin ang sarili na bayolenteng nahila at mariing nakadikit sa isang matigas at malapad dibdib. Bilang depensa, tumaas ang mga braso niya para awtomatikong protektahan ang sarili at ngayon nakadiin sa dibdib ng kaharap, nakapatong sa pecs nito ang kanyang mga palad. Ito man ay agad lumipat sa protection mode na likas sa mga lalaki—ang isang kamay ay inilagay sa likod ng ulo niya, isang kamay ay nakapalibot sa baywang niya, ikinubli ang mahahalagang bahagi ng kanyang katawan at idiniin siya sa harapan nito.

Nakatayo lang sila roon sa loob ng mahahabang sandali habang ang tunog ng busina ay unting-unting nawala palayo. Ramdam ni Caitlin ang pantay at malalakas na tibok ng puso ng tinyente—malayo sa kanyang tila minamartilyong dibdib. Dama niya ang balahibo sa dibdib nito mula sa matigas na tela ng t-shirt nito at ramdam niya ang...

*O, Diyos ko.* Ang nasa pagitan ng hita nito; tila nabuhay habang nakadiin sa kanya!

Madalas iyong mangyari kapag nakikipag-date siya. Isang masyadong mahigpit na yakap bilang goodnight kiss at mararamdaman niyang tinatayuan ang date niya. Naka-program na ang mga lalaki sa ganoong paraan. Isang maliit na pagdidikit at wham! Hayun na, titigasan na. O mas tamang sabihing, *tatayuan.*

Gayunpaman, sa oras na iyon ay may kung anong kakaiba. Sa bawat galaw ng pagkalalaki nito, may katugon iyong silakbo ng init at dugo sa kanyang kaibuturan. Hindi makontrol o mapigilan, purong instinct lamang, masarap.

Inalog siya ng tinyente, malakas.

Bumalik ang isip ni Caitlin sa realidad, kumakabog ang puso. Muntik na siyang masagasaan at tanging ang



mabilis na galaw ni Alejandro Cruz ang nagligtas sa kanya. Ang naramdaman niya kaninang pagkagising ng alaga nito ay isang karaniwang reaksiyon ng mga lalaki sa adrenaline na inilalabas ng galit. Sa kabilang banda, iyong naramdaman niya...

Ano ba ang iniisip niya?

Sa wakas, dumating din ang reaksiyon sa kanya at nagsimula siyang manginig. Humigpit ang mga braso ng tinyente nang ilang sandali sa palibot niya, bago siya inilayo gamit ang mga kamay. Walang ekspresyon sa mukha nito bukod sa galit. Kung hindi niya naramdaman mismo, baka hindi siya naniwalang kanina lang ay may bahagyang erection ito dahil sa kanya... *para* sa kanya.

“Damn it, ano’ng problema mo!” asik nito, naninigas ang mga kalamnan sa panga. “May death wish ka ba? Kung gusto mong patayin ang sarili mo, gawin mo pag hindi ka nagtatrabaho. Hindi pag ganitong kasama mo ako!”

“Sorry,” bulong niya, nanlalaki ang mga mata, dahil sa nakitang galit sa mukha ng lalaki. Galit na galit ito; banat ang balat sa cheekbones, naniningkit ang mga mata at maitim na kispap na lamang ang makikita.

“Lintek, sa planetang ito, tigil ang ibig sabihin ng pulang ilaw!” Hinawakan nito nang mahigpit ang balikat niya para iikot siya nang bahagya, ikinumpas ang traffic light gamit ang isang kamay. Marahan siya nitong inalog. “What the fu—ano ba ang lintik na iniisip mo?”

*Ikaw, gustong sabihin ni Caitlin, pero hindi nagawa. Iniisip kita, ang lakas mo at kung paano ito susukatin.*

Iniisip *pa rin* niya ang kaharap. Mahirap na hindi ito isipin kung ganoong ramdam na *ramdam* niya ito.

Sa kabuuan niya.

Dama niya ang mala-bakal na pagdiin ng mga daliri nito sa mga balikat niya, bahagya lang lumuwag ang hawak nito. Ang mga braso nito ay nakapalibot sa kanya habang hila siya palapit dito, palapit sa kaligtasan. Ramdam *pa rin* niya ang matigas na mga kalamnan sa mga braso nito, ang solidong lakas ng dibdib nito, at ang pagkalalaki nitong nakadiin kanina sa kanya.

Pero ngayon hawak siya ng tinyente palayo sa sarili nito at nakatingala siya sa galit nitong mukha, lahat ng mabagsik na anggulo, namumula dahil sa galit ang balat na kulay olibo.

*Abalahin ang cobra.*

“Sorry,” aniya. “Masyado akong nadadala ng mga iniisip ko minsan. Pinag-iisipan ko kasi iyong punto ng isa kong kasamahan tungkol sa relasyon ng sundalo at ng pulis.”

Ibinaba ng lalaki ang mga braso. Mangha niyang pinanood ang paggagalawan ng mga kalamnan sa panga nito. Kung patuloy nitong pagtatagisin ang mga bagang, baka mapudpod ang mga iyon at kailanganin na nitong ipaayos nang todo sa dentista ang mga ngipin nito.

Ibinuka nito ang bibig pagkatapos ay muli iyong isinara. Buong-lakas na pinipigilan ni Lieutenant Cruz ang sarili na magsalita ng maanghang. “Puwes, sana lang ay buwis-buhay ang halaga ng ideyang ’yun,” sa wakas ay anito.

“Hindi,” turan ni Caitlin, itinulak ang suot na salamin papataas sa ilong. “Hindi. Hindi talaga. Paningit lang sa paper ko.” Humakbang siya paatras ng isa para makita nang husto nang mukha ng kaharap, sinusukat ang interes nito. Nakikinig ang lalaki. “Iniisip n’ung kasamahan ko, sa buong kasaysayan, naging senyales ng simula ng sibilisasyon nang nahati ang militar sa army at police. Ang pulisya na hiwalay sa army, ay nangangahulugang puwede

nang magsimulang umusad ang lipunan patungo sa demokrasya.”

“Puwes, dahil lang sa pag-iisip d’yan sa katangahang ’yan, muntik ka nang—” mainit nitong simula bago agad ding huminto.

Pinanood ni Caitlin na pag-isipan iyon ng kaharap. Hindi iyon katangahan, sa totoo lang. Karamihan sa mga pulis ay hindi naiisip ang kasaysayan ng ginawa nila. Masyadong abala ang mga ito para *maging* pulis at pagkatapos, sa *pagiging* pulis na hindi na nila masyadong napag-iisipan ang *ideya* ng pagpupulis. Kadalasan ina-assume na ang mga pulis ay naroon na noon pa. Pero hindi ganoon.

Maliwanag na nagsimula ang pagpupulis matapos ang mga dinosaurs at bago maimbento ang TV, pero kailan?

Nakatayo si Alex sa kanto, nahulog sa iniisip. Tinapik niya ito sa balikat at kumukurap na niyuko siya nito. “What?”

Ngumisi siya at itinuro ang traffic light sa kabilang panig ng kalsada. “Sa planetang ito, pag berde ang ilaw, ibig sabihin, lakad na.”

*Garden of Eatin’* ang pangalan ng kainan, at malinaw na suki si Lieutenant Cruz doon.

Naaliw si Caitlin na bagaman ilang magagandang babaeng customers at dalawa sa mga batang waitresses ang nakatitig kay Alejandro Cruz nang may hayagang paghanga, tila hindi nito napapansin iyon. Sa halip, nilapitan nito ang isang payat at medyo may-edad na tagasilbi at binigyan ng mabilis na yakap.

“Alex,” masayang sabi ng waitress. Isang nametag na may nakasulat na ‘Martha’ ang nakaperdible sa flat nitong dibdib. Kumapit ito sa braso ng tinyente at nginitian ang lalaki. “Oy, big guy, hindi kita masyadong napagkikita nitong nakakaraan, ah. Bakit ba—bigla bang tumaas ang crime rate? Masyado kang busy na ni hindi mo na madalaw ang mga kaibigan mo?”

“Alam mo naman na ’yun, Martha,” malungkot na sagot ni Lieutenant Cruz, binitiwang babae at humakbang paatras. “Nagtatrabaho ako nang maigi para maitaboy ang mga kriminal. Para ligtas kayo parati.”

“Eh, hindi n’yo masyadong nagawa ang trabaho n’yo n’ung isang gabi. Inatake ang cook namin ng ilang lalaki n’ung pauwi siya.”

Tumalim ang tingin ni Alex. “Si Hank?” Kumunot ang noo nito. “Ano’ng nangyari? Nasaktan ba siya?”

Nagkibit-balikat si Martha. “Binugbog siya. Nabalian siya ng tadyang at muntik pang basagin ang bungo niya kung hindi lang ’yun sobrang tigas. Natangay ’yung dalawandaang dolyar niya.”

Inilabas ni Alex ang isang notebook at nagsimulang magsulat. “Nakita ba ni Hank kung ano’ng hitsura nila?”

Muling nagkibit-balikat si Martha. “Ewan. Kelangan mo siyang tanungin.”

“Pakisabi kay Hank na dumaan siya sa opisina. Ipapakita namin sa kanya ’yung mga usual suspects at titingnan kung may makikilala siya sa mga ’yun.”

“Para ano pa?” Naglabas ang babae ng pagod na buntong-hininga ng isang taong sanay na sa masamang kalakaran ng mundo, kung saan kawawa ang mga walang kapangyarihan. “Hindi n’yo rin naman mahuhuli ang mga ’yun.”

“Puwede naming subukan.” Tahimik at matatag ang malalim na boses ni Alex. Batid ni Caitlin na ang tsansang mahuli ang mga magnanakaw matapos ang dalawampu’t apat na oras ay napakaliit. Pero nakakabuhay ng loob ang tono ni Alex, na halos naniniwala siyang kaya nitong iharap doon ang dalawang magnanakaw na parang magic, kasama

ang pera ni Hank na walang bawas.

Binitawan ni Alex si Martha at inilagay ang kamay sa likod ni Caitlin, iginigiya siya sa isang booth. Napansin niyang may punit ang upuang nababalutan ng pulang vinyl. Nang makaupo siya, pumwesto ito sa katapat niya at itinulak patungo sa kanya ang menu na ipinatong ni Martha sa mesa. “Masarap ang cheeseburger nila dito. Pati ’yung burritos.”

Hindi na niya binuksan ang menu. “Sige, cheeseburger na lang sa ’kin.”

Sumenyas si Alex at lumapit si Martha na naglagay ng dalawang basong may malamig na tubig sa harap nila. “So—ano’ng sa inyo?” Hinila nito ang lapis mula sa likod ng tainga. “Yung usual sa ’yo, Alex,” sabi nitong ni hindi tiningnan ang binata, “at sa ’yo, Miss?”

“Cheeseburger,” sagot ni Caitlin.

“C.B. at isang burrito,” ulit ni Martha, nagsusulat. “Drinks?” Tiningnan siya nito, nagsasalubong ang mga kilay. “At ’wag mo nang subukang humingi ng kahit anong alcoholic, dahil hindi kami nagseserve ng alak sa mga menor de edad.”

Bahagyang kumurba ang bibig ni Alex. Lord, *ngiti* ba iyon? “Relax, Martha, hindi na siya menor.” Itinaas

nito ang isang kilay kay Caitlin. “So, ano’ng sa ’yo?”

“Iced tea,” turan niya.

“Black coffee sa ’kin.”

Ibinalik ng lalaki ang atensyon sa kanya nang makaalis ang waitress. Ipinatong nito ang mga braso sa kupas na linoleum ng mesa at inilapit pauna ang ulo. Pinagmasdan siya nito sa loob ng mahabang sandali. Masyadong masidhi ang tingin nito na pakiramdam niya ay hinahanap nito ang mga sekreto ng kaluluwa niya. Mabuti na lang at hindi siya kriminal at walang kailangang amining krimen, dahil kakanta talaga siya. Sa isang pintig lang ng puso. Sinong nilalang ang kakayaning makatagal sa marubdob at matiim nitong tingin?

“Okay.” Naggalawan ang mga kalamnan sa panga nito habang pinanonood niya ito na sinusubukang ilinya ang mga argumento nito kontra sa pananatili niya sa istasyon sa loob ng sampung araw.

Gayunpaman, may nangyari sa nakalipas na oras na kasama niya ang lalaki. Napaniwala siya sa thesis ni Ray. Wala nang kahit anong makapipigil sa kanya ngayon. Daldalan at awayin na siya ni Alex—dahil malamang hindi iyon ang istilo nito—kausapin siya nang matagal, hindi siya maiimpluwensyahan. Hindi



talaga. Hindi ngayong nakita na ng sarili niyang mga mata kung gaano kahanga-hanga ang binata. Isang oras lang kasama ito at naisulat na niya sa isip niya ang isang buong kabanata ng dissertation niya. Hindi lang iyon; alam na niyang mayroon siyang sandata laban dito: si Ray.

Gayunpaman, masaya ring panoorin itong sumubok na himukin siyang huwag ituloy ang binabalak niya.

Muling nagbungkusan ang kalamnan sa panga ng lalaki. “Okay, gusto ni Ray na manatili ka nang isang linggo sa istasyon. Nakuha ko na ’yun. Ang hindi ko maintindihan ay kung ano ang kailangan mo sa amin. O kung ano ang iniisip ni Ray na makukuha mo sa paglalaan ng oras kasama namin.”

Uminom muna si Caitlin ng tubig. Hindi niya sinasadyang antalahin ang pagsagot, inaayos lang niya ang kanyang mga ideya. Hindi dapat palipad-lipad ang isip ng sinumang kaharap ni Alejandro Cruz. Minamasdan siya ng madidilim nitong mga mata, ang malambot at senswal na bibig ay mariing nakalapat...

Marahang inalog ni Caitlin ang sarili at humugot ng malalim na hininga. Kailangan niyang makumbinsi ito na seryoso siya. Alam na niyang matutuloy siya

sa pananatili sa *Baylorville Police Headquarters* sa susunod na linggo, pero malaki ang kaibahan kung magiging matulungin si Alex Cruz, at hindi magiging hadlang. Kaya kailangan niyang maging maingat at hanapin ang mga tamang salita.

“Look. May double masters ako sa Behavioral Psychology at Sociology.” Inilapit niya ang ulo pauna kagaya ng ginawa ng lalaki, tumingin nang derechong sa itim nitong mga mata at sinusubukang maunawaan siya nito. “Noon pa man, interesado na ako sa theory sa pagpapatupad ng batas at ’yun nga ang sinusulat kong dissertation ngayon. Meron talaga ako ng lahat ng materials na kailangan ko, pero gaya ng nasabi ko, in-insist ni Ray na mag-stay ako sa isang police station at sa tingin ko tama siya, dahil importante naman talaga ang fieldwork kapag sinusubukan ang mga theories.

“Hindi ako magiging abala, promise. Meron akong medyo binagong *Thematic Apperception Test* na ipapakuha ko sa mga tao mo, pero puwede nilang kunin iyon kung kailan lang sila may libreng oras. Gusto ko rin silang ma-interview, pero puwede rin iyong gawin kapag libre sila at kung kailan sila payag. Hindi ko gagambalain ang trabaho ninuman at pangako hindi ako magiging sagabal. Pagbalik ko sa hotel sa gabi, ni hindi mo malalaman na nagpunta

ako sa istasyon.”

Parang ni hindi siya nagsalita tungkol sa trabaho niya. Napakalayo ng pinuntirya nito. “Sa hotel ka tumutuloy? Saan? Aling hotel?”

“*The Carlton*,” sagot ni Caitlin, nalukot ang ilong. Estudyante siya sa halos buong adult life niya at nasanay siya sa mahihirap na kondisyon, pero ang nabanggit na hotel ang, hands down, pinakamasamang lugar na natulugan niya sa tanang buhay niya.

Iniatras nito ang ulo. “*The Carlton*. Nasa Riverhead ’yun.”

Napakurap siya dahil sa mapakla at tutol na tono ng boses nito.

Umiling ito. “Nababaliw ka na. Iyong Riverhead ang pinakapangit na lugar dito sa Baylorville, mas masama pa kaysa sa Trey. Sa hitsura mo, ’yang tipo mo na nawawala sa sarili dahil sa mga iniisip, ganyan ang mga nabibiktima ng mga kriminal sa Riverhead.” Malakas na ibinagsak nito ang buko ng mga daliri sa ibabaw ng mesa at mabilis na bumuga ng marahas na hininga. “S’abi ko na nga ba. May death wish ka talaga.”

“Wala.” Bumuntong-hininga si Caitlin. “Hindi ko

alam na gan'un pala sa area na 'yun. Siguro hindi rin alam ng travel agent ko. Sinabi ko lang kasi sa kanya na gusto ko 'yung mura lang. Siguro hindi niya alam kung gaano ka... lala 'yung lugar." Nagkibit siya. "Anyway, ilang araw lang naman."

"Sapat ang ilang araw para magawan ka ng masama, baka mapatay pa," prangkang sagot ng lalaki. Tumango pa ito nang makitang napaurong siya sa ginamit nitong mga salita. "Buti naman. Habang natatakot ka, mas magiging maingat ka."

Pero hindi siya nito kilala. Hindi nito alam na hindi siya mabilis takutin. "Gaya ng sinabi ko, ilang araw lang naman ako mananatili d'un. Akala ko—umaasa ako na mabibigyan ako ng grant ng *Frederiksson Foundation*. Pag nakuha ko 'yun, saka ako maghahanap ng apartment."

Sinubukan ni Caitlin na hindi mamilipit sa ilalim ng madilim, matiim at tumututol nitong tingin. Sinalubong niya iyon habang pinananatiling neutral ang ekspresyon sa mukha. Ngunit ramdam niya ang determinasyon nito na nakikipagtagisan sa kanya mula sa kabilang panig ng mesa niya. Nakahinga siya nang maluwag nang dumating si Martha at malinis na itinulak ang burrito at cheeseburger sa harapan nila.

Tila walang pakialam sa mundong kinagatan

ni Caitlin ang burger at ngumuya. “Wow. Ang sarap nito, ah.”

Hindi masyadong nakikinig si Alex, masama lang ang tingin sa kanya. Pinigil ng dalagang ipaikot ang mga mata o magpakita ng pagkabagot sa anumang paraan habang nilalantakan niya ang masarap na cheeseburger. Ayaw niyang gumawa ng kahit ano para guluhin ang balanse dahil sa ngayon, tabla ang laban sa pagitan ng lakas nito at ng katigasan ng ulo niya. Matatalo ang unang kukurap.

Nagtitigan sila; gayang-gaya ni Alex ang isang umuusok na tsiminea.

Makalipas ang ilang sandali, naging katawatawa na iyon. Sinubukan ni Caitlin na magbukas ng maliit na usapan bilang distraction. Tinapos niya ang pagnguya at saka ngumiti. “Nasabi sa akin ni Ray na espesyal ang cheeseburgers dito sa Baylorville.”

Nanatiling nakatingin lang si Alex. Ayaw nitong pumunta siya sa istasyon, pero maliwanag din na puwersado itong gawin iyon, sa mga dahilang hindi niya maintindihan, bilang pagsunod sa gusto ni Ray. Hangga’t wala siyang ginagawa o sinasabi na puwedeng maging bala nito, mananalò siya.

Dumerecho sa sistema ni Alex ang masarap na amoy ng pagkain, ipinapaalala sa kanyang gutom na siya. Kape galing sa opisina lang ang laman ng kanyang tiyan, at malala pa iyon kaysa wala.

Dinampot ni Alex ang tinidor para kumuha ng burrito pero agad ding napahinto, patuloy na iniisip ang mga sinabi ni Caitlin. Nasorpresang itinaas niya ang ulo.

*“The Frederiksson Foundation?”*

Ang nabanggit na foundation ay ipinagmamalaki ng lungsod—isa iyon sa pinakakilalang research institutes sa bansa, pinamumunuan ng dalawang *Nobel Prize* winners.

Tiningnan niya si Caitlin Summers, sa pagkakataong iyon ay sinubukan niyang huwag isali ang di kapani-paniwalang ganda nito, ang pagiging absentminded, ang pagiging lampang grad student.

Ngayon, nakita niya ang katalinuhan.

Hindi niya iyon kaagad napansin noong una dahil nuknukan ito ng ganda at mukhang inosente. Wala pa siyang nakilalang babae na maganda, matalino at inosente. Karamihan sa mga kilala niyang matatalinong babae ay mga pulis. At hindi mananatiling inosente ang isang alagad ng batas

matapos ang unang araw nito sa trabaho.

Lumunok ito at ngumiti sa kanya. “Narinig mo na ’yun? Sabagay, tagarito ka sa Baylorville, eh. Gusto ko talagang makapasok d’un, kung aalukin nila ako.” Nanulis ang mga labi nito. “Kahit pa puno ’yun ng mga pencil-dick geeks.” Binigyan siya nito ng naaaliw na ngisi bago muling kumagat sa cheeseburger. Isang patak ng ketchup ang tumulo mula sa tinapay at naiwan sa sulok ng labi nito. Mabilis nitong dinilan iyon paalis.

Binuksan ni Alex ang bibig para sana sumagot pero na-sidetrack siya pagkakita sa maliit at kulay rosas na dila. Iyon ang isa pang aspeto ni Caitlin Summers na sinusubukan niyang hindi pansinin, pero ang mabilis at pilyang ngisi, ang dila nitong dumaan sa mapipintog nitong mga labi—na naging dahilan para i-imagine niya ito na ginagawa iyon sa *kanya*—na-distract siya niyon.

Mahigpit na pinaghihiwalay ni Alex ang sex at trabaho. Hindi naman sa maraming sex na kailangang ihiwalay nitong nakaraan. Naging abala siya. Gayunpaman, sakaling may nakikilala siyang kaakit-akit na babae na may kahit anong koneksyon sa trabaho, pinapatay lang ni Alex iyong switch sa isip niya para manatiling nakataas ang zipper niya.

Nasira ang switch na iyon ngayon lang.

Napansin na niya kung gaano ito kaganda pero hindi naman talaga siya apektado niyon, normal na reaksyon ng isang lalaki ang nangyari nang muntik na itong masagasaan kanina. Balewalang isinama niya iyon sa mga katangiang pagkakakilanlan dito, parang bumubuo ng sketch ng isang suspek: *Malalaki, makislap na mga matang kakulay ng langit kapag tag-araw, makapal na ginintuang buhok na nag-uumalpas sa ponytail niyon, mataas at tila nililok na cheekbones, mahaba at eleganteng leeg. Five-four, balingkinitan. Sobrang ganda.*

Pero ngayon, tila inaabot siya at sinusunggaban ng lahat ng pang-akit na iyon, pinupuwersa siyang magbigay ng atensyon, at tingnan ito bilang isang babae. Wala itong gamit na pabango, walang makeup, ang mga damit ay lukot at mumurahin. Pero walang pakialam ang alaga niya. Basta nanigas na lang ang lintsak at naghumindig.

*Buwisit na Ray Avery! Magiging malaking abala ang babaeng ito. At hindi ngayon ang tamang oras para mag-isip siya gamit ang isa pa niyang 'ulo'. Hindi ngayon kung kailan nakatuon siya kay Angelo Lopez...*

Siguro nangyayari ang lahat ng ito dahil nga



matagal na siyang hindi nakikipag-sex, parang isang parusa, ganoon. Kailangan na niyang gawan iyon ng paraan agad-agad, pero hindi kay Caitlin Summers.

Bukod sa hindi ito ang tipo niya, ipinadala ito ni Ray. Parang... parang pakikipag-sex iyon sa anak ni Ray. Walang anak ang lalaki dahil hindi naman ito nag-asawa, pero kahit na.

“Tinyente?” Tiningnan niya ang kaharap. Shit, kahit ang boses nito ay nakakaakit. Malambing, may kaunting pahiwatig ng honeysuckle, pero walang iyong kiming ugali na ayaw na ayaw niya sa mga babaeng taga-South. Umayos siya ng upo. Hindi pa rin natitinag ang ‘junior’ niya.

Ibinaba ni Caitlin ang cheeseburger at tumuon pauna, sinusuri ng mapusyaw na bughaw nitong mga mata ang sa kanya. “Makinig ka, nakapag-interview na ’ko ng sanlibong tao, literal, sa trabaho nila. Totoo ’yung sinabi ko kanina. Makakaasa ka na hindi ako magiging dahilan para magulo o maabala ang sinuman sa mga trabaho nila. Magiging maingat ako na ni hindi mo mapapansin ang presensya ko. Gusto ko lang makausap ang mga pulis, makilala sila nang sapat para ma-evaluate ’yung questionnaire. Aalamin ko kung ano’ng nararamdaman nila tungkol sa trabaho nila, o kung may problema ba sila.”

“Puwes,” inis na sagot ni Alex. “Kaya ko nang sabihin sa ’yo ngayon ang sagot kahit hindi mo na sila interview-hin pa. Gusto nilang hulihin ang mga kriminal at manatiling buhay habang ginagawa iyon.”

“Siyempre naman.” Itinaas nito ang salamin sa puno ng ilong. “Pero para magawa ’yan, kailangan nila ng strategy. A survival strategy. Parehong predator at prey ang mga pulis, kaya kagaya sa kahit anong hayop sa gubat, kailangan nilang maghanap ng bibiktimahin habang kinukumbinsi ang mga kalaban na hindi sila magiging madaling patayin o kainin.”

Dumagundong ang tawa sa dibdib ni Alex ngunit tumanggi siyang ilabas iyon. Hindi ito katatawanan, buwisit. Sobrang tumatanggi siyang magayuma ni Caitlin Summers, kahit gaano pa ito kaganda at katalino. Magiging pabigat ito at abala.

Bubuksan lang niya ang pinto ng istasyon sa dalaga dahil napilitan siya at dahil hiniling iyon ni Ray Avery sa kanya. At si Ray ang nag-iisang taong nabubuhay sa mundo na pagbibigyan niya ng ganito.

“Palagi namang may positibong rebound effect ang academic theory sa mga taong pinag-aaralan,” mahinang sabi ni Caitlin. “Kaya hindi naman masasayang ang oras mo o ng mga tao mo.”

“Rebound effect?” Pinigilan ni Alex na paikutin ang mga mata. “Ibig mong sabihin, *tutulungan mo kami?*”

Alam niyang nasa intimidation mode siya, pero sa gulat niya, hindi natakot o umatras ang kaharap. Malinaw na pakiramdam nito ay nasa ligtas itong lugar.

Tumango si Caitlin. “Oo. Isang malaking parte ng Behavioral Psychology ay nakabase sa katotohanan na tayo ay mga hayop at sumusunod tayo sa batas na sinusunod din ng lahat ng animal species. Kakain ka o ikaw ang kakainin. Hahanap ka ng kapareha at poprotektahan ang mga anak n’yo. Pinanatili mong magkakasama at maayos ang grupo mo o ang flock o pride sa pamamagitan ng pagsunod sa utos ng nakatataas. Kailangang gamitin ang pagiging agresibo sa ilang pagkakataon dahil kung hindi, sasamain ang grupo. Sa aspetong ito, iba ang tao sa ibang mga hayop. Iyon ang dahilan kaya fascinating ang modern law enforcement.”

Umungol si Alex at niyuko ang plato, nagulat pa nang makitang hindi pa siya nakakapag-umpisang kumain. Nagugutom na siya kanina pa pero nakalimutan niya ang pagkain niya dahil sa babae. Mukhang mas malaki pang distraction si Miss Caitlin

Summers kaysa una niyang inisip. Walang masyadong humahadlang sa kanya pagdating sa mga burritos ni Hank kapag gutom siya. Sadyang itinusok niya ang tinidor sa ngayon ay maligamgam nang burrito.

Ikiniling ni Caitlin ang ulo at pinag-aralan siya. “Sige nga, Tinyente. Bakit hindi mo sabihin sa ’kin kung anong kaso ang tinatrabaho n’yo ngayon at sasabihin ko kung anong academic theory ang puwedeng i-apply diyan.”

Napahinto ang tinidor ilang dali mula sa bibig niya nang maintindihan ang sinabi nito.

Hindi. No f\*cking way. Hindi siya magdadaldal tungkol sa mga problema nila sa unang babaeng may magandang mukha na magtatanong.

Pero... pero. Mabuting pulis si Alex dahil ginagawa niya ang lahat ng makakaya niya, dahil hindi siya tumatanggi sa anumang tulong, dahil hindi sarado ang kanyang isip. At ang babaeng ito ay gumugol ng ilang taon sa pag-aaral ng tungkol sa pagpapatupad ng batas. Sigurado may kuwenta iyon...

Lintek.

Pinag-iisipan niya iyon. Ano ang nangyayari sa kanya? Nababaliw na ba siya?

“Hindi mo naman kailangang magbigay ng pangalan o detalye, Alex. Ibigay mo lang ‘yung general outline ng problema.” Nginitian siya ng kaharap, marahang tumaas ang sulok ng mga labi. Noon niya naisip na may mga babae rin palang nag-iisip at hindi gumagamit ng lipstick. Maganda ang natural na kulay ng mga labi ni Caitlin—makinis, makinang na mapusyaw na rosas. Maaari niya itong halikan nang hindi nanlalagkit ang mukha niya. Pumintig ang pagkalalaki niya sa isiping hinahalikan niya ito, tinitikman ang loob ng kaakit-akit nitong bibig, hinahagod iyon ng kanyang dila...

Hinila niya ang sarili pabalik sa realidad. *Iba na lang ang isipin mo*, utos niya sa sarili.

Ang tumatakas na si Ratso at ang humalakhak na si Lopez ang dumating isip niya, at natigil ang karnal na reaksyon ng kanyang katawan.

“May hinahanap kaming tao.” Natagpuan niya ang sarili na sinasabi iyon.

“Kriminal?”

“Oo.” Kalmado, sa wakas ay isinubo ni Alex ang nasa tinidor at nagsimulang ngumuya. Lihim na napabuntong-hininga siya nang ma-realize na sasabihin niya rin sa babae ang tungkol kay Ratso

Colby. Ayaw niya, pero iyon nga ang gagawin niya. “Bookkeeper siya ng taong gusto talaga naming mahuli, iyong mas malaking kriminal. Nalaman namin na ’yung bookkeeper ang nagtatago ng lahat ng accounts n’ung major bad guy—at hindi ang pagfa-file sa IRS ang sinasabi ko rito. Kung mapapatuga namin ang lalaking ito, maipakukulong namin ang mobster sa loob ng mahabang-mahabang panahon. Malas lang, kumalat sa kalsada ang balita tungkol sa paghahanap namin sa bookkeeper, kaya ’ayun tumakas. Mula sa amin at ngayon, sa mobster na rin, na malamang ay alam na rin kung ano’ng balak namin.”

“Ano’ng incentives ang iaalok n’yo sa bookkeeper na ito para bumaligtad?”

Nagulat si Alex nang mapagtantong dumerecho ito sa puso ng usapin. “Well, ang bookkeeper nating ito ay bad boy din dati—alam niya iyon at alam namin. May dalawa o tatlong kasong puwede naming isampa laban sa kanya. Maliliit lang naman, pero dalawang beses na siyang nahuli noon at ito ang ikatlo.”

“Tatlong beses at namumuro na siya,” mahinang ani Caitlin, hindi inaalis ang tingin sa kanya.

“Gan’un na nga,” sagot niya, may kasiyahan.

“May panahon din noon na nakulong ang kaibigan nating ito at hindi niya nagustuhan ang buhay sa selda, at gagawin niya ang kahit ano para hindi na bumalik pa d’un. Kaya sa tingin namin, ibibigay niya ang mga pangalan at petsa tungkol sa kung paano at saan ipinapalinis ng mobster ’yung pera niya. ”Tapos, bang! Makakasuhan na ang bad guy.”

“At ano’ng mangyayari sa... bookkeeper?”

“*Witness Protection Program*, malamang,” turan niya. Nakita niyang napangiwi ang babae. “Bakit?”

“Naisip ko lang na parang selda lang din ’yun d’un sa bookkeeper n’yo. Palilipatin siya sa kung saan, base sa desisyon ng opisina ng Marshall, bibigyan ng identity na sila rin ang pumili, gagawa ng walang mukha o pangalang trabaho na mapipili ng opisina, palaging nakabantay kung merong nakasunod sa likuran niya... hindi iyon madali.”

“Yeah, yeah. Mahirap nga iyon,” walang simpatyang sagot ni Alex. “Dapat naisip niya iyon bago siya nagtrabaho para kay Lo—para sa isang kriminal. So, sisilip ka na ba sa bolang kristal mo at sasabihin sa amin kung saan siya nagpunta o hindi?”

Matalim siyang tinunghayan ni Caitlin, pero hindi niya ito pinagtatawanan. Hindi talaga siya sigurado

kung makakatulong nga ang anumang sasabihin ng babae, pero magalang niyang hinintay ang sagot nito.

“Basically, may dalawang klase ng pag-uugali ang prey kapag may predator,” saad ni Caitlin. “Pagtakas at crypsis; pagtatago para hindi sila madaling matiktikan. Tingin mo ba nakatakas na siya?”

“Hindi. Sa katunayan, na-ispatan siya kaninang umaga.”

“Baka may rason kung bakit hindi pa siya pumupuga at baka gusto mong tingnan ’yun. Siguro may hinihintay siyang kung ano o sino.”

*Naghihintay.* Pinag-isipan iyon ni Alex. Siya man ay nagulat noong narinig niyang naroon lang si Ratso samantalang mas may katuturan kung aalis ito ng Dodge nang mabilis; pinaghahanap ito ng mga pulis at maging ni Lopez. Ang mga pulis para pagsalitin ito, si Lopez para permanenteng patahimikin ito na magsabi ng detalye. Kaya bakit nga hindi pa ito umaalis ng bayan? May hinihintay na kung ano o... *sino*, sabi ni Caitlin.

Agad niyang inalis ang ideya na may love interest si Ratso. Dalawang bagay lang ang lubusang minahal ng lalaki—ang sarili nito at pera. Ngayon, kung pera... siguro may itinago itong kuwarta at hinihintay



na mapasakamay nito iyon bago ito tuluyang umalis. Puwede.

“Ngayon,” sabi niya, na sumenyas na kay Martha, “kailangan nang bumalik sa trabaho ng partikular na *predator* na ito.” Kumunot ang noo niya nang makitang may hinahalungkat sa bag nito ang dalaga. “Ano’ng ginagawa mo?”

Natigilang napakurap si Caitlin. “Er... kinukuha ang wallet ko?”

Lumalim ang kunot niya. “Para saan?”

Pinasadahan ng babae ng tingin ang apat na dingding ng café na para bang matutulungan ito ng mga iyon. “Um...” Kinagat nito ang pang-ilalim na labi. “Para bayaran ’yung kinain ko?”

Isinilid ni Martha ang check malapit sa kanang siko ni Alex at inabot iyon ni Caitlin. Dinakma niya ang pupulsuhan nito, dinama ang mainit at malambot na balat sa kanyang palad.

“Hindi nga,” protesta ni Caitlin, “yaan mo na akong—” Hinila nito ang braso mula sa pagkakahawak niya at tinamaan ang baso ni Alex. Dumerecho sa kandungan niya ang malamig na tubig na laman niyon.

*A Fine Specimen - Lisa Marie Rice*

---

Isang segundong napapikit si Alex sa nagyeyelo at basang sensasyon sa bandang hita niya. Kabaligtaran iyon ng mainit at basang sensasyong hatid ng kape isang oras ang nakaraan. Dumilat siya para makita ang hiyang-hiyang ekspresyon ni Caitlin Summers.

Well, kahit paano dahil doon ay nahulasan ang kanina ay galit niyang alaga. Pasalamat ka na lang, sabi nga ni Ray.

“Sabihin mo’ng totoo, Miss Summers,” ani Alex habang nag-iiwan ng dalawang bill sa mesa at tumayo. “Drycleaner ko ba ang nagpadala sa ’yo?”

## 4

*“Ano’ng ginagawa mo rito nang ganitong oras?”*

Napatalon si Caitlin sa mabagsik at malalim na boses mula sa likuran niya. Wala siyang duda kung sino iyon. Hindi maipagkakamali ang tinig ni Lieutenant Alejandro Cruz. Hindi lamang dahil sa malalim na timbre, kundi maging sa matatag na tono ng kapangyarihan. Oo, tiyak na si Alex Cruz iyon.

Umunat siya, mabagal na umikot; kumukurap at sinusubukang pagliwanagin ang isip para pakitunguhan ang lalaki. Tila nahuhuli siya nito parati sa pinakamalala niyang mga sandali.

Matapos ang mapaminsalang pagtatapos ng kanilang tanghalian, tahimik silang naglakad pabalik sa istasyon. Pulang-pula ang mga pisngi ni Caitlin dahil sa kahihyan. Habang nasa opisina nito si Alex, nagtingin-tingin siya sa paligid, pinakiramdaman ang lugar, nakipag-usap sa mga pulis.

Matapos ang ilang oras na pag-oobserba sa mga trabaho sa istasyon, tinanong niya si Sarhento Martello kung may pribadong lugar doon kung saan puwede siyang gumawa ng ilang paperwork.

Dinala siya nito sa isang malaking silid lampas sa squad room na may INTERROGATION na nakaukit sa tila nagyeyelong panel sa bandang itaas ng pinto. Inasikaso ni Caitlin ang mga questionnaires niya.

Alam niyang walang mga bintana o kahit anong dekorasyon sa mga interrogation rooms, upang walang makagambala sa atensyon ng suspek sa oras ng interogasyon at maging tutok ang pagtatanong. Halos isang anyo iyon ng pagkakait dito ng mga pandama. Sa kamalasan, dahil kakaunti ang gambala, garantisadong ilalagay siya ng silid sa study trance, at mabilis niyang malilimutan ang tungkol sa mundo sa labas, maging ang paglipas ng oras.

Ibinalik siya ng tinyente sa realidad sa isang padyak. Awtomatikong sinulyapan niya ang kanyang relo at nasindak nang makitang malapit nang magmenos kinse bago ang alas ocho ng gabi.

“Oh, my God!” singhap niya, napatayo at mabilis na tinipon ang mga papel. Dahil nga walang bintana ang silid, hindi niya nakitang kanina pa pala lumubog ang araw. “Salamat sa paalala. Kailangan ko nang magmadali. Alas ocho ang alis ng huling bus pa-Riverhead.”

Ipinasok ng binata ang dalawang malalaki at mabibigat na libro sa bag niya at tinimbang-timbang

sa kamay ang ikatlo. “Buti na lang, hindi nalaglag ang mga ito sa paa ko,” sarkastikong saad nito, saka siya matalim na tiningnan. “Wala kang kotse?”

“Wala.” Sandali siyang nakipagpambuno rito kung sino ang magdadala ng mabigat na bag, pagkatapos ay hinayaan na ito. Wala na siyang oras para makipag-argumento. Beinte minutos ang biyahe niya sa bus at madilim na kapag nakarating siya sa Riverhead. At kinse minutos na lakaran mula sa terminal hanggang Carlton. Sampu, kung bibilisan niya.

At bibilisan niya talaga. Sobrang natatakot na siya isipin pa lang na maglalakad siya sa Riverhead nang madilim na.

Tinakbo na ni Caitlin ang hagdanan hanggang sa unang palapag, hindi na halos napansin ang tiyenteng nakasunod. Kinailangan niyang bunuin ang daan sa gitna ng mga tawanan at biruan ng mga pulis na papaakyat. Parating na ang mga pang-night shift. Itutulak na niya ang mabigat na pinto nang may humablot sa siko niya.

“Tinyente,” nagmamadaling sabi niya, hinihila ang braso habang inaabot ang mga libro mula sa lalaki. Hindi masakit ang hawak nito pero mariin iyon. “Salamat sa pagbitbit ng bag ko, pero kailangan

ko nang umali—”

Nakatitig ang binata sa kanya nang masama. “Hindi ka aalis, Miss Summers, sasama ka sa akin.”

Napahinto si Caitlin, lahat ng anyo ng kaisipan ay lumipad mula sa isip niya. Sa ginawa nitong paghawak sa siko niya, nahila siya palapit. Sobrang lapit na kailangan na niyang tumingala para makita ang mukha ng lalaki. Sobrang lapit na kita na niya ang nag-uumpisang mangitim na panga nito dahil sa papatubong balbas. Sobrang lapit na inisip niyang naamoy na niya ito—pinaghalong amoy ng sabon, balat, gun oil na pumupuno sa istasyon, musk, pawis at sanitizer. Kahit nanlilisik ang mga mata nito sa kanya, nais niyang lumapit pang lalo, para tingnan kung kasing-sarap ba ng naaalala niya ang mapadikit sa binata.

Kaya nga may mga tukso ay para may bumigay roon—at humakbang pa siya nang kalahati palapit sa lalaki.

Diyusme, oo nga, ang sarap nito sa pakiramdam. Wala iyong katulad sa lahat ng nahawakan niya noon. Karamihan sa mga lalaking nahahawakan niya ay mga estudyanteng malalambot at mapapayat ang mga biyas. Nunkang nangyaring pinag-initan siya ng katawan dahil sa paghawak sa mga ito.

Ito ang turn-on; ang maramdaman ang malakas, malaman at malusog na katawan sa tabi niya. Halos lamunin siya ng pagkatukso niyang itaas ang kamay at abutin ang mukha nito, para lamang makita kung kaya ba niyang palambutin ang matigas na ekspresyong naroon.

Malinaw na gumawa ng kaguluhan ang lalaki sa mga proseso sa isip niya. At masyado iyong delikado. Hindi ito ang klase ng lalaki na puwedeng paglaruan. Hindi lang ito pormal at parang walang emosyon, kailangan niya ang kooperasyon nito sa susunod na linggo. Hindi kasali sa usapan ang paghipo sa tinyente.

Ikinuyom niya ang palad at agad umatras.

“Kailangan ko nang umalis, Tinyente,” sabi niya, muling tinangkang hilahin ang braso. “Yung bus—”

“Sinabi ko nang tawagin mo ’kong Alex. At hindi mo hahabulin ang bus na ’yun.”

Napakurap ang dalaga. “Pakiulit?”

Binitiwang nito ang siko niya at inilagay ang isang malaking kamay sa kanyang likod. “Tawagin mo akong Alex, tatal magiging yayo mo ako.”

Nananakot man ito o hindi, naramdaman ni

Caitlin ang inis dahil sa mga salita nito. Nawalan siya ng ama noong bata pa siya at kinailangan niyang magtrabaho mula pa noong doce siya. Pinag-aral niya ang sarili hanggang kolehiyo at graduate school sa pamamagitan ng sipag, at sanay siyang sa sarili lang umaasa. Independent siya.

Huminto si Caitlin, at pinanlisikan ito ng mga mata. “Hindi ko *kailangan* ng babysitter, salamat na lang. Kaya kong alagaan ang sarili ko. At sa ngayon, ang ibig sabihin niyon ay ang makaabot ako sa pang-alas ochong bus, kung hindi, wala akong masasakyan at wala rin akong cash pang-taxi.” Pinilit niyang maging matapang at ipaintindi rito na kailangan na niyang lumabas ng istasyon agad, pero tinutulak siya nito sa isang pinto sa gilid.

“May sasakyan ka,” anito. “Ako.”

“Tinyen—”

“Alex.”

“Alex,” sambit niya sa pagitan ng nagtatagis na ngipin. Idiniin niya ang takong sa sahig. Ang huling bagay na kailangan niya mula sa lalaki ay ang maramdaman nito na pabigat siya rito. Para na rin niya itong binigyan ng sandata para paalisin siya sa malaon at madali. “Walang rason para isipin



mong kailangan mo akong i-babysit, o pakainin, o ipagmaneho. Ngayon, gusto kong makipagdebate tungkol sa punto ko, pero kailangang-kailangan ko na talagang maabutan ang bus.” Itinuro niya ang braso niya kung saan nakahawak pa rin ito. Ibinaba nito ang kamay.

“Pinadala ka ni Ray.” Sa tunog ng malalim na boses ng tinyente ay tila ba ang sinabi nito ang nagtatapos ng argumentong iyon. Nagkibit-balikat ito.

Sinulyapan ni Caitlin ang luma, mumurahin at pekeng *Swatch* at muli siyang nag-panic. 7:55. Isang minuto pa at masyado na siyang huli para mahabol ang bus. “Pakiramdam mo siguro obligasyon mong ipagmaneho ako hanggang sa hotel, Tinyente, pero walang rason—”

“Alex.”

“Alex,” ulit niya. 7:56. “Walang dahilan para isipin mo ’yan. Hindi ini-expect ni Captain Avery na babantayan mo ’ko. Ang hiningi lang niya ay bigyan n’yo ako ng konting oras ninyo.”

“Pinadala ka ni Ray. Sa totoo lang, gigilitan ako n’un ng leeg pag nalaman niyang hinayaan kitang maglaboy sa Riverhead nang gabi at nag-iisa.”

Pinagtagis ni Caitlin ang mga ngipin at nilunok ang mga salitang gustong sabihin. Aminado siyang mukha siyang mas bata kaysa sa tunay niyang edad. Bahagi ng rason ay dahil hindi siya magandang manamit. Wala siyang pera para magdamit na kagaya ng isang adult sa working world. Pero dahil sa hitsura niya at sa mga isinusuot niya, laging minamaliit ng iba ang kakayahan niya at ikinaiirita niya iyon. Hindi siya manyika at hindi siya tanga.

“Hindi ako *maglalaboy*, TinYE—Alex. Intensyon kong maging maingat, maniwala ka. Alam ko kung paano kumilos sa mga delikadong lugar. Hindi mo kailangang mag-alala.”

Dapat yata ay hangin na lang ang kinausap niya. Muling inabot nito ang siko niya, hindi masakit ang hawak pero hindi rin siya basta makakawala. Hinihila siya nito patungo sa isang pinto sa gilid at wala siyang magawa tungkol doon, puwera na lang kung gusto niyang gumawa ng eksena o iwan ang siko niya sa tinyente. Isang malaking relo sa lobby ang nagpakita ng oras. 8:00.

*Buwisit*, naisip niya. *Nakaalis na ang bus.*

Mula sa pinto sa gilid ay narating nila ang parking lot. May pinindot ang tinyen—si Alex sa bulsa ng jacket nito at isang makintab na itim na kotse sa

slot na may nakasulat na 'Lt. Cruz' ang tumunog; senyales na hindi na naka-lock ang mga pinto niyon. Hindi pa sapat na sinusunod niya ito ng mga pulis, hinanakit niya. Kahit ang *kotse* nito ay tila sabik ding magbigay rito ng atensyon, buwisit.

Napabuntong-hiningang naalala ni Caitlin ang luma niyang kotse, si Marvin. Namatay ito sa katandaan noong isang buwan at wala siyang pera pambili ng kapalit. Wala itong remote control o power steering o air con. Masuwerte na siyang may apat iyong gulong, kahit pa lahat ng mga iyon ay kalbo na.

Ipinagbukas siya ni Alex ng pinto ng kotse, binitiwang lang ang braso niya nang nakaupo na siya sa passenger seat. "Seatbelt," anito habang pumupuwesto sa likod ng manibela, pulis pa rin hanggang sa huli.

"Opo, *Sir*."

Nilingon siya nito, mukhang di apektado ng kanyang matalim na tono. "Batas 'yun."

Baka mas alam pa niya ang batas kaysa rito. Hindi ang batas ang problema, kundi si Alex mismo. "Well, walang sinabi ang batas tungkol sa pag-obliga mo sa sarili mo na gawin akong responsibilidad, o na kailangang samahan mo ako sa hotel ko."

Mabilis itong umurong, mahusay na inilabas sa slot ang sasakyan. “Hindi ganoon kalinaw ang batas sa puntong ’yan, Ms. Summers, pero may mga rules.”

“Caitlin,” pabuntong-hiningang sabi niya. “Kung magiging yayo kita, magtawagan na tayo sa pangalan.”

Mabigat ang daloy ng trapiko. Halos inabot ng cuarenta minutos ang biyahe nila. Papagabi na nang ihinto ni Alex ang kotse sa harap ng nabubulok na lumang hotel.

Pagtawid mula sa Carlton ay ang isang nasunog na apartment building. Sa kanan ay isang mabatong bakanteng lote at sa kaliwa ay isang gusaling pinakuan ng tabla ang mga lagusan, at ayon sa poster sa wasak-wasak na pinto ay kinuha na iyon ng gobyerno para magamit ng publiko, pero walang nagmalasakit nang husto para ipa-demolish talaga iyon.

Nang sandaling pumasok sila sa Riverhead, pagliko sa Madison Street, nakagugulat ang pagbabago, parang sa araw at gabi. May ilang taong nasa kalsada na magugulo ang suot, may mga halos nakatiwangwang na, blangko ang mga mata na malamang ay high sa droga o sa inuming pinili ng mga ito.

Doble ang bilang ng mga nauulat na bilang ng krimen sa Riverhead kumpara sa natitira pang lugar sa Baylorville, pero ang tunay na numero ay higit na mataas. Marami sa mga krimen ay hindi na nai-re-report, dahil sa simpleng dahilan na ang karamihan sa mga biktima ay mga kriminal din. Sa average, may isang pagpatay kada tatlong araw, dalawang panggagahasa kada isang linggo, apat na panghold up araw-araw at hindi na mabilang na kaso ng domestic violence. Halos apat na milyong dolyar na halaga ng droga ang nagpapasa-pasa sa mga kamay roon bawat araw.

Kunsabagay, ang pagbebenta ng droga na lamang ang maaaring ikabuhay ng mga tao sa lugar na iyon.

Ang life expectancy ng mga taga-Riverhead ay mababa ng tatlumpung taong kaysa sa mga residente ng iba pang bahagi ng siyudad, may magandang rason doon. Kung doon ka nakatira, mahirap ka at kung hindi ka adik o lasenggo, baka pareho. Kung hindi, kasal ka sa isa, o ganoong klaseng tao ang mga magulang mo. Wala na halos pag-asang makatakas mula roon maliban nang dumerecho sa kabaong, na ayon sa statistics ay siyang kinauuwian ng malaking porsiyento ng mga kabataan doon.

Sa lugar na iyon lumaki si Alex—anim na kanto

at isang iskinita mula sa Carlton. Maging ang mga magulang niya ay doon din lumaki. Nasa genes niya ang Riverhead. Itinadhana siyang doon ipanganak, mabuhay, at mamatay. Ang kapalaran niya ay ang maging kagaya ng mga tao roon—mabuhay nang mabilis, mamatay nang maaga at mag-iwan ng malaking mantsa.

Salamat sa Diyos, may isang Ray.

Naalala pa ni Alex ang Carlton noong kanyang kabataan. Doon nagtutungo ang mga negosyante mula sa downtown para kumuha ng mga batang-batang babae kapag lunch break para sa mabilisang paraos ng init ng katawan.

Walang mga kabit sa Riverhead, walang sosyal na mga babaeng dinadala sa malalaking bahay, walang mamahaling call girls. Ang mga babae roon ay masuwerte nang makatanggap ng sampung dolyar para magbigay ng oral sex sa kotse, o marahil ay beinte kapag mas mahaba ang sesyon sa Carlton, na inuupahan ng per hora.

Ilang taon na ang nakakaraan, nagkaroon ng mabilisang interes sa paglilinis ng Riverhead. Pininturahan ang Carlton at inayos ang bubong, sapat para magmukha itong medyo respetadong hotel. Pero ngayon, natatanggal na muli ang pintura at may

suspetsa si Alex na ginagamit ito sa mga bagay na mas delikado kaysa sa bawal na pag-ibig.

Nag-park siya sa mismong harapan ng entrance, iniisip na ang malabong ilaw mula sa balkonahe ay sapat para pigilan ang mga kawatan na kuhanin ang hubcaps niya sa loob, ah, mga quince minutos siguro. Beinte, pinakamatagal.

Pinatay na ni Alex ang makina. “Welcome sa Ritz,” tuyot na sabi nito, nakalingon kay Caitlin. Tahimik ang babae sa buong biyahe, nakatingin lang sa palalang tanawin sa labas ng bintana.

Lintek, masyadong out of place ang dalaga sa lugar na iyon. Lalo pa ngayon, sa ilalim ng aandap-andap na ilaw mula sa entrada ng Carlton, mistula itong doce años at walang kalaban-laban. Sa ibang bahagi ng mundo, isang garantiya iyon ng kaligtasan, pero hindi rito sa Riverhead. Sa lugar na ito, ang senyales dala ng dalaga ay: *come and get me*.

Umikot si Alex patungo sa tapat ng passenger door at binuksan iyon. Humakbang ito palabas ng kotse.

Tumunog ang bell nang itulak ni Alex ang mabigat na hawakan ng pinto ng hotel. Pinauna niya si Caitlin sa pagpasok. Naiirita niyang sinuyod ng

tingin ang nababakbak nang wallpaper at ang biyak nang sahig.

Ang pagkairita ay naging matinding galit nang makita niyang walang tao sa front desk at nakasabit lang sa isang plywood board ang mga susi ng silid.

“Ano’ng room number mo?” bulong niya sa dalaga.

“Four forty-six,” tugon nito. “Bakit?”

Inabot niya ang susi nito mula sa kabila ng mesa at isinilid iyon sa bulsa, saktong pumasok mula sa isang pinto sa gilid ang isang maitim na lalaking may suot na namantsahang turban. Ngumunguya pa ito at amoy ang aroma ng curry mula sa likod ng pintong pinanggalingan nito. Ngumiti ito nang makita ang babae. “Ah, Ms. Summers. Magandang gabi.”

“Magandang gabi, Hassan.”

“Kukunin mo ang susi? Four forty-six, tama ba?” Tiningnan nito ang board. “Teka...” Nilíngon sila muli ni Hassan at natigilan nang makitang hawak ni Alex ang isang tsapa dalawang dali mula sa ilong nito, sa likod niyon ang mukha ng binata. “S-S-Sir?”

“*Baylorville Police Department*,” angil ni Alex, sinusubukang pigilan ang galit. Sa kapabayaán



ng lintek na ito, maaaring magahasa o mapatay si Caitlin. “Masuwerte ka ngayon, Hassan, dahil hindi kita hihilahin patungo sa bayan dahil sa reckless endangerment. At hindi rin ako magtatanong tungkol sa estado mo sa Immigration.”

Namutla si Hassan sa kabila ng kulay ng balat nito.

Itinaas niya sa harap nito ang susi ni Caitlin. “Makinig ka, Hassan, dahil isang beses ko lang ito sasabihin. Huwag na huwag na *huwag* mong iiwan ang susing ito nang walang bantay. Kung kailangan mo talagang umalis ng front desk, dadalhin mo ang susi ni Miss Summers. Kung hindi, at may nakapasok sa kuwarto niya at nasaktan siya, personal kong gagawing trabaho na mapaalis ka nang habambuhay.” Mabagsik ang tingin ni Alex. He meant. Every. F\*cking. Word. “*Malinaw ba ’yun?*”

Napatalon si Hassan. “Opo, Sir, opo! Opo talaga.” Pinagdaop nito ang mga palad at yumuko. “Malinaw na malinaw.”

Tinitigan niya ito ng isa pang mahabang sandali saka ipinatong ang kamay sa likod ni Caitlin at iginiya ito sa bakal na pinto ng elevator na marami nang kupi.

Tahimik ang dalaga hanggang sa magsara ang mga pinto at umingit ang elevator habang mabagal na umaakyat. Hinarap siya nito. “Bakit gan’un ka magsalita kay Hassan? Hindi mo naman kailangang takutin siya.”

“Nagbibiro ka ba? Kailangan ’yun!” Bigla ang paghinto ng elevator at maingat na lumabas si Alex sa pasilyo. Malabo ang ilaw sa pasilyo at may mga bahagi ng kahabaan niyon na madilim. At ang Room 446 ay nasa dulo. “Kahit sinong nasa kalye ay puwedeng pumasok at kuhanin ang susi mo.” Pinagpawisan siya dahil sa kaisipang iyon. Hindi imposibleng may makapansin sa dalaga, sundan ito sa hotel, at hanapin kung aling silid ang gamit nito. Pagkatapos ay nakawin ang susi niyon habang nanginginain si Hassan sa kusina.

Hindi nakikinig si Caitlin. “Kararating lang dito ni Hassan mula sa Pakistan n’ung isang taon. Nagtatrabaho siya para makapag-aral ng Agronomy, ’tapos ikaw naman, tinakot mo ’yung kawawang mama. Nanakot pa kang tatawag sa Immigration, Diyos ko! Sigurado akong may Green Card siya, pero—Alex? Ano’ng ginagawa mo?”

Ginamit ni Alex ang susi para buksan ang pinto ng Room 446, kahit pa sa kalumaan ng kandado ay

kaya niya iyong i-lock pick sa loob lang ng dalawang segundo. Tumayo siya sa gilid ng pinto, binuksan, tiningnan ang silid saka pumasok. Ilang malalaking hakbang lang at pader na uli ang kaharap niya. Hindi mahilig gumastos ang *Carlton* pagdating sa espasyo. Mabilis niyang sinilip ang maliit na aparador at ang mas maliit na banyo.

Nakatayo ang dalaga sa pintuan, nakahalukipkip. “Well?” matamis nitong tanong. “Walang kung sinong barabas sa ilalim ng kama? Walang serial killer sa banyo?”

“Wala.” Bumalik siya sa harap nito. Tila kumikinang ang balat ni Caitlin sa malabong ilaw sa pasilyo. Nanlaki ang asul nitong mga mata nang makitang palapit siya, hindi inaalis ang tingin dito.

Inabot niya ang palad ng babae at inilapat ang susi sa gitna niyon, saka isinara ang kamay nito sa ibabaw ng sa kanya. Malambot ang kamay ni Caitlin, at sa gulat niya, hindi niya iyon mapakawalan. Parang huminto ang utak niya sa paggana; ngunit napansin niyang hindi normal ang paghinga ni Caitlin, kung paanong nakatutok sa bibig niya ang paningin nito bago itinaas para salubungin ang mga mata niya, kung paanong ang malalambot at kulay rosas nitong mga labi ay bumuka...

Hindi pinag-isipan, hindi pinagplanuhan, at ni hindi niya *ginusto*, natagpuan ni Alex ang sariling niyuyuko ito. Pinanood siya ng namimilog na mga mata nito sakat pumikit nang maglapat ang mga labi nila.

Ramdam niya ang binubuga nitong hininga nang bumuka ang bibig nito sa ilalim ng sa kanya. Lumapit pa siya, ang isang kamay ay nasa likod ng ulo nito upang pigilan ito sa paggalaw, ang isa ay nasa makipot nitong baywang.

Marami siyang magagandang rason para hindi ito gawin.

A. Kahit pa beinte-ocho na si Caitlin Summers, mukha itong teenager. At kahit treinta y ocho lang si Alex sa human years, nasa isandaan at siyamnapu't pitong taon na siya sa cop years niya. Hindi bagay.

B. Mas gusto niya ang mga babaeng eksperto, may karanasan at matatag. Love-'em-and-leave-'em siyang klase ng lalaki noon pa man, at hindi na iyon magbabago. Hindi siya naghahanap ng relasyon.

C. Relasyon ang nakasulat sa kabuuan ng magandang mukha ng babaeng ito.

D. Ipinadala ito ni Ray. Estudyante ito ng lalaki, parang anak na. At ang kapitan na ang pinakamalapit

sa ama na mayroon siya. At ang pakikipag-sex sa babaeng ito ay parang... parang incest. Hindi ba?

E. Makakasama niya si Caitlin sa istasyon sa loob ng isang buong linggo, at manggugulo sa kanyang isip. Palalalain lang ng sex ang sitwasyon; mangangapa siya, mamalasin—dahil alam niyang naroon lang ito at hindi na ang utak niya ang mag-iisip para sa kanya...

Hindi na siya nakarating sa pang-letter F na dahilan dahil tila pinirito na ng init ng kanyang katawan ang ugat sa utak niya. Tama nga ang hinala niya, matamis nga ang mga labi ni Caitlin gaya ng inaasahan niya. Wala rin ang malagkit na sensasyong dala ng lipstick na ngayon ay alam na ni Alex na hindi niya gusto. Napakasarap niyon na hindi na niya ginawa ang karaniwang ginagawa niya—gawing pino at banayad ang halik hanggang sa makuha ang senyales mula sa babae na gusto nito ang ginagawa niya.

Sinugod ni Alex ang mga labi nito; hinimod, sinipsip, kinagat na para bang cream puff ang mga iyon at siya ay gutom na gutom.

Para siyang tumalon sa dagat ng mainit at mababangong bulaklak na tumutugon ng paghaplos sa kanya.

Iginalaw nito ang mga braso para isabit sa kanyang leeg at naibagsak ang mabigat na bag sa paa niya; at malamang nabali ang ilang maliliit niyang buto roon. Pero wala siyang pakialam. Ang kaparehong init na tumupok sa brain cells niya ang siya ring malamang na pumatay sa pain receptor cells sa kanyang paa. Wala siyang naramdamang anumang sakit. Inip na sinipa niya ang bag palayo sa kanya dahil gumawa iyon ng maliit na harang sa pagitan nila at hindi niya iyon matagalan. Kailangan niyang maging malapit kay Caitlin sa abot ng makakaya niya. Mas malapit pa. Humigpit ang hawak ni Alex nang ianggulo niya ang ulo para mas laliman ang pagtikim sa dalaga, na napakasarap. Halahakhak siya sa tuwa kung malaya lang ang bibig niya.

Ang ‘alaga’ niya ay tila masaya rin, naninigas habang kumikiskis sa tapat ng kaselanan ni Caitlin. Manipis ang materyal ng suot nitong bestida at panloob at hindi niyon naitago ang hugis ng katawan ng dalaga. Ramdam niya iyong lahat, ang bawat maliit na kurba sa ilalim ng tela. Kung ganito pa lang ay para nang sasabog ang ulo niya, hindi ba mas magiging mabuti ang pakiramdam niya kung nadarama niya ang hubad na balat nito?

Oo naman.

Gumalaw ang kanang kamay ni Alex mula sa baywang ni Caitlin. Isang segundo lang ang inabot at nabungkos na niya magaan nitong palda sa ibabaw ng pupulsuhan niya habang mabagal na tumataas ang kamay niya sa mahaba at malambot nitong hita, paakyat sa...

*Ahh!*

Iyon na. Mariin niyang sinapo ito sa kanyang palad. Sabay silang napasinghap dahil sa pananabik at upang lumanghap ng hangin. Pagkatapos, hinagkan niya si Caitlin muli nang mas mariin, mas malalim. Muntik na niyang malimutan kung ano ang ginagawa ng kanang kamay niya. Muntik na. Naiinip na hinila niya ang nakaiinis na balakid sa ilalim ng kanyang palad. Hindi na niya napansin ang tunog ng pagkapunit ng tela dahil naroon na ang mga daliri niya, dumudulas sa malambot at basang kaibuturan ng dalaga. Mas malambot pa iyon kaysa sa pinakamainam na seda. Gumalaw ang daliri niya.

Umungol si Caitlin nang ipasok niya ang isang daliri, pagkatapos ay dalawa. Nag-echo sa bibig niya ang tunog ng daing nito.

Ang buong mundo ni Alex ay umikot na lamang sa bibig niya, sa pagkalalaki niya, at sa mga daliri. Walang paraan para tuluyan niya itong maangkin

nang hindi muna ito inihahanda. Pinaghiwalay niya ang mga daliri, marahas itong nangatog. Bawat nitong paghinga ay may kasamang maliit na ungol, na para bang hindi nito iyon mapigilan.

Mayamaya ay naramdaman niyang pumintig ang mga daliri niya, at alam niya, narating na ni Caitlin Summers ang tuktok ng ligaya.

Wala pa siyang naramdamang kagaya niyon. Inipit ng mga kalamnan nito ang kanyang mga daliri, ang buong katawan nito ay tila namaga, sumabog sa galak.

Ibinaba ni Alex ang zipper ng pantalon at ilang sandali lamang ay handa nang tuluyang angkinin ang babae. Sandali niyang iniwan ang bibig nito. Kailangan niya ng hangin.

Natigilan siya nang mapayuko.

Maputla si Caitlin, tila nabigla. May alarma sa malalaki nitong mga mata, ang bibig ay nakabuka at basa pa dahil sa kanya.

Jesus. Nanginginig ito at hinihinal; tila hindi inasahan ang sitwasyon nila. Hindi ito basta-bastang babae na masaya nang gawin iyon sa tapat ng pintuan. Nang bukas pa ang pinto. Ano ba ang p\*tang inang iniisip niya?



Umatras si Alex at napangiwi sa galit niyang ‘alaga’. Hinila niya ang kamay mula sa dalaga at bumagsak ang palda nito at mistulang naibalik kay Caitlin ang dignidad nito. Pero siya, nakatayo lang doon, bukas ang zipper at nakalabas ang naghuhumindig na pagkalalaki. Mukha siyang tanga.

Hindi pa nangyaring nawalan ng kontrol si Alex mula noong... mula noong kailan nga ba? Kahit noong high school ay hindi iyon nangyari. Putragis, madalas siyang nakikipag-sex noong high school kaya walang dahilan para magkaganito siya. Masyado siyang na-excite dahil masyado nang matagal mula noong huli niyang naasikaso ang aspetong ito. Pero hindi *ngayon* ang tamang oras para magbawi siya. Maraming babaeng puwede niyang ikama, ngayong nabuhay na ang hormones niya.

Muli siyang umatras habang napapangiwi sa pag-aayos ng sarili. Nananakit ang bahaging iyon ng katawan niya.

Yumuko siya para pulutin ang napunit na tela mula sa sahi. Panties pala ni Caitlin. Susme, napunit niya ang panloob nito. Hindi niya iyon dating ginagawa; masyado siyang smooth para gawin iyon. Ano ba ang mali sa kanya?

“Eto, o.” Bahagyang pumiyok ang boses ni Alex

kaya tumikhim siya. “Heto,” ulit niya. “Sorry, ahm, nasira ko.”

Nakatayo ang dalaga, nakatitig sa kanya, bahagyang nakabuka ang malambot na bibig. Inabot niya ang kamay nito at ipinatong doon ang nasirang panloob.

“Sorry,” ulit niya.

“Okay lang.” Wala ito halos boses. Niyuko nito ang nasa kamay, para itong ten-year-old na batang nasa harapan ng isang bully na sumira sa manyika nito.

Mas magulo ang buhok nito kaysa sa karaniwan, gawa ng mga daliri niya. Ang mga hiblang nakawala sa ponytail nito ay nakasabog sa mukha nito, at bumabagsak sa mga balikat.

Kailangan na niyang umalis doon, kung hindi ay baka itulak na niya ito sa kamang naroon, kubabawan at walang sawang angkinin. Dahil iyon ang gustung-gusto niyang gawin na nanginginig na siya. Muli siyang umatras.

“Ikandado mo ang pinto pagkaalis ko at lagyan mo ng silya sa ilalim ng hawakan.” Marahas at garalgal ang boses niya.

Tumango ang babae. Pero hindi iyon sapat.

“Sabihin mo kung ano’ng gagawin mo.”

“Ikandado,” humihingal na anito. “Silya sa ilalim ng hawakan.”

“Ikandado mo rin ang mga bintana. Wala akong pakialam kung gaano man kainit dito.”

Tumango itong muli. “Okay.”

“Wala kang pagbubuksan kundi ako. Kahit kailan. Malinaw ba ’yun?”

“Oo.” Bumagal na nang kaunti ang paghinga nito. Pinanood siya ng makinang at asul nitong mga mata.

“Okay lang na mag-bus ka sa umaga. Ihahatid kita sa gabi.”

“Ah—Okay.”

“Huwag kang makikipag-usap sa kahit sino dito.”  
*Tapusin mo na.* “Maliwanag?”

Tumango ito, malalaki ang mga mata.

Diyos ko, kailangan na niyang makaalis. Hindi niya mailarawan ang kagandahan ng kaharap lalo na at nagkukulay-rosas ang mga pisngi nito bunga ng

sukdulang naranasan nito kanina. Batid ni Alex, kung hindi pa siya aalis ngayon, hindi na talaga siya uuwi.

“Kita tayo bukas.”

Tumango ito ulit.

“Ikandado mo ang pinto.” Humakbang na siya palabas at hinintay na isara ng dalaga ang pinto, at ikandado iyon, at hindi umalis hanggang sa marinig niya ang paghila ng silya sa sahig at ang pagtama niyon sa pinto.

*Okay, naisip ni Alex. Puwede na akong umalis.* Pero hindi niya ginawa. Nanatili siya sa kinaroroonan na para bang napako na ang mga paa sa may mantsang carpet. Tumitig lang siya sa pinto sa loob ng limang minuto—o sampu, hanggang sa sa wakas ay sabihan niya ang sariling tigilan ang pagiging gago at umalis na roon. Kumakabog ang puso niya habang naglalakad sa madilim na pasilyo.

Bakit niya ginawa iyon? Gumawa lang siya ng mga komplikasyon at hindi niya iyon kailangan.

Hindi niya kailangan ang anumang komplikasyon, hindi niya kailangan si Caitlin.

Wala siyang kailangang anuman o sinuman, maliban marahil kay Angelo Lopez. Na nakakulong

*A Fine Specimen - Lisa Marie Rice*

---

sa selda.

# 5

Nang sumunod na araw, ginawa ni Caitlin ang makakaya niya para iwasan si Alex. Suwerte namang iniiwasan din siya nito, na mabuti na rin dahil, ano ba ang sasabihin niya rito?

*Sorry, hindi ako naging propesyonal kagabi. Ang bango mo kasi at ang sarap mong humalik kaya nawala ako sa sarili.*

Paano niya iyon sasabihin?

Hindi niya malubos maisip kung ano ang sumapi sa kanya nang nakaraang gabi, maliban sa masyado siyang nasorpresa. Tila napaka-unkissable ni Lieutenant Alejandro Cruz... hanggang sa sandaling iyon nang hagkan siya nito.

At hinalikan at hinalikan siya nito at hinalikan at dinamama... at narating niya ang sukdulan.

Wow, iyon ang isa pang sorpresa. Nagkaroon na rin naman si Caitlin ng itinuturing niyang kinakailangang bilang ng mga naging mangingibig sa edad niya at kalagayan sa buhay. Hindi ganoon kadami, hindi rin kaunting-kaunti. Walang partikular na hindi niya malilimutan at wala—wala kahit isa!—

na may kakayanang dalhin siya sa climax sa loob lamang ng ilang sandali sa pamamagitan lamang ng tinatawag ng lola niya na 'heavy petting'.

Pero hindi pagdating kay Lieutenant Alejandro Cruz. Isang halik at isang haplos, at para na siyang nagliyab. Agad siyang sumabog.

Masyado iyong nakakahiya.

Ang mas nakakahiya pa ay ang katotohanang hindi siya nakatulog buong gabi, at hindi lamang dahil matigas ang kama, may bukul-bukol at amoy. Pabiling-biling siya hanggang magmadaling-araw. Buong gabing nagpaulit-ulit sa isip niya ang bawat segundo, mula sa sandaling dumikit ang bibig ng binata sa kanya. Namilipit siya sa kahihyan, totoo iyon, ngunit naroon din ang init.

Pakiramdam niya ay mayroong nabago sa kanya na hindi na maibabalik pa sa dati. Imbis na maging tensyonadong iskolar na mas magaling sa libro kaysa sa mga lalaki, bigla siyang naging temptress, isang babaeng kayang umakit ng lalaking kasing-yummy ni Lieutenant Alejandro Cruz maging sa loob lamang ng ilang sandali. At isang babaeng kayang mag-climax base basta't kinakailangan.

Wow, itataas siya niyon sa bansa ng mga diyosa

ng pakikipagtalik.

Nakapanghihinayang lang saglit lang ang ‘sex goddess phase’ niya. Nang sandaling iangat ni Alex ang bibig mula sa kanya, bumalik ito sa pagiging si Mr. Hard-Ass. Aakalain mo na ang isang lalaki na may kakayahang dalhin sa rurok ang isang babae sa loob lamang ng apat na minuto, hindi lalabis, gamit lamang ang bibig at kamay nito, ay magmumukha man lang masaya, magagalak na matagumpay nitong naipagyabang ang galing nito. Baka nga pananabikan pa ang pag-angat sa Stage Two, sa ibabaw ng kama, nakahubad.

Sa halip, mukhang nasindak si Alex, na para bang gusto nitong arestuhun ang sarili. Pagkatapos, naging protective na ito at umatras palayo, nagkunwaring ang gusto lang nito ay ang mapanatili siyang ligtas.

Ang pag-atras nito ay ang senyales na hinihintay ng utak niya para magtrabaho na muli. At nang sandaling dumaloy na muli ang dugo sa ulo niya, dinaluhong siya ng pagsisisi. Ano ba ang iniisip niya? Wala, apparently.

Diyusme, nakagawa siya ng isang napakalaking pagkakamali.

Ipinagmamalaki ni Caitlin noon ang kanyang



professionalism. Ang malusaw sa mga bisig ng isang lalaki na noon lang niya nakilala at importante sa trabaho niya ay ang pinakamalayo sa pagiging propesyonal. Wala siyang mararating, mawawalan ng saysay ang lahat ng mga sakripisyo niya, kung sa huli ay siya iyong klase ng babaeng makikipag-sex sa unang maawtoridad na lalaking makikilala niya.

Kaya ngayon ay malinaw na sa kanya ang katotohanang ginulo ni Alejandro Cruz ang isip niya sa isang napakalaking paraan, kailangan niya itong iwasan hangga't posible, at manatiling kalmado kung hindi.

Mayroon lang kakaunting pinakaiingatang kayamanan si Caitlin sa buhay na ito. Kakaunti ang pera niya, wala siyang katayuan sa lipunan, walang trabaho. Ang pagiging fellow sa foundation ang tanging pag-asa niya. Ang mga tunay na bagay na puwede niyang asahan ay ang kanyang utak at ang reputasyon niya. Kung hindi siya magiging maingat, sisirain iyon pareho ni Alex Cruz.

Nang pumasok siya sa istasyon nang alas ocho ng umaga, kasabay ng mga nasa pang-umagang shift, determinado siyang iwasan ang daan ng tinyente. Hindi iyon mahirap gawin. Hindi niya nasulyapan kahit anino nito buong umaga, na masaya niyang

pinalipas sa pakikipanayam sa mga pulis doon.

Hindi niya nakita si Alex, subalit napuno ang tainga niya ng mga bagay tungkol dito.

Sa huli, bawat panayam ay nauuwi lahat kay Loot. Magsisimula silang ma-usap tungkol sa, halimbawa, paulit-ulit na mga gawain ng mga kriminal, sa schedule o kaya ay pattern ng krimen, at sa loob ng limang minuto, mag-uusap na ang mga ito tungkol sa lalaking alam ng lahat na nakapila na para maging bagong kapitan. Iyon ang tanging bagay na gusto ng mga opisyal na pag-usapan—si Alejandro Cruz.

Mahal ng mga ito ang binata. Naiinis sila rito. Nirerespeto nila. At lahat sila ay gustung-gustong magkaroon ng normal na buhay ang lalaki para hindi sila nito masyadong pinapahirapan.

Binanggit ni Kathy Martello kay Caitlin ang tungkol sa background ng boss nito. “Sanggano din ’yan noon. Matagal na panahon na ang nakalipas,” anito habang nagkakape sila ng mapait na timpla sa istasyon. “Iyon ang dahilan kaya magaling siyang manghuli ng kriminal. Alam niya kung p’ano sila mag-isip. Alam niya kung ano eksakto ang nag-uudyok sa kanila para gawin ang isang bagay. Kaya nga siya ang may hawak ng isa sa pinakamataas na arrest and conviction rates sa buong estado, alam mo ba

'yun?" Napailing si Kathy sa paghanga bago sumipsip ng kape. "Henyong 'yun pagdating sa panghuhula sa susunod na kilos ng isang kriminal, para siyang may sixth sense sa ganon. At sa talino niyang 'yun, wala siyang clue pagdating sa emosyon—sarili man niyang damdamin o 'yung sa iba. Walang clue."

Si Ben Cade, na tinawag niyang 'meat mountain', ay mas prangka. Kinapanayam niya ito sa interrogation room. Malaki itong mama, masayahin, nakasuot ng damit na may matitingkad at magkakontrang mga kulay.

Nalaman niya, insurance adjuster pala ito bago naging pulis, na sampung taon pa bago ito magretiro, at may idine-date itong magandang babaeng Pranses na kalilipat lang sa Baylorville para magbukas ng isang pastry shop. Nag-aaral ito ng French para ma-impress ang dalaga.

"Mabait na tao 'yung si Alex, magaling na pulis, the best! Pero hula ko, nagiging medyo... single-minded, o tatawagin siguro ng iba na obsessed na, kapag may hinahabol na tao. Hindi pa siya nag-day off ng Linggo sa loob ng ilang taon, at walang sex life mula n'ung—"

Huminto ito, tiningnan si Caitlin at bumuntong-hininga. "Anyway, sa ngayon, kay Angelo Lopez

nakatuon ang isip niya at sasabihin ko sa 'yo, kumakain iyon, natutulog, *humihinga* na ang p\*tang—er—si Lopez ang nasa isip. Lagi niyang hawak 'yung file ni Lopez. Pero dapat minsan magpalamig din si Alex kahit paano, kung hindi baka sumabog na lang siya. Noon, noong sumali siya sa force, okay naman siya. Lumalabas kami at nag-iinuman.” Napangiti si Ben sa alaala at ikinibit ang malapad na balikat. “Na siya yatang dahilan kaya nakipagdiborsyo sa akin ang pangalawa kong asawa. Iyon nga, madaming babaeng humahabol kay Alex n'un. Pero naging subsob na siya sa trabaho, 'yun na lang nakikita niya ngayon. Naging mainitin na ang ulo niya nitong nakakaraan. Maraming officers ang matutuwa kapag... alam mo na... kung magiging normal ang buhay niya. Baka mas maging magaan siyang boss kung may makikilala siyang babae, mag-aasawa, magkaka-sex life nang regular, alam mo 'yun?” Direkta siyang tinitigan ni Ben sa mga mata. “Agad-agad.”

---

Habang tinatapos ni Caitlin ang pangalawa niyang panayam kay Kathy Martello, nagpakita si Alex.

Natigilan siya. Nasabi na niya ritong plano niyang umalis nang maaga at mag-off muna sa Sabado at

Linggo. Ang balak niya, sasakay siya ng pang-alas dos y media na bus pabalik sa hotel, babasahin ang notes niya at isusulat na ang mga iyon. Sa weekend, sasakay siya ng bus papuntang bayan para sa mga pagkain niya. Walang lugar sa Riverhead na pagkakatiwalaan niyang kainan.

Hindi na siya magbibiyahe pabalik ng Riverhead nang gabi hanggang sa umpisa ng susunod na linggo. Lunes ng gabi pa niya inaasahang makita muli si Alex Cruz.

Ngunit ngayon, nakatayo ang binata sa tapat ng pintuan, halos punuin iyon ng lapad ng katawan at nakasimangot. Bumaling ito kay Kathy Martello. “Sarhento, nand’yan ka pala. Kailangan ko ’yung report tungkol sa Branson shooting sa mesa ko sa Lunes nang umaga.”

“Yes, Sir,” sagot ni Kathy na tumingin sa lalaki. “Meron ka pang kailangan, Sir?”

Ibinaling ni Alex ang simangot kay Caitlin at napatuwid siya sa kinauupuan. May mali ba? Bakit ganoon ang tingin nito sa kanya? “Bukas ng gabi,” anitong itinuro ang daliri sa kanya. “Susunduin kita nang alas siete y media sa hotel mo.”

“Bukas... ng gabi?” nalilitong ulit ni Caitlin.

Nagdikit ang mga kilay niya. Wala siyang maintindihan sa sinasabi nito. “Susunduin mo ako.” Napakurap siya. “Bakit?”

“Dinner,” sagot nito, nagkumpulan ang kalamnan sa panga, at saka tumalikod.

Dinig niya ang yabag nito sa pasilyo. Naguguluhang binalingan niya si Kathy Martello. “Dinner?”

“Dinner.” Pinanatili ng sarhento na matabang ang ekspresyon. Nanulis ang mga labi nito. “Hapunan. Alam mo na, ’yung pagkain sa gabi?”

“Alam ko kung ano ang dinner, hindi ko...” Lumikha siya ng bagot na tunog at pinaikot ang mga mata. “Ba’t ba iniisip ni Lieutenant Cruz na kailangan niya akong pakainin?”

“Sa tingin ko—’wag mo na akong i-quote dito—pero sa tingin ko, ang tingin ni Alex d’un ay isang... isang date. Alam mo na. Inaya ka niyang mag-date sa Sabado ng gabi, Hon. Iyon ang basa ko r’un. Kahit pa sasang-ayon ako na hindi nakakatuwa ang paraan ng pag-iimbita niya.”

“*Date?*” tanong ni Caitlin, pinapaikot ang pangyayari sa kanyang isip. Paanyaya *iyon* sa isang date? Hindi sa lugar na pinanggalingan niya. Kahit ang pinaka-geek na iskolar na may pinakamalalang

social skills ay mas makagagawa ng mas maayos kaysa roon. “Ewan...parang hindi naman siya nag-aaya ng date. Para lang iyong... summon ng korte.”

“Ah, medyo um, authoritarian talaga minsan si Alex,” mabait na sabi Kathy, dinampot ang gun belt.

Nanatiling nakaupo lang si Caitlin nang ilang sandali, nag-iisip pa rin bago nagsimulang sinupin ang kanyang mga gamit. Nalukot ang kanyang ilong. “Siguro masyado niyang sineseryoso ang iniisip niyang responsibilidad niya sa akin. Pakiramdam ni Alex kailangan niya akong alagaan, hindi lang ihatid ako sa hotel gabi-gabi. Dahil pa rin kay Ray.”

“Hindi, Honey,” sabi ni Kathy habang paalis. “Maniwala ka sa kin. Inaya ka ng Prinsipe ng Kadiliman na lumabas kayo sa isang date, as in romantic girl-guy date.” Iiginalaw nito ang daliri at malokong ngumisi. “Have fun.”

---

May mensaheng naghihintay para kay Caitlin sa *Carlton* nang makabalik siya sa hotel nang alas tres. Maingat na humakbang si Hassan mula sa likod ng kurtina na naghihiwalay sa opisina nito sa front desk, nakitang wala siyang kasama at halatang nakahinga nang maluwag. “Miss Summers,” natuwang untag

nito, “Nag-iisa ka.”

“Oo, Hassan.” Nginitian niya ito. “Puwede ko bang makuha ang susi ko?”

Iniabot nito ang hinihingi niya na galing mismo sa bulsa nito, at isang sobre. “Dumating ito may isang oras na ang nakakaraan, Miss. Iniwan ng isang dalaga.”

“Salamat, Hassan.” Binasa ni Caitlin ang likod ng sobre. Galing iyon kay Samantha Dane, isang dating roommate noong kolehiyo. Nagtatrabaho si Sam sa Baylorville bilang executive assistant ng isang malaking industrialist, isa sa mga tagapagtaguyod ng *Frederiksson*. Ang kaibigan ang isa sa mga rason kung bakit umaasa siyang matatanggap sa nabanggit na foundation.

Kung sumulat si Samantha, ibig sabihin, may balita na tungkol sa kanyang aplikasyon.

Sa kanyang silid, ibinagsak lang ni Caitlin ang bag sa kama at binuksan na ang sulat. Mabilis niyang binasa ang nilalaman, at napapaswit siya ng “Yesss!” kasabay ng suntok sa ere. Nagsasayaw siya sa kanyang kuwerto sa tuwa, habang sinubukang iwasan ang mga dingding. Saka siya naupo sa nag-iisang silya at muling binasa ang liham, mas maingat



na sa pagkakataong iyon.

*Hi, Caitlin, nabanggit ng mama mo kung nasaan ka. Wala ka, wala akong numero mo, kaya nagdesisyon akong dumaan at iwanan ka ng mensahe. Kailangan ko lang talagang ibigay na kaagad sa 'yo ang magandang balita! Nag-meeting kaninang umaga ang Board ng Frederiksson Foundation Board at naaprubahan ka para sa isang taong fellowship, renewable sa loob ng dalawang taon! Tatanggap ka ng \$45,000 kada taon. Gagawin ng Board ang pampublikong anunsyo sa Huwebes, sa 14th, kaya malamang, pinakahuli na, matatanggap mo ang balita mula sa kanila sa Miyerkules. Magsisimula ka sa Lunes, sa 18th. Congratulations! Mag-a-out of town ako nang sampung araw, pero mag-celebrate tayo at kumain sa labas pagbalik ko. Love, Sam.*

Isinandal ni Caitlin ang likod sa silya, umiikot ang isip. Nakalutang sa utak niya ang mga salita ng kaibigan, maliliwanag at ginintuan, mas magaang pa kaysa sa hangin.

*Isang taong fellowship... apatnapu't limang libong dolyar.*

Tuliro pa rin, tinawagan ni Caitlin ang ina ukol sa balita at natanggap ang pagbati nito. Naupo siya sa kama, huminga nang malalim at sa wakas

ay hinayaang ilabas ang kanyang mga emosyon. Napakarami niyon at inilabas niya iyon sa isang marahas na silakbo.

Kasiyahan. Antisipasyon. Kaginhawahan.

Nagsimula na.

Matapos ang ilang taong pagsusumikap at pag-aaral, nagsimula na sa wakas ang buhay niya. Napakatagal na niyang nanatiling estudyante, pakiramdam niya ay nabuhay siya sa isang kumbento. Gusto niya ang buhay nang nag-aaral at masaya siya sa napili niyang kurso pero sobrang handa na siyang lumabas sa mundo at *mabuhay*.

Diyos ko, marami pa siyang kailangang gawin! Tapusin na ang pag-upa sa Grants Falls, maghanap ng maaaring tuluyan dito sa Baylorville, bumili ng murang muwebles... well, iyong hindi masyadong mura.

Sa wakas, *pera*. Tunay na pera, hindi kaunting dolyar na naipon mula sa tips sa pagwe-waitress. Diyos ko, nabuhay siya sa mga student loans at sa mga nagawa niyang ipunin mula sa kung anu-anong summer jobs sa loob ng mahabang panahon, kaya kakaiba ang pakiramdam ng magkakaroon siya ng pera, na parang isang tunay na adult.

Well, dammit, adult na talaga siya, kahit pa estudyante siya mula pa noong apat na taong gulang siya.

Niyuko ni Caitlin ang sarili at napangiwi. Okay, isa siyang adult na may marangal na trabaho—o ang pinakamalapit doon, isang fellowship. Pero hindi siya *mukhang* adult. Ang mga damit niya ay puro pang-Bagitong Estudyante. Lumang sneakers, sinauna at kupas na pantalon at isang lumang cotton sweater na lumaylay na at halos umabot sa mga tuhod niya at sa dulo ng mga kuko niya sa kamay. Bawat piraso ng damit na sout niya, kasali na ang panloob, ay limang taon na o higit pa.

May kaunti siyang pera sa bangko na tinitipid-tipid niya. Ngayon, hindi na niya kailangang magkuripot nang sobra dahil may padating siyang pera.

*Pang-adult* na pera, hindi pang-estudyante.

Puwede siyang bumili ng mga bagong gamit—bagong damit, sapatos, makeup. Pupunta siya sa parlor. Bukas ay magiging Caitlin Day. Ipagdiriwang niya ang simula ng panibagong bahagi ng kanyang buhay in *style*.

Baka masorpresa pa niya ang misteryosong si

Alex Cruz bukas ng gabi.

Hoo-ah!

---

Muntik nang malulon nang buo ni Alex ang sariling dila nang lumabas si Caitlin mula sa elevator ng *Carlton* alas siete y media ng gabi nang Sabado.

*Holy f\*ck!*

Eksakto ito sa oras, gaya ng inasahan niya. Maaaring mukha itong teenager, pero ipinakita ng dalagang seryoso ito, maaasahan at may commitment sa trabaho.

Iyon nga lang, hindi mukhang teenager si Caitlin Summers ngayon. Mukha itong ganap na babae. Isang napakagandang babae. Isang babaeng ka-date niya ngayon.

*Jesus, hindi ito date, agad niyang bawi sa isip. Hindi, hindi talaga. Binabantayan lang niya ang babae, gaya ng gusto ni Ray. At suot man niya ngayon ang kanyang bagong wool jacket at bagong sapatos, well... kailangan minsan sumubok naman ng bago, di ba?*

Lumipad palabas ng utak niya ang lahat ng kanyang kaisipan patungkol sa mga pantalon

at sapatos nang lumakad si Caitlin palabas ng kinakalawang na elevator. Hindi gumagana nang maayos ang isip niya, ngunit ang katawan niya ay nagsusumigaw. *Iyan!* hiyaw nito. *Gusto ko 'yan!*

Ang hinihintay niya ay 'ibang' babae nang bigla na lang lumabas ang... ang kagandahang ito. Hinahanap niya iyong kasing-tangkad ng dalaga pero natagpuan niya ang sarili na nakatitig sa maganda nitong leeg. Isang mabilis na sulyap sa ibaba at nakita niyang may suot itong isang pares ng de-takong sapatos na kung sa ibang babae ay baka naging katawa-tawa, pero kay Caitlin... God! Pinagmukha niyong mas mahahaba pa ang mga binti nito.

Nakasuot ito ng seksi at humahakab na turquoise sheath na bestida na marahang humahaplos sa mga kurbang nahihiwatigan lang noon sa mga luma at maluluwag nitong damit. Pinalaki ng gamit nitong makeup ang mga mata ng dalaga, ang bibig nito ay tila kayang bumuhay ng patay. Binigyang-diin din ng gamit nitong makeup ang mataas nitong cheekbones. Ang pale blonde nitong buhok ay elegante ang pagkakaayos, inihahantad ang isang mahaba at makinis na leeg. Binago ng matataas nitong takong ang lahat, tuloy mas malapit na ang bibig nito para mahalikan niya...

Umiling si Alex, tila gustong palisin ang mga pasaway na naiisip. Walang halikan ngayong gabi, wala, wala, wala. Walang halikan, walang hawakan, walang haplusan. Wala. *Nada*.

Nakatayo si Caitlin sa harapan niya at nakatingala, habang binibigyan niya ng mahigpit na mga utos ang sarili para umayos. “Hi.” Mahina ang boses nito, halos nahihiya.

“Uh... hi.” Wala nang lumabas pa mula sa bibig niya. Ang galing, hindi nga niya nalulon ang dila niya, nadikit naman yata iyon sa kanyang ngala-ngala. *Magsalita ka, tanga!*

“You look, uh...” Alanganin niyang naikumpas ang kamay. Walang masyadong salita sa diksyonaryo para ilarawan ang hitsura ng dalaga. “Nice.”

Tahimik silang nagtitigan sa loob ng buong sampung segundo.

“You look, um, nice too,” sa wakas ay nasabi ni Caitlin, patuloy pa ring nakatingin sa kanya.

“Miss?”

Lumingon si Caitlin at wala sa loob na tiningnan si Hassan.

“Iyong susi... Miss?”

“Susi? Ah, ah-oh!” Inabot nito sa lalaki ang susi at muli siyang binalingan. “Saan tayo pupunta?” tanong nito saka ngumiti.

Iyon ang unang tunay nitong ngiti, isang ganap na ngiti. Mabuti na lang pala hindi pa talaga ito ngumingiti noon. Pinagmasdan niya ang dalawang malalim na biloy na nabuo sa tabi ng perpekto nitong bibig. Ang mapintog at kulay-rosas nitong bibig. Ang bibig nito na napakasarap halikan. Tandang-tanda pa niya ang lasa niyon.

Hindi ito dapat ngumingiti. Hindi patas na tinitingnan lang niya ang bibig ni Caitlin at naiisip na niyang sugurin iyon at angkinin.

*Mag-isip ka ng ibang bagay. Gaya ng... gaya ng damit na suot niya. Iyon, maganda iyon.*

Hindi rin magandang pagtuunan iyon ng pansin.

May maninipis na straps ang bestida ni Caitlin na nakatali sa ibabaw ng mga balikat nito—ang mabilog, makinis at maputing mga balikat. Imposibleng may suot itong bra, disin sana’y makikita ang straps ng panloob nito sa ilalim ng spaghetti straps ng bestida. Gayunpaman, nakatayo ang mayamang dibdib ng babae. Paano nangyari iyon gayong wala itong suot na bra? Strapless kaya ang gamit nito? Sinong babae

ang may ganoong dibdib? At paanong hindi niya iyon napansin dati? Breast man si Alex noon pa man. At kahit saan daanin, pambihira ang hinaharap ni Caitlin.

Sa karanasan niya, gusto ng mga babaeng may mayayamang dibdib na ipangalandakan ang mga iyon. Iyong kay Caitlin, itinago sa patung-patong na tela ng mga suot nito, na sa opinyon niya ay isang tunay na kasalanan. Para mong sinakluban ng sako iyong *Mona Lisa*.

Hinila niya ang isip mula sa pag-aaral sa mga umbok sa dibdib nito at napagtanto niyang nagsalita pala ang babae. May nabanggit itong ‘pupunta’?

“Sa labas?” Nagdududang tiningala siya ni Caitlin. “Hindi ba tayo lalabas para mag-dinner?”

Dinner. Inaya niya itong maghapunan sa labas.

*Umayos ka, sita ni Alex sa sarili. Ngayon na.*

Napakatagal na mula noong may inilabas siyang babae para maghapunan. Iyon nga. Ang mga ‘the moves’ niya, na noon ay makinang at makintab dahil sa dalas ng paggamit, ay kinalakawang na ngayon. Ang pagmamasid sa dibdib ng isang babae, pinagiisipan kung nakasuot ba ito ng bra, sa simula pa lamang ng gabi ay *hindi* smooth. Alam niya iyon.



Batid din niyang kailangan niyang makipagtitigan at umakto ayon sa edad niya, hindi iyong para siyang malibog na teenager.

Itinaas niya ang paningin sa mga mata ni Caitlin—at nawala yata siya sa sarili. Napakaganda ng mga iyon! Malalaki sa likod ng cute at intelektuwal nitong mga salamin, may mahahabang pilik tuloy naiisip niya kung paano nito nagagawang dumilat nang matagal, at ang di-kapani-paniwalang kulay niyon na parang sa kalangitan...

Nagtagis ang mga ngipin ni Alex at ipinangakong gagawan niya ng paraan ang masakit na puso sa lalong madaling panahon. Siguro kailangan na niyang ‘magsariling sikap’ gabi-gabi bago matulog, dahil sobrang ginugulo na ng no-sex zone na kinaroroonan niya ang kanyang utak. Determinadong ialis ang mga mata sa dibdib ng dalaga—at sa mga hita nito, at sa mga labi, at sa mga mata—at maging mabuting kasama, sinapo ni Alex ang siko ni Caitlin, ganap na nakalimutang wala dapat hawakan ang hapunang iyon.

Nahawakan naman na niya ang siko nito nang ilang beses, pero may suot itong pangginaw o jacket noon. Ngayon, balat ang nahahawakan niya. Malambot, makinis at balat. Muling umiling si Alex,

sinubukang itutok ang atensyon.

Binalak niyang dalhin ito sa *Garden of Eatin'*, o sa isang pampamilyang kantina na naghahain ng Texan-Mexican na pagkain. Pinlano niyang pakainin ito gabi-gabi, kahit pa kinailangan niyang lumiban nang nakaraang gabi dahil sa isang pulong. Good Samaritan Alex, iyon siya.

Dangan kasi, ang sinomang nanunuluyan sa *Carlton* ay siguradong kakaunti lang ang pera, at ang isiping tinitipid ni Caitlin ang sarili pagdating sa pagkain... well. Alam ni Alex sa kaibuturan ng buto niya kung paano magutom. Hindi iyon dapat maranasan ng isang kaibigan ni Ray, hindi kung may magagawa rin lang siya tungkol doon.

Kaya naroon iyong walang bahid-dungis na planong nakaayos na sa utak niya...

Una, dalhin ang babae sa isang fast-food restaurant na puno maiingay na pamilya at walang posibilidad ng anumang personal na pag-uusap, kung saan mabilis lang silang kakain.

Pangalawa, ihatid ito pabalik sa *Carlton*.

Pangatlo, siguruhing ligtas ang kuwarto nito.

At pagkatapos, pang-apat, umalis na doble ang

bilis.

Gagawin niya iyon at sisiguruhin niyang matagal-tagal na tatanawin ni Ray ang pakikipanayam ni Caitlin sa mga tauhan niya bilang kabayaran sa utang niya kay Ray. At ipapaalam niya rin sa lalaki ang tungkol doon.

Ngunit bumaba ang kalmado at eleganteng babaeng ito mula sa elevator at kailangan niyang lumipat agad sa kanyang Plan B.

Ang *Garden* at ang kantina ay baka pasado na para kay Caitlin Summers. Isang mahirap na estudyante, malamang sanay na ito sa hapunang noodles o yogurt kaya. Pero hindi iyon bagay sa senswal at eleganteng dalagang kasama niya ngayon.

“Mahilig ka ba sa Italian food?” untag ni Alex habang palapit sila sa kotse. Ipinagbukas niya ito ng pinto, nagpakabayaning hindi panoorin ang pagtaas ng palda nito ilang dali mula sa tuhod habang papasok ito sa sasakyan.

“Italian, mmmm,” mahinang sagot nito, nakatingin sa mukha niya noong nasa likod na siya ng manibela, muli siyang nginitian. Kumikinang ang mga mata nito. May pambabaeng samyo na punung-puno ng pheromones ang naglalakbay mula sa passenger seat.

Mahigpit niyang dinakma ang manibela. “*Spaghetti à la marinara, veal piccata, spumoni...* gustung-gusto ko ng Italian.”

“May alam akong magandang kainan sa bayan,” aniyang binuhay na ang makina. “Tingnan natin kung magagawa nating ilayo ang marinara sauce sa pantalon ko.”

“Hindi nakakatawa,” pormal na sagot nito.

---

*Ang ganda ng lugar, pagkuwa’y naisip ni Caitlin, modern Mediterranean ang dekorasyon niyon at magiliw at kaswal ang paligid. May koleksyon ng mga bote ng olive oil, na puno ng tila mataas na kalidad ng extra virgin olive oil na bahagyang nagkukulay-berde, ang nakalinya pahalang sa isang dingding. May tile mural ng mga puno ng lemon sa kabila. Nakakalat sa paligid ang mga halamang nakatanim sa malalaki at makalumang paso sa paligid, nagbibigay ng privacy sa mga kumakain. Nanggagaling ang Neapolitan rock na tugtugin mula sa mga speakers na maingat na nakatago sa mga sulok. May tiled counter na naghihiwalay sa kainan mula sa kusina, na pinanggagalingan ng nakapaglalaway na amoy na natatangay sa silid.*

Maaliwalas ang lugar, nag-aanyaya at hindi halatang mahal. Hindi iyong maliwanag-pa-sa-sikatng-araw na napakamahal, kung saan nakabantay na parang *guardia civil* ang mga naka-tuxedong waiters at hinihintay kang gamitin iyong maling tinidor. Hindi ganoon. Iyon ang klase ng lugar kung saan puwedeng magsaya, kumain nang marami at magpalipas ng isang nakare-relax na gabi.

Bata pa at magiliw ang mga serbidor. Magaganda ang mga plato at mga kopita. Malikhain ang pagkakahain ng mga pagkain. Kung pagbabasehan ang mga nakangiting diners, kasing-sarap ng magandang presentasyon ng mga pagkain ang lasa niyon.

Ang buong lugar ay intimate at romantiko, kaaya-aya sa bawat pandama. Kumabog ang puso ni Caitlin kasabay ng masarap na kumpas ng musika.

Pumili si Alex ng mesa at naupo sa tabi niya, sa halip na sa tapat niya. Gayunpaman, naaliw siya nang mapansing pinili nito ang mga upuang nakaharap sa entrada, at nakatalikod sa dingding—gaya ng gagawin ng isang tunay na pulis.

Napatunayan niyang tama ang pakiramdam niyang pangmayaman ang kainan nang buksan niya ang menu at makitang halos lahat ng nakalista

roon ay nagkakahalaga nang higit pa sa pang-isang linggong gastos niya sa pagkain.

Lahat ng mga naka-date niya ay mga wala ring pera kagaya niya. At ang ibig sabihin ng pagkain sa labas ay ang mamili ng pinakamurang restaurant at pag-aralan ang menu para hanapin ang hindi gaanong mahal na item.

Napangiti siya sa sarili. Well, tapos na ang bahaging iyon ng buhay niya. Siguro. Kung susuwertehin.

Nasalubong niya ang matiim na tingin ni Alex. “Wala ka pang kinakain, nakangiti ka na.”

Sandali niyang pinag-isipan kung babanggitin niya ba rito ang tungkol sa pagtanggap ng *Frederiksson* sa kanyang aplikasyon. Pero hindi pa naman talaga siya tinatangap, salita lamang ni Sam ang basehan niya. Hindi muna, ibabalita na lang niya kapag nai-anunsyo na iyon. Pansamantala, sasarilinin muna niya ang inaasam na magandang balita at magiging masaya.

“Mukhang maayos kasi lahat,” sagot niya.

“*Maayos* ang lahat.” Tiningala ni Alex ang serbidor na noon ay naglagay ng tray ng mainit na bruschetta sa harap nila at tinanguan nito ang babae bilang pasasalamat. Ngumiti ang waitress na

isang brunette. Maganda ito, matangkad, maganda ang katawan. Mas matagal kaysa sa kailangan ang ngiti nito; tumayo nang mas malapit pa kay Alex at saka humugot ng malalim na hininga tuloy lalong nabandera ang assets nito. Maliwanag ang sinasabi ng kilos nito.

*Iwanan mo na 'yang lampang blonde, Pogi, at sa 'yo na 'ko. Lumabas tayo d'un sa likuran at gawin na natin!*

Masyadong matalino si Alex para hindi makuha iyon, pero mahusay nitong nahawakan ang reaksiyon, iniiwas ang mga mata sa estranghera at sa kaparehong sandali, yumuko sa direksyon ni Caitlin upang salubingin ang paningin niya, kasabay ng pagtulak ng plato palapit sa kanya.

Malinaw ang mensahe nito sa waitress. *Sorry, hindi ngayong gabi.*

Ang kahusayan ng paraan nito para maipakita iyon ay isang awtomatikong tugon. Malamang ay pinapraktis nito araw-araw ang galaw na iyon. Guwapo ang lalaki at masasabi niyang may hitsura ito noon pa mang bata pa ito. Siguro ay dose-dosena—o baka daan-daan na!—ang mga motibo ng mga babae na kinailangan nitong tanggihan. Iyong iba sa pinong paraan, iyong iba hindi. Naperpekto na nito ang

sining ng pagtataboy, at naging natural na iyon, na hindi na nito masyadong napapansin ang ginagawa.

Dahil si Caitlin iyong tipong may mga inhibisyon pagdating sa pakikipagtalik, at mas sanay siya bilang tagapag-observa kaysa taga-gawa, sa nakalipas na mga taon ay marami na siyang napansing kamanghamanghang eksena mula sa mga babaeng malalakas ang loob pagdating sa sex.

Baka kailangang harapin na si Alex ng mga ganoong sitwasyon araw-araw, pero hindi sa trabaho. Naobserbahan niya at narinig, na isang napakahigpit na no-sex zone para kay Alex ang trabaho. Hindi naman sa may 'aksyon' sa buhay nito sa labas ng trabaho. Salamat sa mga kasamahan ng binata sa istasyon, nagkaroon siya ng ideya na *wala* itong pribadong buhay, at kung ikukonsidera ang hitsura nito, ang karisma, ang nag-uumapaw na sex appeal, boluntaryo ang desisyong iyon.

Kailangang maalala niya ang lahat ng ito, kahit na nga ba tila may taglay na mahiwagang susi si Alex pagdating sa katawan niya at nagawa nitong iparanas sa kanya ang isang matinding orgasm na ramdam pa rin niya hanggang ngayon sa balat at buto niya. At nagawa nito iyon gamit lamang ang bibig at kamay. Nangaligkig si Caitlin nang maisip ng gagamitin nito



ang iba pang bahagi ng katawan. Parang mababasag siya sa bilyong piraso.

Anu't anuman, ang pagkakaroon ng affair kay Alex Cruz ay hinding-hindi niya hahayaang mangyari.

Walang saysay ang maghangad sa binata. Para iyong pangangarap ng isang *Mercedes Benz* o ng kagustuhang tumangkad pa. Hindi mangyayari.

Dapat ay i-enjoy na lang niya ang gabi para sa kung ano iyon, at ituon ang sarili sa kanyang pangunahing layunin, ang dissertation niya.

Ipinagsalin siya ni Alex ng isang baso ng alak mula sa bote ng Merlot na binuksan na ng serbidor para sa kanila. Hindi ito humingi ng alak o ng bruschetta, kaya hinuha ni Caitlin ay madalas itong pumunta roon kaya alam na ng staff ang gusto nito.

“Irerekomenda ko sa ’yo ’yung tuna steak on a bed of pappardelle,” kumpirma ng lalaki sa hinala niya.

Hindi iyon ang pinakamahal na item sa menu, naaaliw na napansin niya. *Iyon na lang*, sabi ni Caitlin sa sarili. “Parang masarap.”

Ibinigay ni Alex ang order nila at sumimsim ng alak, may masayang ekspresyon sa mukha. Tila

komportable ito roon, na ikinagulat niya. Hindi niya maiisip na isang elegante at pangmayamang kainan ang 'habitat' ni Alex.

Kunsabagay, nasa tuktok ito ng food chain at nag-iiwan ng impresyon saan man magpunta. Pareho itong magiging kampante at dominante sa lugar man ng mga iskuwater o sa isang palasyo. Binigyan ito ng kalikasan ng mga katangian para makapanaig sa kahit anong sitwasyon. Sinubukan niyang isipin ang isang Alex na hindi alam ang gagawin—at nabigo. Si Alex ang klase ng lalaki na alam kung ano ang gagawin at kung paano iyon isasagawa sa anumang uri ng sitwasyon.

Sa kama, siguro—

*Whoa! Huwag ka nang magtangkang pumunta d'un.*

Huli na. Nakarating na roon ang isip ni Caitlin, sa isang iglap, derecho sa ipinagbabawal na teritoryo.

Hindi imbitado, lumitaw sa isip niya ang mga di-inaasahang imahe, buong-buo, kompleto, parang nanonood ng pelikula. Madilim ang mukha ni Alex sa ibabaw niya, naniningkit ang mga mata, masidhi ang titig sa kanya, tumatakip sa ilaw ang malalapad nitong balikat. Nakadagan ang mabigat nitong

katawan sa kanya at mariin siyang inaangkin...

Oh, Diyos ko.

Pinupukaw niya ang sarili niya dahil sa pag-iisip ng tungkol doon. Ang isang bahagi ni Caitlin ay nawawalan na ng kontrol at ang isa pa—ang parte niyang intelektuwal pa, iyong estudyanteng nag-aaral ng pag-uugali ng tao—ay bahagyang naaaliw at bahagyang nangingilabot habang inoobserbahan ang kanyang sarili.

Naalala niya ang bawat segundo ng pinagsaluhan nila ng binata, kung paanong masarap na kumiskis sa pisngi niya ang tumutubo nitong balbas habang iniaanggulo nito ang ulo para palalimin ang mga halik nito. Isang halik, sa totoo lang. Isa. Isang halik na hindi natapos, tumunaw sa buto niya, nagpailaw sa bawat cell sa katawan niya dahil sa init at pagnanasa.

Nakamamangha. Kahit pumapalya na ang neurons niya, alam na alam niyang iyon ay isang bagong karanasan para sa kanya; na hindi pa nakaranas ng ganoong mga sensasyon ang katawan niya dati at posibleng hindi na ulit makaranas pa kailanman.

May matinding init na tila itinurok sa kanyang buong sistema, naipon sa kanyang dibdib at sa

pagitan ng mga hita niya. Naging sensitibo ang balat niya na maging ang hangin ay parang bumigat, at nag-iwan ng kasiyahang tila diklap ng kuryente ang mga kamay nito saan man iyon mapadikit. Nalimutan niya ang tungkol sa buong mundo habang itinutuon niya ang sarili sa alaala ng bibig at mga kamay nito na nasa kanya.

Sandaling namilipit si Caitlin kanyang kinauupuan. Kasabay ng mga imahe ng halikan nila, ay ang tila pagragasa ng mga sensasyon sa kanyang katawan.

Ngunit kung paanong nagagawang utusan ng kanyang utak ang katawan niya na kalimutan ang tungkol sa pagod o gutom o kawalan ng tulog, inutusan ngayon ng ulo niya ang katawan niya na palisin ang masasarap na mga sensasyon upang makabalik na siya sa seryoso at propesyonal niyang katauhan.

Higit na pagsisikap kaysa sa gusto niya ang kinailangan para magawa niya iyon.

Dumating ang pagkain. Ngayong alam na ng serbidora na hindi interesado si Alex, impersonal na ang ngiti nito habang nagbababa ng plato, mukhang tip na lang ang pinupuntirya at hindi na ang katawan ng kanyang kasama.

Masarap kahit ang amoy pa lang ng pagkain, milyong milya ang layo sa karaniwan niyang kinakain. Nitong nakararaan, dumagdag ang kawalan niya ng oras sa kawalan ng pambili, kaya nabuhay siya sa yogurt at sandwiches sa nakalipas na mga linggo.

Ah, nagbabago na ang buhay niya sa napakaraming paraan, at lahat ay magaganda. Nagdesisyon siyang i-enjoy ang gabi habang dinadagdagan ang pagpipigil sa sariling reaksyon sa napakalakas at napakaseksing lalaking nakaupo sa tabi niya.

“Kain na,” anito, “at sasabihin ko sa ’yo kung p’ano nakuha ng mayor ang bansag sa kanyang ‘The Lizard’.”

Napangiting tiningnan niya ito. “Hindi dahil may-sa-balat ng buwaya ang salon tan niya?”

“Hindi. May koneksyon sa isang truck, isang kerida at sandaang libong dolyar.”

“Totoo ’yan at hindi gawa-gawa mo lang?”

“Totoong-totoo.”

Isa iyong lumang kuwento, mahaba, komplikado at nakakatawa. Pinakinggan niya iyon habang kinakain ang tuna at pasta, ang salad na may peras, arugula at balsamic vinegar, at maraming subo ng

*bistecca fiorentina* ni Alex na pinilit nitong tikman niya.

Masarap ang steak. Kagaya ng *binata*.

*O, Diyos ko.*

Inisip niyang adik sa trabaho si Alex Cruz at walang interes sa kahit ano, at ang police station ang natural nitong tirahan. At home ito roon, lalo pa't ito ang hari niyon at lahat ay sumusunod sa bawat ipinag-utos nito.

Ang mga one-dimensional na lalaki, kahit pa kasing-seksi at kasing-guwapo ni Alex, ay madaling iwasan pagtagal-tagal. Walang sense of humor ang mga monomaniacs, hindi masarap kausap at haling sa sarili.

May mga naka-date na siyang ganoon, pero kung magpapakatotoo siya, iyong tipo niyang monomaniac ay kadalasang isang iskolar na adik sa Tibetan literature, o sa Italian *opera buffa*, o kaya ay sa mga pattern ng pagboto ng mga Olandes.

Kahit pa sa teorya ay gusto niya ang mga lalaki, aminado siya na puwedeng maging napaka-boring ng mga ito, at inaasahan na niyang hindi naiiba si Alex sa mga kabaro nito, mas sexy nga lang ito kumpara sa karamihan. Masaya na ang mga lalaki na nasa

iisang lugar, gumagawa ng iisang bagay.

Ngunit heto ang kanyang kasama—komportable kahit sa mamahaling kainang iyon, nagsisimula ng magagaan at nakahahalinang usapan. Suwabe at sopistikado. Masyado itong kaakit-akit na dapat ay gawing ilegal ang mga kagaya nito.

Hindi maganda ang nangyayari. Hindi pa nakaramdam si Caitlin ng ganito kalakas at katinding atraksyon para sa isang lalaki noon. Ni hindi niya alam na kaya pala niyang makaramdam ng ganoon. Ang halik kagabi ay sobrang hindi niya inaasahan. Mahirap na nga para sa kanya na manatiling kalmado at hindi matunaw sa paanan nito kapag naiisip niya kung gaano ito kagaling na pulis. Guwapo, oo, given na iyon—pero inisip niyang wala itong kuwenta pagdating sa pakikipagrelasyon. Isang lalaki na pag wala sila sa kama ay papatayin lang siya sa inip. Ang lalaking iyon ay walang pang-akit bukod sa sekswal, na alam ng Diyos na sapat na.

Sino ang makakaisip na kasali pala sa listahan niya ng mga prayoridad ang pakikipagtalik? Bago iyon sa kanya. Kung ipapalista kay Caitlin noon ang mga bagay na nagbibigay sa kanya ng kasiyahan, nasa ilalim niyon ang sex. Mas exciting pa para sa kanya dati ang maghanap ng libro sa library kaysa matulog

kasama ang isa sa mga ex niya. Ngunit iyon nga, parang apoy na nag-init ang traydor niyang katawan nang sandaling hawakan siya ni Alex.

Ang maalam, sopistikado at nakaaaliw na Alex ay totoong nakakatakot dahil tinuturuan siya nitong magnasa. Ang maalam, sopistikado at nakaaaliw na sex god ang garantisadong sisira sa kanya habang-buhay.

Nasanay si Caitlin na hindi maghangad ng mga bagay na hindi niya maaaring makuha. Mahusay siya roon dahil marami siyang praktis. Sa nakalipas na mga taon, pinanood niya ang mga kaklase na matanggap sa trabaho at umangat sa buhay. Karamihan sa mga kaibigan niya ay may mga sarili nang bahay, bumibili ng mga mamahaling damit, nagmamaneho ng magagarang sasakyan, kumakain sa mga restaurants na nire-review sa mga pahayagan at nagbabakasyon sa malalayong lugar. Noong pinili niyang mag-aral, alam niyang matagal pa bago niya matikman ang mga bagay na iyon, kung mangyayari man.

Nagsipag-asawa na rin ang ilan sa mga ito, o kahit paano ay may mga karelasyon. Bihira niyang aminin sa sarili kung gaano kasakit na panoorin ang mga kaibigan niyang magpares-pares, habang siya ay nanatiling... *nag-iisa* sa lahat ng panahon.



Kaya napakabuti na nagdesisyon siya noon pa lang na hindi magnais ng mga imposible niyang makuha.

Ang maghangad ng isang tunay na relasyon kay Alex Cruz ay susugat lang sa puso niya. Matapos ang nangyari nang nakaraang gabi, naisip niyang maaari silang magkaroon ng affair pag biglang nagdesisyong lumayas ang pagpipigil niya. Hindi iyon propesyonal, pero kailangan na lamang naman niya itong pakitunguhan ng isang linggo mahigit. Hindi naman niya ito regular na katrabaho na kailangan niyang pakisamahan lagi, no-no siya sa pakikipag-affair pag ganoon.

Kaya, oo, kung kailangan niyang maging tapat siya sa sarili, parang magandang ideya nga ang hot sex sa unang pagkakataon sa buhay niya. Gagawin nila iyon at pagkatapos ay maghihiwalay nang walang anumang komplikasyon. Dati nang kumukulo ang planong iyon sa kanyang subconscious at ngayon ay nagsisimula na iyong bumulak paitaas.

Laging naiisip ni Caitlin dati na ang makakatuluyan niya ay isang mabait at simpleng iskolar. Iyong sweater-and-suspenders na klase ng lalaki. Sabay silang mag-aaral, mag-uusap tungkol sa makabuluhang mga bagay, at magalang na magtatalik sa dilim, sa ilalim

ng mga kumot.

Alam niyang mahusay na mga kapareha ang mga beta males kahit pa hindi nila kaya, saying, na painitin ang katawan ng kapareha nila. Kahit ngayon lang, gusto ni Caitlin na maranasang pag-initan ng katawan. Ang alaala ng nag-aapoy niyang sandali sa kama kasama ang isang tunay at purong alpha male ang magpapainit ng mga gabi niya sa piling ng mabait at maamong lalaking mapapangasawa niya.

Ang mainit at hindi malilimutang pakikipagtalik sa isang lalaking alam mong hindi mo gugustuhing makasama nang pangmatagalan ay isang bagay. Pero ang mainit at hindi malilimutang pakikipagtalik sa isang kaakit-akit na lalaking nag-uudyok sa kanya na humirit pa...

Well. Naghahanap siya ng heartbreak.

“So, nakukuha mo naman ba ’yung kailangan mo sa station?” Bigla na lang sumulpot ang tanong na iyon mula sa kung saan, pabalewala ang tono, ngunit matiim ang mga mata nito habang pinagmamasdan siya.

Sumimsim si Caitlin ng alak. Kahit iyon ay perpekto. “Oo, salamat. Sina Kathy Martello at Ben Cade ang partikular na naging matulungin

sa akin. Marami akong nakuhang importanteng inpormasyon.” *Kasali na ang kuwento ng buhay ng isang Alejandro Cruz.*

“Ayan ka na naman,” mahinahong obserba ni Alex habang inuubos ang laman ng sariling baso.

Pangalawang bote na nila iyon. Dahil doon at sa totoong napakasarap na pagkain, napuno si Caitlin ng isang nakagiginhawang init. Kung hahayaan mo rin lang na mawasak ang puso mo, itodo mo na.

“Ano?” Iniikot niya ang baso, pinanood ang repleksyon ng kandila roon.

“Nakangiti ka.”

“Tinyente, labag na ba sa batas ngayon ang pagngiti?”

“Siguro. Dapat nga siguro, dahil nagpapaliwanag ako rito kung p’ano magpalakad ng bansa ’tapos bigla kang ngingiti.” Pinag-uusapan nila ang tungkol sa iskandalo sa senado kailan lang, at nagkasundo sila tungkol sa kung sino roon ang mababait at sino ang mga walanghiya. “Dapat tumatango ka o kaya nakakunot-noo dahil pinag-iisipan mo ang karununganang sinasabi ko.”

Bumuntong-hininga si Caitlin. “Sorry. May iniisip

lang akong ibang bagay.”

“Gaya ng?”

Nagkibit-balikat siya, natutuwang hindi marunong magbasa ng isip ang lalaki.

“Sasabihin mo ba sa ’kin o tatawagin ko ang maître d at ipapakuha sa kanya ang rubber hose para mapagsalita ka?” Yumuko ito sa kanya at ginaya ang accent ng actor na si Peter Lorre. “Theeessss restaurant’s dooongeon isss famous in four cown-treeeessss.”

Maganda ang tama ng ilaw mula sa kandila sa bawat anggulo ng matigas, malinis at napakaguwapo nitong mukha. Kumikinang ang humor at katalinuhan sa maitim nitong mga mata. Matingkad ang pagkakayumanggi ng balat nito salungat sa puti nitong pang-itaas. Ang bibig nito ay parang matigas pero malinaw niyang naaalala kung gaano iyon kalambot sa mga labi niya. Naaalala rin niya kung paanong nagdikit ang mga dila nila. Ang lahat sa kanya ay sumikdo noong halikan siya nito, kasali na ang puso niya.

Ipinatong ni Caitlin ang mga kamay sa kanyang kandungan at ikinuyom ang mga iyon, kung hindi, aabutin niya at hahaplusin ang labi ng lalaki, ang

balat, at isusuklay ang mga daliri niya sa buhok nito. Nakaupo si Alex malapit sa kanya—sobrang lapit na ramdam na niya ang init na ibinubuga ng katawan nito.

At naaamoy niya ito. Kaiga-igaya ang amoy nito. Hindi iyon pabango. Ang nalalanghap niya ay amoy ng malinis na damit, sabon, shampoo... at ang mismong balat ng lalaki. Isang malinis na amoy-lalaki na dinisenyo nang daang libong taon ng evolution para mahuli ang mga padalus-dalos na babaeng kagaya niya. Sa nakalipas na mga siglo, ilang babae na kaya ang bumagsak dahil sa amoy na iyon, tinernuhan ng madidilim at maaalam na mga mata at seksing ngiti?

Milyon. At lahat iyon ay naiwang sugatan ang puso, bawat isa sa kanila.

Naglapag ng isang mangkok sa harap nila ang kanilang serbidora, at napabuntong-hininga si Caitlin, natuwa sa istorbo. Tsokolate at krema lang siguro ang natitirang mga bagay sa mundo na kayang umagaw ng atensyon niya kahit man lang isang segundo mula kay Alex Cruz. “Wow. Tiramisù.”

“Siyempre, ang pinakamasarap lang.” Pinulot ni Alex ang kutsarita.

*A Fine Specimen - Lisa Marie Rice*

---

Humahangang pinagmasdan ni Caitlin ang mangkok na napapalamutian ng maliliwanag at umiikot na mga kulay. Pinuno ng amoy ng tsokolate ang ilong niya. Nakangiting tumunghay siya kay Alex—at natigilan.

Apoy. May apoy sa mga mata ng lalaki. Nakatiim ang bagang nito at isang manipis na linya na lamang ang bibig. Tiningnan siya nito na para bang *siya* ang gusto nitong kainin, imbis na ang tiramisu...

At ang mga imaheng nabuo dahil sa tingin nitong iyon ay naging dahilan para panginigan siya ng laman, umigkas ang kamay niya at natabig ang mangkok ng dessert derecho sa kandungan ni Alex.

## 6

“Sobrang sorry talaga, Alex,” sising-alipin na sabi ni Caitlin sa ika-bazillion na yatang beses. Ramdam na niya ang pamumula na umabot na pababa sa kanyang mga dibdib. Sana ay hindi na siya kasing-pula ng stoplight kagaya kanina sa restaurant. Binuksan ni Alex ang pinto ng bahay nito at inilagay ang kamay sa likod niya para igiya siya papasok.

Isang bangungot ang biyahe nila pabalik, kasama ang tira-tirang tiramisù na natutuyo sa pantalon ni Alex habang siya ay pulang-pula ang mga pisngi at nanginginig ang mga kamay na nasa kanyang kandungan, hindi magawang magsalita ng isang buong pangungusap ng walang ‘sorry’ na kasama. Sa huli, kinailangan na lang niyang manahimik.

“Tiramisù,” mahinahong sabi nito, nakayuko sa nasalantang pantalon. “At least, medyo maitim. Kung nagkataong iyong cream sauce ng pasta ang tumapon dito, kitang-kita ’yun sigurado.”

Napangiwi si Caitlin at tumingin sa malayo. Iti-man ang pantalon nito, gawa sa mahal at napakahusay na lana—at ngayon ay natatakpan ng bahagyang natuyong krema at tsokolate. Kasalanan niya ang la-

hat ng iyon. “Oh God, ano ba’ng masasabi ko? Sorry.” Nasindak si Caitlin nang marinig ang panginingig sa kanyang boses.

Nahiling niya na sana ay inihatid muna siya ni Alex sa hotel sa halip na dumaan muna sila sa bahay nito para magpalit. Puwede sana siyang mamaluktot na lang doon sa madumi at baku-bako niyang kama nang walang makakakita ng kahihyan niya, kaysa naman dito na pulang-pula ang mukha niya, hirap huminga at kumukurap para pigilan ang luha.

“Hey.” Inabot ng malaking kamay ni Alex ang baba niya at itinaas iyon. Hinaplos ng hinlalaki nito ang kanyang pisngi at pinahid ang luhang namuo sa sulok ng mata niya. “Ano ’to?” Mahinahon ang malalim na boses ng lalaki.

Natigatig si Caitlin nang hawakan siya nito. Di-yos ko, nakakatakot na ito. Kahit ang mga kaswal na pagdidikit nila ay tila may kuryente.

Itinaas nito ang mga kilay. “Hindi ka naman takot sa akin, di ba?”

“H-hindi.” Humugot ang dalaga ng malalim na hininga. Hindi iyon takot, ngunit kaya talaga siyang panginigin ng binata. “Pero minsan... ninenerbyos ako dahil sa ’yo.”



“Hindi ko gustong gawin iyon,” sagot nito, seryoso ang malalim na boses. Ang magaganda nitong kilay ay nagsalubong sa isang nalilitong kunot at mabagal itong napailing. “Kailangan kong lumabas at bumili ng isang bagong wardrobe at pinkaayaw kong gawain ang mag-shopping.”

“Joke iyon, di ba?” nanginginig na tanong niya. “Sabihin mong biro lang iyon.”

Hindi nakikinig si Alex. Dumulas ang kamay nito sa kanyang buhok upang sapuhin ang ulo niya. Nakatutok ang mga mata nito sa kanyang bibig. Naramdaman niya ang hininga nitong tumatama sa kanyang mukha. Isang segundong nasalubong ng paningin niya ang mga mata nito at ang init doon ay nagpapitlag sa puso niya.

Gumewang siya patungo rito, di mapigilan ang galaw na iyon, parang bakal na naakit sa magnet. “Alex?”

Niyuko nito ang pantalon, saka umatras. At parang namatay ang force field na nakapalibot sa kanya. Tumingin siya sa paligid. Nabawasan ang tensyon sa kanyang mga balikat. Humugot siya ng hininga, na noon niya lang nadiskubre na pinipigilan niya pala.

Tumalikod si Alex. “Aakyat muna ako sa ’taas para

magpalit. "Tapos, puwede tayong bumalik sa labas kung gusto mo. May maliit na jazz club na may masasarap na margaritas, malapit lang dito. O kaya manood tayo ng sine. O kaya dito na lang tayo manood." Inisang-hakbang nito ang bawat dalawang baytang, huminto sa landing, at niyuko siya. Hindi malayo ang naaabot ng ilaw sa sala kaya ang napansin lang niya sa landing ay ang puting kamiseta nito, na para bang isa itong makapangyarihang multo na may malalim na boses. "Puwede kang magpatugtog kung gusto mo."

"Okay."

Ipinagpapasalamat niya ang palugit na iyon. Kailangan niya ng oras para muling makontrol ang kanyang mga emosyon.

Nagtitingin siya sa bahay ni Alex habang sinusubukang abalahin ang sarili. Wala siyang ideya kung nasaan sila, maliban sa wala sila kabayanan. Mayroong ugali si Caitlin na pinapareha niya ang mga tao sa hit-sura ng kanilang mga bahay at bihira siyang magkamali. Na-imagine niyang nakatira si Alex Cruz sa isang apartment sa lungsod, malapit sa pinangyayarian ng aksyon. Iyong klase ng bachelor pad na hindi mahirap ayusin; lugar kung saan nito sinisimulan ang buhay nito, at wala nang iba.

Kaya sobrang nasorpresa siya nang pumarada sila

sa garahe ng isang maliit, malinis na bahay na may dalawang palapag, sa isang pangmayamang residential district mga sampung milya mula sa siyudad.

Sino ang makakaisip na taga-suburb pala ito? Lagi na lang siyang sinosorpresa nito.

Nag-ikot siya sa sala, interesadong mas makilala pa ang lalaki. Hindi ito madaling basahin dahil kaunti lang ang naroon na medyo personal. Ang bahay na iyon ay parang makina lamang na ginagamit para mabuhay. Walang mga dekorasyon, walang larawan, walang halaman, walang souvenir na nakakalat di tulad sa ibang tao. Walang anumang bagay roon sa sala na magkakanulo tungkol sa personalidad ng may-ari sa kahit na anong paraan. Ang ilang piraso ng muwebles ay magaganda ang kalidad, ang maputing pader ay hubad sa anumang painting o kahit anong kuwadro, walang pahiwatig ng sports na posibleng nilalaro nito o ng libangang mayroon ito.

Walang senyales ng presensya ng isang babae kahit saan.

Malinis ang bahay. Kahit paano ay na-imagine niya *iyon*. Malinis itong manamit—puting-puti ang mga kamiseta at plantsado, walang gusot ang pantalon at makintab ang mga sapatos. Kaya hindi na siya nasorpresa roon. Ang ikinamangha niya ay ang mga

libro—ang mga dingding ay may mga nakalinyang istante na puno ng dalawa o minsan ay tatlong aklat. Mahilig magbasa si Alex—mahilig na mahilig.

Mistula itong masyadong seryoso. Mr. Macho Cop, ang klase ng lalaking nag-uubos ng libreng oras sa firing range o kaya ay sa pick-up basketball.

Naintriga, yumuko si Caitlin para tingnan ang ilan sa mga titulo ng libro. Nagbabasa ito tungkol sa kasaysayan at siyensya, mga biographies at travel books. May ilang science fiction din. Nagbabasa ito ng mga mysteries, na hindi niya ikinagulat, at westerns, na siyang ikinasorpresa niya.

*Westerns?* Sino ang mag-aakalang mahilig ito sa ganoon? Di ba pag mahilig sa westerns ibig sabihin may pagka-romantiko? O niloloko lang ba niya ang sarili niya?

Sa isang high-tech na metal na patungan ay ang pinakamalaking home entertainment center na nakita niya; isang higitang flat-screen TV at modernong Swedish stereo set.

Pinadaan niya ang daliri sa mga DVDs nito, lahat ay binili at walang pinirata. Klasikong pelikula ang karamihan sa mga iyon, karamihan ay narinig niya lang pero hindi pa napapanood. Ang mga CDs nito

ay nakaayos sa lalagyan, nakasunud-sunod ayon sa alpabeto at maayos. Hindi na niya maalala ang huling beses na bumili siya ng musika, pero sa unibersidad naman siya nabuhay. 2002 pa noong huling bumili ng CD ang mga estudyante sa kolehiyo. Pinaraan niya ang daliri sa mga pangalan ng kompositor at mga mang-aawit. Ang taste ni Alex sa musika ay malawak, mas maraming instrumentals.

“Yung remote ng CD player nasa kahoy na mangkok sa mesita.” Pumailanlang ang malagom na boses ni Alex mula sa hagdanan.

Natagpuan ni Caitlin ang remote at pinili ang tahimik, bluesy na album. Ang mga nota mula sa malungkot na saxophone ay nakaka-depress at makabagbag-damdamin. Marahan siyang umindayog kasabay ng musika. Pagkatapos, naupo siya sa sofa at isinandig ang ulo roon. Pinuspos siya ng musika—banayad, malungkot, kaakit-akit. Ipinikit niya ang mga mata at hinayaang kalmahin ng tunog ng saxophone ang mga ugat niya.

“Eto.” Binuksan lang ni Caitlin ang mga mata para makita si Alex na nag-aabot ng isang kristal na baso na may kulay amber na likido at yelo. “Mahusay si Coltrane sa nerves, ano? Ito rin.” Marahang itinulak nito ang baso sa kamay niya.

“Salamat.” Nilunok niya ang whiskey habang paupo si Alex sa tabi niya. Lumubog ang sofa at pangrang nagkuntsabahan ang buong kalawakan upang lumubog din siya palapit dito. Ramdam niya ang init ng katawan ng binata, ang puwersa ng mga mata nito sa kanya. Ninenerbyos na muli siyang tumungga ng inumin.

“Uy, dahan-dahan.” Tumaas ang bibig ni Alex sa isang kalahating ngiti. “Gusto kong ma-relax ka, hindi malasing.” Napabuntong-hiningang sumandal ito sa sofa at dumikit sa kanya ang isang malapad na balikat. Itinaas nito ang braso at ipinatong iyon sa likod ng upuan, sumagi iyon sa mga balikat niya. Nagtayuan ang balahibo niya sa batok.

Bahagya siyang lumingon para pagmasdan ang binata. Nakapagpalit na ito; itim na kamiseta at pantalong maong na ang suot. Ngayong hindi ito naka-pormal, nagmukha itong mas bata kaysa sa tila nagkatawang-taong *RoboCop* na bersyon nito. Hindi ito nagmukhang malambot, pero mas mukhang madaling lapitan.

Naisip niya ang mga lalaking naka-date niya, kahit pa nang sandaling iyon ay hindi niya maalala ang mukha ng kahit isa sa mga iyon. Mga *boys* ang mga iyon, ngayon niya lang nabatid, at hindi pa *men*. Iyon

ang mali sa mga lalaking iyon. Malambot, mahina at kung minsan ay iritableng mga batang lalaki. Mga tuta.

Sa kabilang dako, walang kahit ano tungkol kay Alex Cruz na boyish o malambot. Isa itong maka-pangyarihang lalaki sa kalakasan nito, isang malaki at kahanga-hangang nilalang, isa sa mga aristokrato ng kalikasan, tulad ng isang tigre o lobo. Makapang-yarihan sa bawat paraan.

Ibinaling nito ang guwapong mukha para pagmas-dan siya, ni hindi na nagkunwaring sa iba nakatingin.

Sa ngayon, lahat ng kahanga-hanga nitong lakas ay parang laser na nakatutok sa kanya. Buong-buo. Na para bang pati molecules sa hangin ay may kuryente at nakatuon sa kanya. Kinailangan niyang paalalahanan ang sarili na huminga at sadyaing gawin iyon.

Nasa hangin ang pagnanasa—mabigat, amoy-musk, pumipintig kasabay ng ritmo ng saxophone. Halos nakikita na niya ang mga pheromones na sumasayaw sa malabong ilaw. Lahat sa kanyang katawan ay mabigat—ang talukap ng mga mata niya, ang mga biyas, ang mainit na dugong dumadaloy nang mabagal sa mga ugat niya na parang pulot. Lahat, maliban sa kanyang ulo na masyadong magaan na para bang lulutang na lang sa hangin.

Huminto ang musika nang matapos ang awitin. Sa loob ng ilang sandali, parang kumot na bumalot sa kanila ang katahimikan. Sinamahan sila ng tugtog na para bang iyon ang ikatlong tao sa silid, ngunit ngayon ay iniwan na sila niyon. Ngayon, sila na lamang dalawa ang natira.

Nagsimula ang bagong kanta—suwabe at seksi ang tunog. Tunog iyon ng isang clarinet at isang piano, isang mababa, pumipintig na pang-ilalim na tunog, napatungan ng senswal na melodiya. Purong sex na inilagay sa isang musika.

Bawat pandama ni Caitlin ay tumaas. Naririnig niya ang kanilang paghinga, ang mahinang bulong ng mga kotseng dumaraan sa kalsada sa labas, ang mabilis na tibok ng kanyang puso. Naging isang malaking sensitibong pad ang balat niya, ramdam niya ang bawat dali ng suot niyang tela—ang bestida, ang panloob, ang sapatos, lahat ng suot niya. At lahat ng bahagi ng balat niya na hubad ay nakararamdam ng pagtama ng paningin ni Alex sa mga iyon, kasinglinaw kung iniunat nito ang isang malaking kamay at hinaplos siya.

Ang mukha ng binata ay pulos matitigas na linya at anino sa malamlam na ilaw. Ang mismong hangin ay pumipintig dahil sa kung anong napakalaking bagay



na malapit nang mangyari.

Pakiramdam ni Caitlin ay diver siya na nag-aalangang tumalon mula sa pinakamataas na diving board, nakayuko sa tubig na babagsakan at kumakabog ang dibdib dahil sa takot at excitement. Babaguhin ng susunod na mga sandali ang buhay niya, sigurado siya roon. Natatakot siyang gumalaw, huminga.

Napatalon siya nang isang matigas na kamay ang sumaklob sa batok niya. Nanginig ang kamay niya at kumalansing ang yelong laman ng kanyang baso.

Iniunat ni Alex ang kamay at kinuha ang baso mula sa kamay niya. “Ingat,” bulong nito. “Mauubusan na ako ng pantalon.”

Halatang napawi na ng alak ang indignation lobe ng utak niya. Ang tanging nagawa niyang sabihin ay ang mahinang, “Hindi ’yun nakakatawa.”

Pumaloob sa buhok niya ang mga daliri nito. “Hindi talaga,” sang-ayon nito. “Ayoko talagang mag-shopping.” Tinalunton ng hinlalaki ni Alex ang buto ng kanyang panga. “So... gusto mo bang lumabas?”

Lumabas? Gusto ba niyang *lumabas*? Ano naman ang posibleng gugustuhin niya sa labas pag ganitong lahat ng kaakit-akit ay narito sa loob, pinanonood siya gamit ang maiinit, madilim at namimigat na mga

mata? Umiling siya. “Ayoko.”

Hindi nagbago ang ekspresyon nito, ngunit mas sumidhi. Lahat ng bagay ukol sa mukha nito ay luminaw, tumalas, naging mas alerto.

Mabagal nitong tinanggal ang suot niyang salamin at maingat na ibinaba iyon sa mesita. Nearsighted siya, kaya walang problema. Lahat ng gusto niyang makita nang sandaling iyon ay ilang dali lamang ang layo sa kanya.

Pinanood ni Caitlin ang mukha nito habang lumalapit sa kanya. Kita niya ang ilaw na nasasalamín sa maiitim nitong mga mata, ang mumunting balbas na tumutubo sa mukha nito—pagkatapos ay wala na siyang nakita pa dahil ipinikit na niya ang mga mata nang magdikit ang mga labi nila.

Sinasabi ng huling hibla ng katinuan na umayos siya, huwag hayaan ang sarili na makalimot sa sandaling iyon, huwag makalimot nang dahil sa *binata*.

Pero huli na.

Sa unang pagdampi ng mga labi nito sa kanya, nawala na siya sa sarili.

---

Alam ni alex na mangyayari iyon.

Ilang beses na siyang nangatwiran sa sarili: *Huwag mong hahawakan, masyado pa siyang bata para sa 'yo, katrabaho mo siya—parang gan'un; at anak-anakan siya ni Ray.* Lahat iyon sa pinakaistrikto at nakakatakot na 'Tinig ng Diyos' niya na napakaraming ginawang himala sa istasyon. Yada yada, yeah yeah. Dapat pala ay pumito na lang siya sa buwan, ganoong wala naman palang ibinigay na atensyon ang katawan niya sa mararangal niyang intensyon.

Isang bagay iyong kumbinsihin niya ang sarili sa ideya na off limits si Caitlin Summers habang naghahapunan sila. Walang masyadong tsansa para punitin ang mga damit nito at makipagtalik dito sa isang silid na puno ng maraming tao.

Pero iba ngayong silang dalawa na lang sa loob ng bahay niya. Lahat ng cells sa katawan niya ay nagsusumigaw para makipagtalik mula pa kanina at nagawa niya iyong isantabi gamit ang pagkarami-raming self-control. Ngunit ngayon, tapos na ang pagkukunwari, hindi ngayong sakop na niya ang bibig ng dalaga. Sumuko siya nang di man lang nanlalaban. Hawakan lang ito ay para na siyang sasabog. Kamay pa lang niya sa leeg nito, habang dinadama ang balat sa ilalim ng tainga ni Caitlin, nagkukumahog na ang puso niya.

Malambot ang balat sa ilalim ng tainga ng dalaga.

Gayundin ang mga mata nito, ang mga labi...

Sandali siyang umatras para huminga. Nakapikit si Caitlin, at nakataklob ang mahahaba nitong pilik sa pinong mga pisngi. Marahang bumukas ang talukap ng mga mata nito at pumaikot sa mukha niya ang paningin nito. Sa malalam na ilaw, kulay abo ang mga mata nito at napapaligiran ng matingkad na asul. Nang gumalaw ang mga mata nito, kuminang iyon na parang kidlat. Nakakamangha iyong panoorin. Hindi niya halos maialis ang tingin dito.

“Alex?”

Diyos ko, kahit ang boses nito ay pino, may bakas ng matamis at mabangong bulaklak na nagpabaliw sa kanya.

“Hmm?” Kung gusto nito ng kuwentuhan—at dahil kilala na niya ang babae, alam niyang matalinong usapan iyon—mukhang hindi siya magiging maayos na kasama, dahil halos hindi na niya maaalala ang sarili niyang pangalan.

“Are we going to have sex?”

“Oh, yeah,” hinga niya.

Narinig niya sa isip ang tunog ng napatid niyang pagpipigil.

“Good.”

May kasabay na daing, niyuko niya ang dalaga sa isang mas marahas na anggulo at inangkin ang bibig nito. Kamangha-mangha ang lasa ni Caitlin—ang whiskey, ang bahagyang lasa ng Merlot kaninang hapunan nila, at purong pangangailangan. May lasa ba ang pagsuko? Kung mayroon, ganito iyon. Ang bibig ng babae ay nakabuka para sa kanya habang ang ulo nito ay nakasandal sa kamay niya. Pumaikot sa leeg niya ang mga braso nito at hinila niya ang dalaga nang mas malapit kasabay ng pagsabog at pagkamatay ng mga neurons sa utak niya dahil sa sensory overload.

May protocol sa pakikipaghalikan. Dapat ay mag-simula ka nang mabagal at iakyat ang init. Pagkatapos, puwede ka nang huminto sa paghalik at tumuloy na sa pagtatalik. Pero bago iyon, may sandali na maiintindihan mo kung nagbibigay ba ng senyales ang babae na oo, papunta na sila roon kaagad.

Pero hindi ngayon, hindi kay Caitlin. Hindi iyon isang himpilan lamang patungo sa kung saan; masyado itong mainit at may panggayuma sa sarili pa lamang nito. Hindi ito iyong pasimulang halik, maliit at banayad na mga kagat at pinong pagsasaliksik ng kanyang dila.

Masyado siyang sabik para sa ganoon.

Umulos siya derecho sa bibig nito. Inilapat niya ang nakaawang niyang bibig sa bibig nito at, sa katuwaan niya, natagpuan niyang nakabuka na ang bibig nito para sa kanya, agad na sinalubong ng malambot na dila ang pananalakay niya. Hinaplos ng dila nito ang bibig niya at naramdaman niya ang buntong-hinga ng dalaga sa mga labi niya. Bawat galaw ng dila nito ay nagagawang dalhin ang dugo niya derecho sa puson niya hanggang sa nagsasayaw na ang alaga niya sa ilalim ng kanyang pantalon. Nakalapat ang hinlalaki niya sa isang ugat sa leeg nito at isinusumpa niyang naramdaman niyang bumibilis ang pulso nito sa tuwing madidikit ang dila niya sa dila nito.

Nawalan na ng ideya si Alex patungkol sa oras, ganap nang nakalimot, kumipot ang mundo niya sa mga brasong nakapalibot sa leeg niya, sa mga dibdib na nadikit sa sarili niyang dibdib, at sa bibig nitong nakaawang para sa kanya. Sinapo niya ng dalawang kamay ang ulo ng dalaga, inianggulo nang bahagya upang mas palalimin at paigtingin ang halik, at dumerecho sa ulo niya ang amoy at lasa ni Caitlin, mas mainit at mas masarap pa kaysa sa bourbon.

Sing-tigas na siya ng bato, at ganoon na siya mula pa nang hawakan niya ito. Mapadikit lang ang daliri niya sa malambot na balat sa leeg ni Caitlin ay naninigas na siya, at sa bawat haplos ng dila niya sa

dalaga, ramdam niya ang unti-unting pagwawala ng kanyang pagkalalaki.

Sinapo niya ang mga balikat ng dalaga, dinama ang maliliit na straps ng bestida nito at ang mapapayat ngunit malalakas na kalamnan ng braso nito. Dumulas ang mga kamay niya pababa sa baywang ni Caitlin at saka mabagal na umakyat sa tuktok ng bestida nito.

Ah, hayun sa wakas, ang daan patungo sa paraiso.

Ibinaba niya ang maliit na zipper ng damit nito nang hanggang sa kalahati at pinaghiwalay ang magkabilang bahagi ng tela. Natagpuan ng mga palad niya ang isang mainit, makinis na babae at wala nang iba pa. Itinaas niya ang bibig mula sa dalaga sa loob ng isang sandali.

“Sa buong panahong ito,” singhap niya, nananakit ang puson. “Buong hapunan, iniisip ko kung ano ang suot mo sa ilalim ng bestidang ito.” Pinaraan niya ang mga palad sa malambot, mainit at hubad nitong likod. “Ngayon, alam ko na.”

“Ngayon, alam mo na,” bulong ni Caitlin, habang pinararaan niya ang mga labi sa sentido ng babae pababa sa panga nito. Napapitlag ito nang marahan niyang kagatin.

Marami na siyang alam ngayon. Kung paano bu-

mibilis ang paghinga ni Caitlin kapag hinahalikan niya, kung paano umaarko ang likod nito kapag yakap niya ang makipot nitong baywang, kung paano nanginginig ang paghinga nito kapag nagdidikit ang mga dila nila.

Pinanatili niyang mabagal ang galaw ng mga kamay, marahan itong hinahaplos, kahit pa ang gusto niyang gawin ay sakmalin ito. Durugin ito sa kanyang katawan nang buo niyang lakas, pagkatapos ay hubaran at angkinin nang mabilis at madiin. Puno ang ulo niya ng mga imahe nila nang magkasama; siya habang nakabaon sa katawan ng dalaga, buong puwersa itong inaangkin; mas mariin pa kaysa sa naging pag-angkin niya sa kahit sinong babae. Bayolente ang pagnanasang nagpapanginig sa kanya at higit na pagsisikap kaysa sa gusto niya ang kinailangan upang panatilihing banayad ang kanyang mga kamay.

Tatag lang ng loob ang gamit niya para mapanatiling nakabuka ang mga palad. Ang gusto niyang gawin ay sunggaban ito, hablutin, ibaon ang mga daliri sa malambot nitong balat. Gusto niyang itali ito sa sarili upang hindi na ito makalayo pa.

Tinatakot siya ng mga imahe sa loob ng isip niya. Malalakas ang mga kamay niya. Kung hahawakan niya ito nang kasing-higpit gaya ng nais niya, mag-iiwan siya ng napakaraming pasa sa maputi at malambot



nitong balat.

Pinaglandas niya ang mga nakabukang palad pataas sa mala-satin na likod ni Caitlin, minsan pa ay marahan niyang sinapo ang ulo nito gamit ang dalawang kamay at tinikman ang kaloob-looban ng bibig ng dalaga. Hinila niya isa-isa ang pins sa buhok nito at nangatog nang mahulog sa mga kamay niya ang makintab at mabigat nitong buhok. Pinagmumulan iyon ng matamis na amoy ng shampoo, parang bulaklak na nilamukos ang mga talulot. Nakalalasing ang bangong iyon, napakaseksi.

“God!” singhap niya, ibinaon ang mukha sa leeg nito, dinama ang malalambot na likaw sa balat niya. Bantulot na pinaraan niya ang dila sa leeg nito, dinadama ang pumipintig na ugat doon, nais ibaon ang ngipin doon. Nagpadala siya sa tukso at bigla itong kinagat. Hindi ganoon kadiin para masaktan ang dalaga, ngunit sapat para tatakan ang kanyang pag-aari. Napatalon ito nang bahagya, nangaligkig. Napasinghap si Caitlin at saka nagpakawala ng isang mahinang ungol.

Oh f\*ck, this was just so delicious. Walang duda, lahat-lahat ng tungkol sa dalaga ay masarap—ang pakiramdam nito, ang amoy, ang lasa.

Binuksan pa niyang lalo ang magkabilang gilid ng

bestida at itinulak iyon pauna, paalis sa mga balikat nito. Kaunting galaw, isang marahang alog at bahagyang pagtaas ng mga balakang nito at nahubad na iyon. Napakadali, tila isang bagay na itinadhana. Ayaw na ayaw niyang nag-aalis ng damit ng mga babae, ngunit ang pagkakataong ito ay tila ba hango mula sa isang panaginip. Isang kibot at wala na ang bestida.

Lumayo si Alex nang kaunti, hawak pa rin si Caitlin at gutom na na nakatitig dito. Napakaperpekto nito, maliit at pino, may matatag at malambot na mga kalamnan. Namula si Caitlin sa ilalim ng kanyang paningin, ang kulay ng mga pisngi nito ay mala-rosas, ang kulay ng pangangailangan, malayo sa halos kulay-stoplight na pagkapula ng mga iyon noong matapunan nito ng tsokolate ang kandungan niya.

Ang tiramisù na iyon sa kandungan niya ang nagdala sa kanila sa sandaling ito. Pagpalain ang dessert na iyon. Ipapatubog niya iyon sa tanso.

Maganda itong pagmasdan, ngunit mas masarap itong haplusin. Hinila niya ito hanggang sa ninanamnam na niya ang leeg nito, hinahagkan ang malambot na balat sa likod ng tainga nito, pinararaan ang ngipin sa isang litid. Nagustuhan iyon ni Caitlin. Nangatog ito at mahinang napaungol. Sandali siyang lumayo at yumuko. Oh yeah, naninigas ang mga tuktok ng

dibdib ng dalaga.

“Hindi ko alam kung ano’ng uunahin,” bulong niya. Umunat ang isang daliri, pumaikot sa isang nitong nipple. Muli itong nangaligkig. Itinaas niya ang mga mata at nasalubong ang tingin ng dalaga. “Tulangan mo ako, Caitlin. Ano’ng gagawin ko?”

Bumuka ang bibig nito at muli ring sumara. Kumawala ang isang bugso ng hininga nang matawa ito. “Wala akong ideya. Hindi naman siguro humihingi ang tanyag na si Lieutenant Cruz ng *instructions* galing sa akin, ano?”

Hindi pa nagkaroon ng ganito sa ilalim ng mga kamay ng tinawag nitong *tanyag* na Lieutenant Cruz sa loob ng mahabang panahon.

“Well... Gusto kong gawin ang mga bagay na gusto mo. Iyon ang general idea, kaya ako nagtanong.”

Tahimik ito nang ilang sandali, namimilog ang mga mata. Napakaganda ng mapusyaw na asul na kulay ng mga iyon sa ilaw ng silid.

“Gusto ko lahat ng ginagawa mo sa kin,” simpleng sagot nito.

Alex lost it. Simply lost it.

Tumayo siya mula sa couch bitbit si Caitlin sa

kanyang mga bisig, tinungo niya ang hagdanan nang hindi inaalis ang bibig sa labi ng dalaga. Kasing-gaan lang ito ng bulak, ngunit kahit pa hindi, sumabog na ang pagnanasa niya na bigla siyang nagkaroon ng di-pangkaraniwang lakas. Kakayanin niya itong buhatin kahit nangyaring sing-bigat ito ng isang solidong tansong estatwa, dahil nasa itaas ang kama niya at mas matindi pa ang kagustuhan niyang mailagay ang dalaga sa ibabaw niyon kaysa sa pangangailangan niya para sa susunod niyang hininga.

Tumama ang isang daliri niya sa paa sa unang baitang at napausal siya ng “Shit!” sa bibig ni Caitlin. Kumurba ang mga labi nito sa ilalim ng sa kanya.

“Sigurado kang gusto mong gawin ito?” hinga nito sa bibig niya habang mabilis niyang inaakyat ang hagdanan. “Baka bigla kang mag-back out.”

*F\*ck yeah*, gusto niyang gawin ito! “Hindi, kahit harangan pa ako ng sibat,” ungol ni Alex.

Hindi niya binuksan ang ilaw ng silid. Nakabukas ang mga kurtina at pumapasok ang liwanag mula sa bilog na buwan, pinapaliguan si Caitlin ng ilaw niyon. Binaba niya sa sahig ang dalaga at isang segundong ini-enjoy ang tanawin. Nais niya sanang pagmasdan ito nang matagal, ngunit mas matindi ang kagustuhan niyang paglandasin sa katawan nito ang kanyang mga

kamay.

Nakasuot ito ng puting panties at matataas na takong.

Jesus.

“Wow. Buti na lang pala, hindi ko alam kung ano ang nasa ilalim ng bestida mo. O kung ano ang *wala* sa ilalim ng bestida.” Ibinaon niya ang mukha sa buhok ng dalaga. “Baka hindi ako nakatagal sa buong hapunan.”

Pinaraan niya ang hintuturo sa palibot ng baywang ng panloob nito. Nang daklutin nito ang balikat niya at suminghap, hinuli niya ang bibig nito sa isang halik at pinadulas ang isang kamay pababa sa patag nitong tiyan, lampas sa garter at sinapo ang dalaga.

Hindi kapani-paniwala ang init doon. Marahang iginalaw niya ang kamay pagilid at sinunod nito ang tahimik niyang senyales, iginalaw ang mga hita para ibuka. Ah yes. Mas mabuti iyon. Pumaikot ang daliri niya sa kaselanan nito, dinama ang basa at init doon. Perfect.

Ramdam niya ang pagtanggap nito nang isilid niya ang isang daliri sa kaibuturan nito. Dinama niya ang pagsinghap nito sa kanyang bibig. Walang duda, handa na ito sa kanya, patunay ang basang kumalat

sa kamay niya, ngunit masyado itong maliit para sa kanya.

Sabay na naglimayon ang daliri niya at dila. Bihag niya ito, ang isang kamay ay mahigpit na nakakapit sa likod ng ulo nito at idinidiin ito sa bibig niya, at ang isa ay nasa pagitan ng mga hita nito. Hindi ito makakatakas gustuhin man nito.

Ayaw nitong tumakas, malinaw iyon. Mahigpit ang yakap ng mga braso nito sa leeg niya, nakasabunot sa buhok niya ang mga daliri. Dama niya ang pag-iinit ng balat nito sa kabila ng suot niyang kamiseta, habang kumikiskis ang hubad nitong mga dibdib sa kanya. Nang ianggulo niya ang bibig upang hagkan ito nang malalim pa, mas ibinuka nito ang bibig. Nagtama ang mga dila nila at naramdaman niya ang tila pagpiga sa daliri niyang nasa loob nito, kasunod niyon ang katugong galaw ng kanyang pagkalalaki. Sinubukan niyang igalaw ang daliri, at napadaing si Caitlin. Alam niyang malapit na nitong marating ang kasukdulan, at ganoon din siya.

Pero hindi rito. Hindi ganito.

Kapag nangyari iyon, dapat nasa ibabaw sila ng kama at nasa ibabaw siya nito.

Wala siyang pakialam sa mga posisyon, sa totoo

lang. Pero hindi ngayong si Caitlin ang kaniig niya. Hindi sa unang beses nila. Nais niyang nasa ilalim niya ito, nakakalat ang buhok sa unan habang inaangkin niya ito gamit ang buong bigat niya. Missionary position, ang tawag doon, ngunit napakalayo ng pakiramdam niya sa isang misyonaryo. Primitibo ang pagnanasa niya at nais niyang angkinin ito sa pinaka-basic na paraan—madiin, mabilis at dominante.

Ngunit ang gabing iyon ay bagay sa isang mabagal na pang-aakit. Patunay ang tumutugtog pa ring musika ng sax mula sa sala. Napakaganda ng babaeng nasa mga bisig niya, may bilog na buwan pa sa labas ng kanyang bahay. Ang musika, ang gabi, ang buwan, ang magandang babae... dapat ay mabagal niya itong minamahal, inaakit ito ng mga halik at haplos, bumubulong ng mga papuring salita.

Dapat lang na bumubulong siya ng mga salitang nagpapakita ng adorasyon dahil si Caitlin, hands down, ang pinakamagandang babaeng naikulong niya sa kanyang mga bisig. Wala siyang naging problema sa pagsi-sweet-talk sa ibang babae, bakit ngayon ay hindi niya mahanap ang tamang salita? Sumabog na yata ang lahat ng mga salita sa utak niya dahil sa init na sumasaklob sa kanya.

Alam ni Alex kung paano ito gawin. Alam niya

ang mga tamang kilos at batid ng Diyos na sapat ang praktis niya sa mga iyon. Alam niya kung paano maglalagay ng kaunting karomantikohan sa sandali. Ngunit lahat ng kumpiyansa at praktisadong mga galaw, lahat ng karunungan tungkol sa gusto ng mga babae ay simpleng natuyo mula sa isip niya, kasama ng dugo roon.

*Make an effort.* Hinila niya ang sarili mula sa mga labi nito, isang bagay na mahirap at sapat na dahilan para bigyan siya ng medal. “Napakaganda mo,” anas niya.

Kumurap si Caitlin at pagkatapos ay hinila siya sa mga tainga. “Halikan mo ’ko,” anito.

Okay. Hindi nito kailangan ng mga salita. Siya rin.

Sumulak ang pananabik sa kanyang mga ugat. Sa halip na maingat itong hubaran, hinila niya ang panloob nito na dahilan upang masira iyon at bumagsak sa bukung-bukong nito. Saka niya ito binuhat upang ilapag sa kama. Hindi rin siya naging banayad doon. Masyadong malakas din ang pagkakabagsak niya rito kung kaya tumalbog ito sa malambot na kutson.

Inilagay niya ang isang tuhod sa kama at yumuko upang tanggalin ang sapatos ng dalaga. Hinubad niya iyon mula sa malilinis na paa at balewalang inihagis



sa likuran niya, kasunod ng kapares niyon.

Kumikinang sa liwanag ng buwan ang maputi nitong balat. Nang ngumiti ito sa kanya at bumulong ng, “Alex,” nasira niya ang sarili niyang record pagdating sa pabilisan ng paghuhubad. Ipinagtatapon na lamang niya ang mga suot sa likuran niya, sa halip na maayos iyong tiklupin bago ipatong sa wooden butler katabi ng drawers, gaya ng ginagawa niya gabi-gabi.

Handa na niyang dambahin ang dalaga nang papisik-pisik na nabuhay ang dalawang natitirang neurons na natira sa ulo niya.

May mali sa eksenang ito. Pero ano?

Nakahubad na ito. Check. Wonderful.

Nakahubad na siya. Check. Great—no, *sandali!* Hindi siya dapat hubo’t hubad, dapat ay may matitira sa kanya na suot niya...

*Condom!*

Nanginginig ang mga kamay, inabot ni Alex ang mesa sa tabi ng kama kung saan niya itinatago ang mga condoms, noong mga panahong may sex life pa siya. Pinilas niya ang pakete pabukas, hinila ang latex ring palabas at inabot sa kasuyo. Nagpapawis ang mga kamay niya kaya hindi niya iyon magagawa nang siya

lang.

“Isuot mo sa akin.”

Mukhang nabigla ito pero bumangon na rin patayo. “Oh! Okay. Hindi ko pa ito nagawa noon, pero...”

Muntik na siyang umungol nang abutin ng maliit at malambot nitong kamay ang kanyang pagkalalaki at marahang hinila iyon upang mailagay ang condom doon. Naninindig iyon, at nag-aalala si Alex sa loob ng isang sandali na baka mabiyak ang alaga niya dahil sa pressure ng paghila ng dalaga mula sa tiyan niya.

Asiwa at nag-aalangang inilagay ni Caitlin ang latex ring sa kanya. Nang pabaligtad.

“No, no,” aniya.

“Ano?” Huminto ang mga kamay nito at tumingala sa kanya, nangingislap ang mga mata. “Ano’ng ibig mong sabihing ‘no’?”

“No, hindi ganyan,” udyok, “baligtarin mo.”

“Ano?” ulit ni Caitlin at napariin ang kamay.

Tumalbog ang condom mula sa kahandaan niya at lumipad patungo sa kabilang panig ng silid.

Di-makapaniwalang sinundan iyon ni Alex ng tingin hanggang sa mawala na sa dilim. Mabigat at

malakas ang tibok ng puso niya habang iniisip ang sakuna.

O Diyos ko, terrible ito! Nararamdaman niya si Caitlin, naaamoy, nahahawakan. Lahat ng pandama niya ay pawang mga nasa overload. Ang mga imahe ng dalaga na nakahiga, nakabuka ang mga hita, at kumikinang sa pagnanasang pumupuno rito. Ang tanging naiisip niya, dadambahin na niya ito at aangkinin—agad-agad!

Jesus, kung maglalagay na naman siya ng isa pang condom... ang ibig sabihin, yuyuko na naman siya, hihila ng isa mula sa drawer, bubuksan... maraming sandali! Baka abutin ng isang *minuto*! At wala na siyang isang minuto, handang-handa na siyang sumabog.

Nanginginig ang mga kamay na inabot muli ni Alex ang mesa sa gilid nila, umaasang kakayanin pa niyang magpigil hanggang sa suot na niya iyon. Noon niya narinig ang malambing nitong boses sa dilim.

“Nagpi-pills ako,” alok nito. “Nagkaroon ako ng konting problema sa health ko, at s’abi ng dok—”

Kung anuman ang sasabihin nito ay nalunod na sa bibig niya. At malamang wala na rin itong hininga para magpatuloy dahil mabilis na niyang napaghiwalay ang mga hita ng dalaga at inangkin ito.

Walang kontrol na nanginig ang katawan niya, at inilabas niyon ang kanyang pagnanasa sa kaibuturan ng dalaga, kumawala rin ang tindi ng karanasang iyon mula sa bawat maliliit na butas ng balat niya, at pati na sa mga mata niya.

Wala na siyang anumang kontrol sa katawan niya, sa mg nangyayari. Parang napasakay sa isang tren na walang preno. Bawat kalamnan niya ay tensyonado, banat, matigas. Ibinaon niya ang mga daliri ng paa sa kutson upang mas palalimin pa posisyon niya, kahit pa ramdam niya ang mahigpit na pagpiga ng katawan ni Caitlin sa kanya. Imposible nang mapalalim pa iyon bagaman pinipilit niya.

Ang smooth na si Alex, na alam ang lahat ng mga galaw, na ipinagmamalaki sa sarili na magaling siya sa kama—ay walang-wala nang pagpipigil.

Ni hindi na niya magawang gumalaw sa loob ng kaniig, dahil ang ibig niyong sabihin ay ilalabas niya nang kaunti ang sarili at tumatanggi roon ang pagkalalaki niya. Nais nitong manatili sa kinaroroonan, inilalabas ang mainit na ebidensya ng kanyang kaligayahan habang siya ay nangangaligkig.

Napakasidhi niyon na hindi iyon magtatagal. Sa wakas, kumalma si Alex nang kaunti at huminto sa tila minamartilyong pagtibok ang puso niya dahil sa

excitement... at bumalik sa normal na ritmo niyon kung katatapos lang niyang tumakbo ng limang milya.

Para siyang nakalutang sa kalawakan. Sa loob ng isang mahabang sandali, nalimutan ni Alex kung sino siya, ang buong ulirat niya ay nalipol, ang unahang bahagi ng kanyang utak ay natunaw habang pinakiki-ramdam niya ang sarili. Tila ngayon lang siyang naging buhay na buhay, at mabangis ang mga mensahe ng kagalakan na ipinararating sa kanya ng katawan niya.

Nakabaon ang mukha niya sa malambot na buhok na amoy mansanas na shampoo, ang mga labi ay kumikiskis sa di-kapani-paniwalang lambot ng balat nito sa sentido. Napakasarap ng amoy ng dalaga—parang sa prutas at candy at mga bulaklak—ang amoy ng isang kaibig-ibig na babae. Isang natatanging bango na dumerecho sa pinakaprimtibong bahagi ng kanyang utak.

Hindi pa nakakabawi ang paghinga niya. Hinihinal pa rin siya at hinangin niyon ang isang likaw ng buhok na nasa tapat ng kanyang mga labi. Bawat hinihinga niya ay nagdala sa dibdib niya palapit sa mabibilog na dibdib ng babae, ang naninigas na mga tuktok niyon ay tumutusok sa kanya. Maging ang mga daliri niya sa paa ay nagdiriwang, nakabaluktot ang mga iyon sa ilalim ng maliliit at pinong mga paa ng babae.

Ang kanyang pagkakalaki—ah, ito ang pinakamasaya sa lahat, habang nakabaon sa pinakamatamis, pinakabasang pagkababaeng nakamit nito.

Oo, he was one happy camper.

Hanggang sa bumalik ang dugo niya sa ulo at nagawa niyang pagtagiin ang mga kaisipan. Nang maging posible na iyon, nang magsimula nang magtrabaho muli ang kanyang utak, lumipad ang galak at senswal niyang katuwaan. Oras na para mag-imbentaryo—at hindi iyon mukhang maganda.

Pinagkakapitagan ni Alex ang sarili pagdating sa pagtrato nang maayos sa kanyang mga babae. Hindi siya long-term mate material at sinisiguro niyang alam iyon ng mga naka-date niya, pero hindi ibig sabihin niyon ay hindi niya tinrato ang mga ito nang maayos—kahit pa iyong mga haragan—basta kasama niya ang mga ito.

Si Caitlin ay isang tunay na *lady* mula sa tuktok ng ulo nito hanggang sa ilalim ng magaganda at maliliit nitong paa. Ngunit tinrato niya ito na parang isang mumurahing pokpok.

Hindi kasali sa pagtrato nang tama sa isang babae ang pagsungab dito na parang isa siyang asong ulol kapag mating season. Walang foreplay, walang

mabagal na pag-angkin, no sirree. Basta na lang niya itong inangkin gamit ang buong puwersa ng kanyang mga balakang. At maliit ang dalaga. Oo nga't di-maipagkakailang aroused ito, ngunit masyadong madiin at mabilis ang ginawa niyang pag-angkin dito na malamang ay nasaktan niya si Caitlin. *Jesus!* Medyo bumaligtad ang sikmura niya dahil sa naisip.

Mahigpit ang kapit niya sa puwitan nito na malamang ay mag-iwan siya ng mga marka sa pino nitong kutis. Nadaklot niya iyon sa pagtatangkang mas palalimin ang pag-angkin sa babae.

Puwes, mabuti pa ay alisin na niya ang mga daliri niya mula sa pagkakabaon sa malambot na laman ng dalaga. Baka iyon unang magandang hakbang para makabawi siya sa danyos na nagawa niya.

Nakangiwing ibinuka ni Alex ang mga kamay, ini-lapat ang mga iyon sa kutson at itinaas ang kanyang ulo, handa na para sa kahit ano.

Anuman ang sasabihin ng dalaga ay dapat lang sa kanya. Na kay Caitlin ang lahat ng karapatan sa mundo para magalit sa kanya at hindi siya kukurap kahit ano pang insulto ang ibato nito sa kanya. Kung gusto nitong sampalin siya, ni hindi niya iyon iiwasan. Gagawin niya ang kahit anong gusto ni Caitlin, ibibigay ang anumang kailangan ng dalaga, maliban sa isang

bagay.

Hindi siya lalayo rito—hindi niya kaya. Doon lang ang pagkalalaki niya sa kinaroroonan niyon, habang-buhay. Ni hindi pa nga nababawasan ang pagnanasa niya rito.

Iyon nga lang, mahihirapan siyang kumbisihin si Caitlin na bigyan siya ng isa pang pagkakataon, matapos ang pagbayo niya rito at pag-orgasm isang segundo matapos iyon. Isinasaayos niya ang mga salita at sinusubukang gumawa ng mga posibleng anggulo at alibi sa isip habang nakayuko sa babae.

Muntik nang huminto ang puso ni Alex sa nakita. Jesus, what a beauty. Hindi na niya mabilang kung ilang babae ang niyuko niya at tiningnan sa ganoong anggulo habang nakapailalim sa kanya, pero walang kasing-ganda ng kaharap niya ngayon. Ang liwanag mula sa bilog na buwan sa labas ng bintana ay nagbigay ng mapusyaw at di-makalupang kinang sa mukha nito, na tila isa itong perlas sa ilalim ng tubig, pinagkulay-pilak ang mapusyaw na asul nitong mga mata. Mas mukha itong sirena kaysa isang babaeng may laman at dugo.

Tahimik si Caitlin, simpleng nakatingin lang sa mukha niya na ngayon ay isang dali na lamang ang layo mula rito. Imposibleng mahulaan kung ano iniisip



nito. Hindi ito ngumingiti ngunit hindi rin sumisimangot habang nakatitig sa mga mata niya.

“Caitlin,” bulong ni Alex, umaasang hahayaan siya nitong magpaliwanag, na malaman nito kung gaano siya nagsisisi sa nagawa niya rito bago siya nito sigawan at kagatin. Kailangan niyang sabihin dito na—?

“Oh, God,” anas ni Caitlin at pagkatapos ay binanggit ang pangalan niya sa mababang bulong na nagpatayo sa balahibo sa batok niya. “Alex. Alex.” Umarko ang likod nito at tumaas ang balakang, ikinikiskis sa kanya, namumungay ang mga mata. Pagkatapos, naramdaman niya ang paghigpit ng kalamnan nito sa pagkalalaki niya sa maiiksi at maindayog na pagsambulat, gaya ng isang maliit na vise na gawa sa malambot na tela, at halos huminto ang puso ni Alex.

She was coming.

She was *coming*! Humigpit ang yakap ng mga hita at braso nito sa kanya, pinupuno ng mabangong amoy ng balat nito ang kanyang pang-amoy at malalambot at maiinit na balat kahit saan niya ito haplusin. F\*ck, it was unbearably intense, habang dinadama ang pagpisil nito sa palibot kanya, kinakatas ang huling patak ng kanyang pagnanasa. Ibinaba niya ang ulo hanggang sa magdikit ang mga noo nila, ramdam ang matatalim na pagkakaiba ng kasarian nito sa buo niyang katawan.

Parang kapareho rin ng tiyempo niyon ang tibok ng kanyang puso.

Nakapikit na muling ibinuntong-hininga ni Caitlin ang pangalan niya, at tumama ang mabango nitong hininga sa mukha niya.

Lumambot ang mukha nito, parang nangangarap ang ekspresyon, na tila nagbabasa ito ng tula sa isang lawa, sa halip na nasa ilalim niya at nag-o-orgasm.

Ibinaon niya ang mukha sa buhok nito.

---

“Okay ka lang ba?” Nasa tapat ng kanyang tainga ang malalim na boses ni Alex, sobrang lapit na nanginig siya dahil sa hininga nito.

Okay nga ba siya? Nag-imbentaryo ang isip ni Caitlin, pinakislót-kislót niya ang mga daliri sa kamay at paa. Imposibleng maigalaw niya ang ibang bahagi dahil nakadagan sa kanya ang binata at isang tonelada ang bigat nito.

Kinailangan niyang sadyaing paalsahin ang mga baga para makahinga at naramdaman niya ang paglagutok ng mga kasukasuan niya dahil sa bigat.

“Peachy,” hingal niya.

Gayunpaman, masarap ang pakiramdam nito sa ibabaw niya. Halos hindi magawang ipalibot ang mga braso sa malalapad na balikat nito. Kahit sa ilalim ng nakakabagot nitong mga damit-pantrabaho, malinaw na matikas si Alex Cruz, ngunit hindi niya nasapantaha ang ganitong mga muscles. Libu-libo ng mga iyon, malalalim, sing-tigas ng bakal, natatakpan ng milya-milya ng pinakakalugud-lugod na kulay golden brown na balat na nakita niya.

“I want to go down on you,” anunsyo ng malalim na boses ng binata sa tainga niya, at nakalog ang buong sistema niya sa ideya niyon. Diyos na mahabagin, kakayanin ba niya iyon? Halos huminto ang puso niya kanina sa puwersa ng kanyang orgasm. At halos wala itong ginawa. Wala talaga. Basta... nasa loob lang niya ito. Sapat na iyon upang itulak siya sa patungo sa pinakamakapangyarihang orgasm na nakamit niya.

“Maganda ’yun.” Ginawa ni Caitlin ang makakaya upang humila ng hangin at punuin niyon ang baga, itinulak ang bigat nito mula sa kanya. “Gusto ko ’yun.”

Maaaring hindi niya iyon *malagpasan*, pero sigurado siyang gusto niya iyon.

“Sandali lang,” anito, mabagal ang labas ng mga salita. “I’m on it.”

Mukha nga; he was *on* her, actually. And *in* her, too. Matigas pa rin.

Bumagal ang paghinga ni Alex, nililipad ng mabibigat nitong paghinga ang buhok niya. Isang hibla ang kumikiliti sa pisngi niya pero hindi niya sinubukang palisin iyon. Hindi niya sinubukang gumalaw.

Kamangha-mangha talaga itong nangyari, at gusto niyang itago iyon sa kanyang alaala. Ang pakiramdam ng malabakal nitong kalamnan sa ilalim ng mga palad niya, ang makapal na buhok sa dibdib nito na kumikiliti sa mga dibdib niya at tiyan. Ang pakiramdam nito sa loob niya.

“Bigyan mo lang ako ng isang segundo.” Malabo na ang boses ng binata, parang nakadroga.

“Take your time,” mahinang sagot ni Caitlin, pina-araan ang mga daliri sa makapal na buhok ng kasuyo.

Umingit ito.

Lalo itong bumigat sa ibabaw niya at nagpakawala ang lalaki ng isang mahinang ungol. Isang sandali pagkatapos, may mahinang tunog na siyang naririnig.

Naghihilik na si Alex.

Napangisi si Caitlin sa kisame, inarko ang likod upang makasagap ng kaunting oxygen para sa mga

*A Fine Specimen - Lisa Marie Rice*

---

baga niya at iginalaw ang ulo hanggang sa masalubong ng mga labi niya ang malaki nitong bicep.

Sa loob ng isang minuto, mabilis din siyang nakatulog.